But these persistent crises, this same monstrous imperialist system—fueling exploitation and oppression—engenders revolutionary resistance led by the proletariat. The inherent contradictions within capitalist and monopoly capitalist systems (social character of production against the private ownership of the means of production) create conditions and opportunities for workers and other marginalized groups to rise against the status quo. The worsening conditions of exploitation and oppression not only make the armed revolution just and necessary but urgent. Painstaking efforts must be made to recover hard-fought democratic rights and trade unions destroyed by state fascism, neoliberalism, and local reaction.

CNL as an allied member organization of the National Democratic Front of the Philippines, conducts and supports all efforts to bring church people and other middle forces to embrace the cause of the proletariat and their historic mission of defeating capitalism and building socialism.

CNL contributes to strengthening the worker-peasant alliance by influencing the petty bourgeoisie and national bourgeoisie to form a

strategic alliance in the revolutionary united front. Members champion workers' rights and promote political work within reactionary institutions. Members stand against US imperialist warmongering and militarization advocate for the lives of the Filipino people, and organize in support of the liberation struggle. Members stand against China's aggression in the West Philippine Sea.

In the words of the great proletarian revolutionary leader Prof. Jose Maria Sison, "In the continuing era of modern imperialism and proletarian revolution, the role of the proletariat is to turn imperialist wars to revolutionary civil wars and build socialism cannot be underestimated and should be upheld and carried out by the broad masses of the exploited and oppressed peoples. The upsurge of anti-imperialist and democratic mass struggles and the perseverance in people's wars for national and social liberation are the prelude to the resurgence of the world proletarian-socialist revolution. In this decade and the next decade, the proletariat and its revolutionary forces must work and fight for this resurgence."

As we reflect on International Labor Day, the revolutionary determination of the Filipino working class remains strong. Fight until total victory!

Long live the Communist Party of the Philippines-New People's Army! Long live the National Democratic Front of the Philippines! Long live the Christians for National Liberation! Long live the

National Democratic Revolution with Socialist Perspective! Long live the proletariat and the workers movement!

Manggagawang Pilipino, isadiwa ang Pandaigdigang Araw Ng Paggawa! Pamunuan ang pakikibaka ng bayan para sa pambansang demokrasya na may sosyalistang perspektiba!

Mayo 1, 2024

**Fortunato Magtanggol, Spokesperson
Revolutionary Council of Trade Unions-
Southern Tagalog**

Taas-kamao at rebolusyonaryong pagbati ang ipinaaabot ng Revolutionary Council of Trade Unions-ST (RCTU-NDFP-ST), sa lahat ng uring manggagawa sa daigdig para sa pagdiriwang ng Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

Taong 1856, sinimulan ng mga manggagawa sa bansang Australia na sinundan ng mga manggagawang Amerikano noong 1886 ang taunang pagkilos sa Mayo Uno para sa panawagan na walong oras na trabaho. Marahas na binuwag ng mga pulis ang mga nakatipong manggagawa sa Haymarket Square, Chicago, US.

Noong 1889, idineklara ng Kongreso ng Unang Internasyunal ang Mayo Uno bilang Pandaigdigang Araw ng Paggawa upang gunitain ang marahas na pagbuwag sa pagkilos ng manggagawa sa Haymarket Square, Chicago. Mula noon, naging napakahalagang araw ang

Mayo Uno para sa mga manggagawa sa buong daigdig na ginugunita taun-taon sa pamamagitan ng malalaking kilos-protesta at parada ng iba't ibang unyon sa paggawa kasama ang larawan ng mga dakilang komunistang gurong sina Karl Marx, Friedrich Engels, Vladimir Lenin, Joseph Stalin at Mao Zedong.

Sa Pilipinas, inilunsad ang kauna-unahang pagkilos sa Mayo Uno noong 1903 sa pangunguna ng Union Obrera Democratica (UOD) na dinaluhan ng mahigit 100,000 manggagawa. Bitbit na panawagan ng mga manggagawang Pilipino ang makataong kondisyon sa paggawa, at ang islogang "Kamatayan sa Imperyalismong Amerikano!"

Sa kasalukuyan, nasasaksihan at nararanasan sa buong mundo ang tuluy-tuloy na pagbulusok at pagkabulok ng sistemang kapitalista. Lalong sumasahol ang krisis ng labis na produksyon dahil sa walang kapantay na pagkaganid sa dambuhalang tubo ng mga kapitalista. Sa kabilang dulo, lalong nababaon sa kahirapan, matinding pagsasamantala at pang-aapi ang uring manggagawa, at iba pang inaaping uri. Sinasalanta ang mga ito ng walang awat na pagsirit ng presyo ng mga bilihin at kawalan ng maayos na serbisyong panlipunan habang pigang-piga ang lakas paggawa ng mga manggagawa kapalit ang gamumong sahod.

Bunga ng krisis sa sistemang kapitalista, tumitindi ang kontradiksiyon na posibleng muling humantong sa pagsiklab ng mas mapangwasak na inter-imperyalistang digmaan na pinangungunahan ng imperyalistang US. Walang

pakundangan itong nang-uupat ng gera laban sa Tsina sa mga bansang nasa Asya Pasipiko tulad ng Taiwan at Pilipinas, sa kabila ng inaaning malawak na protesta at paglaban ng mamamayan sa ibat-ibang panig ng mundo sa henosidyong proxy war ng Israel-Gaza at Ukraine-Russia.

Sa Pilipinas, ibayong nagpapakatuta ang rehimeng Marcos II sa imperyalistang US at hinahayaang isubo sa imperyalistang gera ang bansa na taliwas sa panawagan at interes ng mamamayan na lutasin ang sigalot sa WPS sa mapayapang paraan. Sa nilulutong imperyalistang gera walang ibang makikinabang kundi ang among imperyalistang US, at tanging kapinsalaan lamang sa sambayanang Pilipino. Gamit ang pondo at rekurso ng bayan, ibinukas nang todo ng rehimen ang bansa para gawing base militar ng US sa Asya Pasipiko. Pinapasok sa mga kampo-militar ang libu-libong sundalong Kano, ginawang imbakan ng mga kagamitang pandigma at lunsaran ng mga wargames at hinayaang galugarin ang teritoryo ng bansa. Nito lamang Abril 22, sinimulan na ang balikatan exercises na pinakamalaki sa kasaysayan. Lahat ng ito ay pang-uupat sa Tsina para unang bumunot ng baril ang huli, pasiklabin ang gera, bigyan katwiran ang panghihimasok ng US sa tabing ng “tulong-depensa” alinsunod sa Mutual Defense Treaty.

Habang todo sa pang-uupat ng gera ang US, lalo naman nagiging agresibo ang Tsina sa pangangamkam sa WPS. Patuloy itong nagtatayo ng mga artipisyal na istruktura, pinarami ang mga sasakyang pandagat at binobomba ng tubig ang

mga pwersang Pilipino at mangingisda upang itaboy sa sariling katubigan ng Pilipinas. Parehong naglalaway na madambong ang mga likas na yaman sa WPS ang imperyalistang US at Tsina.

Sagad sa kabulukan ang dalawang taong panunungkulan ng ilehitimong rehimeng Marcos II. Mula maupo sa pwesto, higit nitong pinatindi at pinalala ang malakolonyal at malapyudal na katangian ng bansa. Masugid nitong itinataguyod ang mga neoliberal na patakaran at lalo pang ibinuyangyang sa dayuhan ang ekonomiya ng bansa upang kitilan ng kabuhayan ang mga manggagawa at alisan ng karapatan na makapamuhay ng disente at may dangal. Sobrang paghihikahos ang pamumuhay ng mga manggagawa dulot ng kawalan ng kaseguruhan sa trabaho, lumolobong dis-empleyo, at pagkapako sa mababang pasahod na sinabayan ng walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga bilingin.

Nanganganib din na mawalan ng hanapbuhay ang mga tsuper, at maliit na opereytor dahil sa pekeng PUV modernization program. Mas pinaboran din ng rehimen na papasukin ang mga dayuhang minahan at agri-korporasyon na kumakamkam sa mga lupain, at sumisira sa kabundukan habang teyngang kawali sa daing ng mga magsasaka para sa tunay na reporma sa lupa. Mas lalo pang nalantad ang kainutilan ng rehimen dahil sa kawalan ng anumang naging pagtugon para ayudahan at asistehan ang mga naluluging magsasaka dahil sa malalang epekto ng El Niño.

Sa kabila nito, patuloy na iniraratsada ang charter change na nagpapakita ng lubos na katapatan ng

rehimeng Marcos II sa amo nitong imperyalistang US, at mga dayuhang kapitalista. Sa tabing ng economic chacha, ikinukubli pa ng rehimen ang ambisyon nitong palawigin ang kanyang termino habang papasukin ang mga dayuhang mamumuhunan sa mga estratehikong industriya ng walang taning.

Malinaw ang kinakatawang interes ng rehimeng Marcos II na maka-imperyalista, makadayuhan, anti-manggagawa at anti-mamamayan sa kaibuturan. Bihisan man ang pagbabalat-kayo ay lalo lamang nalalantad ang pagiging sagad-sagaring tuta ng Imperyalismong US. Wala sa prayoridad ng rehimen ang kapakanan ng bayan at mamamayang Pilipino.

Sa ganitong kalagayan, dapat na paramihin at palakasin ang rebolusyonaryong unyon ng manggagawa upang pangunahang buklurin ang malawak na pagkakaisa ng uring manggagawa at mamamayan. Ipagtanggol ang pambansang soberanya, at kaligtasan ng mamamayang Pilipino laban sa nakaambang sakunang idudulot ng pagiging sunod-sunuran ng rehimeng US-Marcos II sa US sa pagsusubo nito sa bansa sa gera.

Dapat na palakasin ang panawagan na buwagin ang mga base militar ng US, at ipawalambisa ang mga tagibang na kasunduang militar na nag-uumang sa bansa sa mga gerang kinasasangkutan ng US. Mariing ilantad ang pagwawaldas ng pondo ng bayan sa Balikatan Exercises na naghahasik ng terorismo sa bansa. Palakasin ang panawagan na ilaan ang pondo at rekurso ng

bayang sa kapakinabangan ng mamamayang Pilipino.

Dapat na ilinaw sa sambayanang Pilipino na alinman sa imperyalistang US at Tsina ay walang dapat panigan ang mamamayang Pilipino sapagkat pareho silang imperyalista na yumuyurak sa soberanya ng bansa.

Dapat na igiit ng mamamayang Pilipino ang karapatan ng Pilipinas at mga mangingisdang Pilipino sa WPS, lansagin ang mga pasilidad militar ng China at wakasan ang pandarambong nito sa mga rekurso at yamang karagatan ng bansa.

Dapat na itakwil ng mamamayang Pilipino ang pangkating Marcos-Duterte na kapwa sagagsaring tuta ng dayuhan na harap-harapang isinuko ang soberanya at kasarinlan ng bansa sa mga imperyalistang amo. Pareho silang inutil, korap, pahirap at pasista, at kapwa ganid sa kapangyarihan.

Dapat pangunahan ng uring manggagawa at masang anakpawis na hamigin ang malawak na suporta ng mamamayan para sa mga pang-ekonomikong pakikibaka tulad ng tunay na reporma sa lupa, nakabubuhay na sahod, pagwawakas sa kontraktwalisasyon, paglaban sa mga neoliberal na patakaran at mga mapandambong at mapanirang mga proyekto na pumapatay sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan. Dapat na palakasin ang anti-pasistang pakikibaka upang ilantad ang terorismo ng estado, paglabag sa mga karapatang-tao at

internasyunal na makataong batas at iugnay ang mga pakikibakang ito sa tulak ng agresibong neoliberalismo.

Dapat na palakasin ang panawagan na seryosohing tupdin ng GRP ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayaan.

Dapat na tipunin ang malawak na suporta para sa digmang bayan at demokratikong rebolusyong bayan. Dapat na muling palakasin ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng pagrerekrut mula sa mga manggagawa, mala-manggagawa at maralitang lungsod.

Dapat na patampukin sa masang manggagawa at mamamayan ang kawastuhan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon bayan na nasa pamumuno ng uring manggagawa upang ibagsak ang Imperyalismo, Pyudalismo at Burukrata Kapitalismo para sa pagkakamit ng tunay na kalayaan, demokrasya at ganap na kasaganaan na may sosyalistang hinaharap.

Mabuhay ang uring manggagawa! Mabuhay ang sambayanang Pilipino! Mabuhay ang RCTU-NDFP! Mabuhay ang CPP-NPA-NDFP!

**Muling palakasin ang
Rebolusyonaryong Kilusan ng mga
Manggagawa! Isulong ang pakikibaka
para sa umento sa sahod, karapatan
sa pag-uunyon, katiyakan sa trabaho,
at karapatang pantao! Wakasan ang
paghahari ng imperyalismo, burukrata-
kapitalismo, at pyudalismo!**

Mayo 1, 2024

Revolutionary Council of Trade Unions (RCTU)

Pinagpupugayan at inaalala natin ngayong araw ang lahat ng mga rebolusyonaryong organisador, lider, at manggagawa para sa kanilang inialay na dugo at pawis sa mahigit isang siglong pakikibaka laban sa kapitalismo at ang mapang-aliping sistemang sahurang. Itinatanghal natin ngayong araw ang maningning at militanteng pakikibaka ng uring manggagawa sa buong daigdig para sa ating mga demokratikong karapatan at para sa ganap na pagpapalaya hindi lang ng sarili, pero ng lahat nang uring-api!

Maikling Kasaysayan ng Pagdiriwang ng Mayo Uno

Sa araw na ito, higit isangdaang taon na ang nakalipas, unang ipinakita ng uring manggagawa ang lakas ng sama-samang pagkilos upang ipaglaban ang walong oras na arawang paggawa. Mahigit 350,000 manggagawa ang lumahok sa inilunsad na pangkalahatang welga sa iba't ibang

siyudad sa Estados Unidos. Sa kabila ng makatuwirang panawagan ng mga manggagawa, tinapatan ito ng pandarahas ng estado. May 3, 1886, pinaputukan ng kapulisan ang mga welgista sa McCormick Harvesting Machine Company sa Chicago na noon ay sentro ng industriya at kilusang paggawa sa Estados Unidos. Dalawa ang namatay habang marami ang sugatan sa insidenteng ito. Ang karahasang ito ay nag-udyok lamang ng mas malalaking protesta at paglaban sa hanay ng mga manggagawa at ng mamamayang sumusuporta sa pakikibaka ng uring api.

Sa kongreso ng Ikalawang Internasyunal noong 1889, itinakda ang Mayo Uno bilang Pandaigdigang Araw ng mga Manggagawa.

Lumaganap ang pagdiriwang ng Mayo Uno sa buong daigdig sa porma ng mga taunang protesta ng uring manggagawa dala ang ating mga panawagan para sa sahod, mga benepisyo, karapatan sa paggawa, karapatan sa pag-uunyon, at laban sa kabuuang makauring pang-aalipin ng sistemang kapital. Kasabay ng paglaganap ng pagdiriwang ng Mayo Uno ay ang paglaganap din ng mga babasahing Marxista na ibayong nagpatibay sa kilusang paggawa.

Sa Pilipinas, noong 1850s pa lang ay maitatayo na ang mga kapatiran ng mga manggagawa. Ang kauna-unahang pagkilos ng mga manggagawa ay matatala noong 1872 sa San Fernando, Pampanga, na pinangunahan ng Gremios de Impresores. Dala nila ang panawagan laban sa abuso ng kanilang superbisor na Kastila, mas maayos na kalagayan sa paggawa, at mas mataas

na sahod. Kasabay ng lumalaganap na mga pag-aalsang pesante noong panahon ng Espanyol sa bansa, nagsimula na rin sa bubot na porma ang kilusang paggawa sa Pilipinas. Uunlad ang mga samahan ng manggagawa tungo sa pagiging mga unyon sa impluwensya ng mga kaganapan sa Europa at Amerika, paglaganap ng Marxismo at iba pang sosyalistang sulatin, at ang pagdadala ng mga ito sa Pilipinas sa pamamagitan ni Isabelo de los Reyes, isang ilustrado.

Maitatayo ang kauna-unahang unyon noong 1901, ang Union Impresores de Filipinas (UIF), sa pamumuno ng mga beterano ng rebolusyong 1896 at impluwensya ng mga ideyang Marxista na dinala ni de los Reyes. Sa sumunod na taon, naitayo ang Union Obrero Democratico (UOD), ang unang pederasyon ng mga unyon ng manggagawa.

Unang ginunita ang Mayo Uno sa Pilipinas noong 1903 sa pangunguna ng UOD. Nagmartsa mula Plaza Moriones sa Tondo patungong Malakanyang ang mga manggagawa upang igiit ang pambansang kalayaan sa ilalim ng panawagang, "Ibagsak ang Imperyalismong US!"

Sa kasalukuyan, hilahod ang milyun-milyong manggagawa sa ating bansa dahil sa patuloy na pang-aapi at pagsasamantala ng imperyalismo, burukrata-kapitalismo, at pyudalismo. Sa harap ng pananamantala ng monopolyong burgesya at pagbawi nito sa mga makasaysayang tagumpay ng uring manggagawa, hindi tayo kailanman susuko sa masikhay at matiyagang pagkilos para sa rebolusyonaryong adhikain ng ating uri at ng

mamamayang Pilipino. Nagdudumilat sa ating harapan ang mga dahilan upang mahigpit na panghawakan ang katumpakan at tagumpay ng ating rebolusyonaryong pakikibaka.

Kalagayang ng mga manggagawa

Nasa yugto ng pagpapanibagong-lakas ang pandaigdigang proletaryong rebolusyon. Malawakang binawi ng monopolyong burgesy sa pamamagitan ng mga patakarang neoliberal ang mga tagumpay ng mga pakikibakang manggagawa. Labis na binarat ang sahod, binawi ang mga benepisyong at serbisyong panlipunan, pinahaba ang walong oras na paggawa sa tabing ng pleksibleng oras ng paggawa, binuwag at pinahina ang mga unyon, welga at mga karapatang unyon kasabay ng pagpapalaganap ng masahol na kontraktwalisasyon at kawalan ng katiyakan sa paggawa.

Nananalasa ang monopolyong kapital kapwa sa industriyalisadong bayan at mga atrasadong bayan katulad ng Pilipinas. Nais na patuloy na pabilisin ng mga kapitalista ang oras ng produksyon at dominahin ang merkado ng mga labis-labis na mga produkto, kahit pa wala nang kakayanan ang publikong ikonsumo ang mga ito sanhi na patuloy na pagbaba ng halaga ng sahod. Dahil sa tumitinding krisis ng labis na produksyon, sumasahol ang paghawak ng mga imperyalista at kapitalistang bayan sa mga kolonya at neokolonya nito, kagaya ng Pilipinas, upang maging imbakan ng mga labis na produkto at kapital. Binabansot ang ating sariling pambansang industriya, ibinebenta ang lakas paggawa ng mamamayang

Pilipino sa napakamurang halaga, at inaalis ang mga demokratikong karapatan ng mga manggagawa.

Sa kabila ng pagsambit ng mabubulaklak na salita, hindi mapagtakpan ni Marcos Jr. ang pagpapakatuta sa imperyalismong US at dayuhang kapital, malalaking burukrata-kapitalista at panginoong maylupa. Sa likod ng kanyang sinasabing proteksyon ng manggagawa, wala naman itong ibinibigay na puwang para sa nakabubuhay na sahod, karapatang mag-organisa at mag-union, at katiyakan sa trabaho. Sa halip, pagbuyangyang sa lokal na ekonomiya ang ginawa ng rehimen upang pasasaan sa dayuhang kapital at lokal na naghaharing-uri ang Pilipinas. Ang katotohanan, karimarimarim ang kinabukasang naghihintay sa manggagawang Pilipino sa ilalim ng rehimens ng US-Marcos II.

Sa pagpopostura ni Marcos Jr. bilang makamanggagawa, naglabas ito ng direktibang i-rebyu ang halaga ng regional minimum wage kaugnay ng epekto ng implasyon. Walang manggagawang maloloko si Marcos Jr sa kanyang mga buladas. Simula't sapol ang panawagan ng mga manggagawa ay pagbuwag sa mga regional wage boards na simbolo ng lalong pambabarat ng sahod sa labas ng NCR sa kabila ng hindi nag-iibang presyo ng mga bilinghin at mas masahol na kalagayan ng serbisyong sosyal sa kanayunan. Sa kasalukuyan, Php 610 ang minimum wage sa NCR, habang Php 361 ang minimum wage sa BARMM na naitala bilang pinakamababa. Lalo pang hinila pababa ang sahod sa pagpapatupad ng two-tiered

wage system at ginawang kompetisyon ang pagtaas ng sahod batay sa produktibidad ng mga manggagawa.

Sa dalawang taon ni Marcos Jr sa pwesto, nasa abereyds ng ₱43-₱44 lang ang itinaas ng sahod sa buong bansa. Sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga bilingin, ang totoong halaga o real value ng sahod ng manggagawa ay patuloy lang na bumababa. Ang kasalukuyang Php 610 na minimum wage sa NCR, halimbawa, ay may totoong halaga lang na Php 502 pesos. Sa mismong datos ng gobyerno, ang sahod ng manggagawa ay mas mababa pa sa poverty threshold ng bansa, o iyong pamantayan para masabing hikahos ang iyong pamumuhay.

Nananatiling tikom ang bibig ng rehimeng ito sa pagtataas nang sahod ng manggagawa tungo sa totoong nakabubuhay na sahod sa halagang ₱1200 at pagpapatupad ng pambansang minimum wage. Kung tutuusin, napakaliit ng halagang ₱1200 kumpara sa limpak-limpak na yamang nililikha ng mga manggagawang Pilipino.

Ipinapasa ng malalaking kapitalista sa manggagawa ang epekto ng implasyon, sa hangarin nitong palakihin pa ang supertubo. Patuloy ang paghuthot sa labis na halagang nililikha ng mga manggagawa sa pamamagitan ng puwersahang pagpapataas sa produktibidad ng bawat manggagawa, pagtatakda ng labis na mataas na kota sa produksyon, pagpapahaba ng oras ng trabaho gamit ang mga pleksibleng work arrangement, on-call basis, kontraktwalisasyon, at pag-aalis ng proteksyon at benepisyo sa paggawa.

Ang kasakiman ng mga kapitalista ang siya ring lumilikha ng sarili nitong krisis na ibayong nagpapalala sa kabulukan ng sistemang ito. Hindi na lang ito nasasapatan sa pambabarat ng sahod at todo-todong pagpiga sa lakas-paggawa ng mga manggagawa, nais pa nitong lubusang paliitin ang bilang ng mga manggagawang kailangan nyang bayaran sa pamamagitan ng pag-uunahan sa mga pinaka abanteng teknolohiya, lalo na iyong tinatawag na “Artificial Intelligence.” Gumagamit ito ng iba’t ibang iskema para malawakang magtanggalan sa pagawaan. Nariyan ang sapilitang pagpapaliban (forced leave), floating status, furlough, at sapilitang pagpaparetiro.

Anumang salamangka at estadistika ang gamitin, malawakan ang disempleyo at kawalan ng trabaho, barat ang sahod, at patuloy ang pag-atake sa karapatang mag-union ng mga manggagawa lalo na sa mukha ng kontraktwalisasyon at impormal na paggawa. Kung anong kupad ng rehimeng ito na ipag-utos ang pagtataas ng sahod ng manggagawa at paggalang sa karapatan ng mga manggagawa, siya namang bilis nito na alisan ng buwis ang mga malalaking negosyo, ipadambong ang mas maraming lupain sa mga malalaki at multinasyunal na mga korporasyon, at ibukas ang bansa sa pamumuhunan ng mga dayuhang kapitalista kapalit ang sariling pambansang industriyalisasyon at integridad ng manggagawang Pilipino.

Ang ilang dekadang liberalisasyon sa dayuhang pamumuhunan, ang pribatisasyon ng mga

pangunahing serbisyong sosyal, ang deregulasyon at denasyunalisasyon ng mga pangunahing industriya ay walang magandang idinulot sa kalagayan ng manggagawang Pilipino. Kaya ang pagtutulak ng rehimeng Marcos Jr para sa charter change upang tuluyang ipamigay ang ekonomiya ng bansa sa imperyalistang US at iba pang dayuhang mamumuhunan, ay lalong magpapasidhi sa busabos nang kalagayan ng mga manggagawa at ng iba pang uring-api.

Sa harap ng makatuwirang pakikibaka para sa sahod, trabaho, at demokratikong karapatan ng uring manggagawa, tinatapatan ito ng estado ng mas masahol na pagsupil at pag-atake. Pinakikilos ng rehimeng US-Marcos Jr ang buong reaksyunaryong makinarya sa pangunguna ng armadong pwersa upang ipalaganap ang takot sa mamamayang nakikibaka. Sa pamamagitan ng Terror Law ng rehimen, ginagawang terorismo ang unyonismo at terorista ang mamamayang nakikibaka upang ilayo sa landas ng rebolusyonaryong pagbabago ang mga manggagawa at iba pang mammayan. Sa nakaraang walong taon, 72 ang naitalang kaso ng karumal-dumal na pag-atake, pagdukot, at pagpaslang sa mga organisador at lider-manggagawa sa iba't ibang panig ng bansa.

Sa harap ng lalong pagkabulok ng imperyalismo, tumitindi rin ang girian ng mga imperyalistang bayan para sa konsentrasyon ng kapital at hegemonya sa politika at militar lalo na sa mga kolonya at neokolonya. Ang umiigting na girian ng US at Tsina para sa dominasyon sa rehiyong Asya-

Pasipiko, at sa partikular, sa Pilipinas, ay nagbabadya ng higit pang pagpapahirap at naglalagay sa mas alanganing pusisyon sa manggagawa at mamamayang Pilipino. Sa napipintong pagputok ng imperyalistang digmaan, dapat nating buklurin ang pagkakaisa ng buong uri at ng lahat ng mamamayang Pilipino para tutulan ang paggamit ng imperyalistang US sa ating katubigan, kalupaan, at demokratikong interes sa tunay na kalayaan at soberanya para sa kanyang makasariling interes. Wala sa interes natin ang digmaan ng mga imperyalistang bayan, ang interes natin ay ang paggapi sa imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo sa pamamagitan ng pagsusulong demokratikong rebolusyong bayan!

Sa kabila ng nagpapatuloy at papatinding pang-aapi at pagsasamantala, tanganan natin ang mga aral mula sa mahabang kasaysayan ng tagumpay at pakikibaka ng kilusang proletaryado sa bansa at sa buong daigdig. Simula noong 1880s, sa pagsisimula ng pagdiriwang ng Mayo Uno, malinaw na ang pinaka epektibong sandata ng kilusang manggagawa ay ang teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang pagsusulong ng armadong rebolusyon at pagwasak sa lahat ng mga makinarya ng burgesya, at ang tunay na partidong nagdadala at nagsusulong ng makauring interes ng proletaryado laban sa kapitalismo, ang Partido Komunista!

Ang ating mga tungkulin

Ang ganap na paglaya ng uring manggagawa ay magagawa kakabit ng pagpapalaya sa lahat pa ng

uring pinagsasamantalahan ng monopolyong kapitalismo. Sa ganitong diwa, malaki at pangunahin ang ginagampanang papel ng uring proletaryado para isulong ang rebolusyon. Para magampanan ang makauring papel na ito, kailangang pagsikapan ng mga rebolusyonaryong pwersa, lahat ng kasapi ng RCTU, ang pagmumulat, pag-oorganisa, at pagpapakilos sa manggagawa sa kanilang makauring interes.

Simula't sapul, ang nagkakaisang interes ng mga manggagawa para sa pagpapataas ng sahod, pagpapababa ng presyo ng bilihin, maayos at ligtas na kalagayan sa paggawa, karapatang mag-union, katiyakan sa trabaho, at iba pang demokratikong kahilingan ang unang hakbang sa pagbubuklod ng kanilang lakas. Sa kasalukuyan, dapat nating patibayin ang kaisahan sa ating hanay na isulong ang pambansang minimum na sahod na kasinghalaga ng kasalukuyang nakabubuhay na sahod para sa isang pamilya; labanan ang lahat ng porma ng pananamantala, panggugulang, at pag-atake ng pinagsanib na pwersa ng estado at mga kapitalista.

Ang tungkulin natin bilang rebolusyonaryong bag-as ay magsisimula sa tungkulin nating palalimin ang pagsipat at pagsisiyasat sa kalagayan ng ating uri. Pangunahan natin ang pakikipag-usap at pakikipagtalakayan sa ating mga kasamahan sa trabaho, tahanan, at mga inuuwiyang komunidad hanggang pinahihintulutan ito ng panahon at pagkakataon. Abutin natin ang pinakamalawak na bilang ng mga manggagawa, anyonisado man o hindi, o nakapaloob man sa mga dilawang union.

Buuin natin ang karanasan sa loob ng ating mga pagawaan, buuin ang mga demanda, at walang pag-aatubiling pamunuan ang mga lokal na pakikibakang masa sa loob ng mga pagawaan. Ang paparami at papalawak na mga naikakasang lokal na mga pakikibaka ang tuntungan sa pagpapasiklab muli ng kilusang welga.

Sa pagpapasigla ng pakikibakang manggagawa, magiging matabang lupa ito upang organisahin at palakasin ang kilusang unyon. Dahil sa mahabang panahon ng pag-atake sa karapatang mag-union ng mga manggagawa, nangangailangang puspusang ipakilala at imulat ang masang manggagawa sa totoong esensya ng unyon. Isulong at pasiglahin muli natin ang hanay ng mga tunay, makabayan, at progresibong unyon!

Kasabay ng pagpapakahusay sa pamumuno at pagsusulong ng mga pang-ekonomiyang pakikibaka, dapat ihakbang kasabay ang pagmumulat sa masang manggagawa sa makauring ugat ng ating pakikibaka. Kailangang itaas ang pampulitikang kamulatan ng masang manggagawa, makilala ang kanyang totoong kalaban, pataasin ang kanyang militansya sa pukpukang pakikibaka para wakasan ang mapang-aliping sistemang sahurang, at upang mahusay na magampanan ang kanyang makauring pamumuno sa pagsusulong ng komunistang bukas. Ang katatagan ng makauring panindigan at pampulitikang kamulatan ng manggagawa ang magbibigay ng hindi mauubos na enerhiya para patuloy na isulong ang mga pakikibakang pang-ekonomiya.

Upang magawa ito, dapat nating puspulang itaguyod at ipakilala sa masang manggagawa ang buhay na teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo upang mas magagap ang kanyang sariling danas at makita ang landas ng rebolusyonaryong pagbabago. Pangunahan ng mga rebolusyonaryong bag-as ng manggagawa ang paglulunsad ng mga talakayan sa mas maliliit na selula o grupo upang regular na maisagawa. Gawing paparami at papalawak ang inaabot ng mga talakayan habang pinapanatiling lihim ang mga sirkulo ng pag-aaral sa mata ng kapitalista at mga galamay nito. Gamitin kapwa ang mga orihinal na teksto at mga pang-masa at pinaiksing bersyon sa pagtatalakay.

Hakbang-hakbang nating itayo ang mga grupo, komiteng pang-organisa, o brigada ng manggagawa sa isang takdang pagawaan nang lingid sa kaalaman ng kapitalista. Layunin natin na maabot at sumaklaw sa mayorya ng manggagawa na solido nating kaisa at handang kumilos upang isulong ang listahan ng mga kahingiang nabuo kasama ang masa. Ang kampanyang ito ay inililingid natin sa kapitalista hanggang maitayo ang unyon o iba pang depinidong anyo ng ligal na organisasyon, o porma ng aksyon, kung saan maisusulong ang ating mga kahingian at ganap na nagkakaisa para ipaglaban ang mga ito.

Nakatala na sa kasaysayan, at maging sa mga bago nating karanasan, na walang mabuting naidudulot ang maagang pagkakalantad ng ating mga plano, kung hindi pagkatalo. Magpakahusay

tayo sa lihim na pagtitipon ng lakas sa takdang pagawaan, at paghihintay upang mahinog ang mga paborableng kalagayan habang inaabot natin ang pinakamaraming bilang ng manggagawa at pagawaan.

Abutin ng ating pag-oorganisa ang mga manggagawa sa iba pang linya ng trabaho o pagawaan sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga grupo at komiteng pang-organisa sa kanilang mga komunidad at pagtatayo ng iba't ibang tipo ng organisasyong masa sa loob. Ang mga organisasyong masang maitatayo sa mga komunidad ay mayroong tungkuling pamunuan ang mga lokal na pakikibaka na aambag din sa kabuuang pagpapalakas ng kilusang manggagawa. Dito natin mapapahigpit ang ugnayan sa mas malawak na manggagawa na nakatira sa iba't ibang komunidad. Mas maluwag ring mailulunsad ang mga pulong, talakayan at pag-aaral sa mga bahay-bahay at komunidad ng manggagawa.

Higit sa lahat, dapat nating ipakilala sa hanay ng pinakasulong na bahagi ng ating hanay ang kanyang Partido, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Ang PKP ang nagsisilbing taliba ng uring proletaryado, ang siyang pinakatapat na nagsusulong ng totoong interes, at magpapalaya ng uring manggagawa mula sa tanikala ng kapitalistang pagsasamantala. Sa loob ng Partido at sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pagbabagong panlipunan, kinikilala ang makauring pamumuno ng manggagawa dahil sa namumukod-tanging mga katangian nito. Ang kolektibong kamalayan ng uring manggagawa,

ang kawalan nya ng pag-aari, at ang kawalan nito ng makasariling interes na magkamal ng indibidwal na kontrol sa kagamitan sa produksyon ang naglalagay sa uring manggagawa sa unahan ng lahat pa ng uri. Ang pag-aasam ng uring manggagawa na lumaya mula sa mapagsamantalang sistemang kapital ay nagbubunsod ng pagpapalaya sa lahat pa ng aping-uri.

Upang maisulong ang pakikibaka para agawin ang kapangyarihang pampulitika, palakasin natin ang ating rebolusyonaryong pampulitikang partido sa pamumuno sa uring proletaryado, at lahat ng uring demokratiko at makabayan. Maitatayo lamang natin ang demokratikong kapangyarihang pampulitika ng manggagawa, magsasaka at sambayanan sa pagkakataong naibagsak na ang pagkubabaw ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo sa mamamayang Pilipino upang tuluyang mapawi ang pagsasamantala at pang-aapi. Buhay at tuloy-tuloy nating ipanawagan ang pagsampa ng paparaming bilang ng mga manggagawa sa Bagong Hukbong Bayan, hasain ang mas maraming bilang para maging kadre ng Partido, at sa gayon buong-buong matanganan nito ang kanyang pamumuno sa rebolusyon!

Sa pagsulong at pagtatagumpay ng pakikibaka ng uring manggagawa dito sa Pilipinas, isang malaki at makabuluhang ambag ito sa kabuuang pagpapahina ng imperyalismo sa buong daigdig. Bahagi ang pambansa demokratikong rebolusyon ng pandaigdigang proletaryong rebolusyon na sa kasalukuyan ay nasa yugto ng pagpapanibagong

lakas. Magtatagumpay ang rebolusyong Pilipino sa pakikipagtulungan sa pandaigdigang proletaryado at iba pang rebolusyon at progresibong pwersa sa ibang bayan.

Mabuhay ang rebolusyonaryong kilusan ng uring manggagawa! Mabuhay ang Partido Komunista ng Pilipinas! Mabuhay ang Bagong Hukbong Bayan! Isulong ang Demokratikong Rebolusyong Bayan tungo sa tagumpay!

Pahayag ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) sa Araw ng mga Manggagawa

Mayo 1, 2024

Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka)

Ngayong Araw ng Paggawa, pinagpupugayan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA) ang lahat ng manggagawang Pilipino sa patuloy na pagsusulong at paglaban para sa nakabubuhay na sahod, laban sa kontraktwalisasyon at pagsiil sa karapatan sa pag-uunyon.

Patuloy na nakakaranas ng pagsasamantala at kaapihan ang uring manggagawa sa ilalim ng dalawang taong panunungkulan ni Marcos Jr., kasapakat ang mga kapitalista't malalaking komprador na nagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ng imperyalismo, upang patuloy na magkamal ng dambuhalang kita mula sa pambabarat ng sahod ng mga manggagawa.

Nananatiling nakapako sa ₱610 ang minimum na sahod sa National Capital Region at mas mababa pa sa ibang mga rehiyon dahil sa pagkakaroon ng Wage Rationalization Act. Higit na mas mababa ang nakukuhang sahod ng mga manggagawa sa agrikultura. Ayon sa datos, nasa ₱306 ang pinakamababang sahod na nakukuha ng manggagawang agrikultural sa araw-araw.

Matinding pasakit ang nararanasan ng manggagawang kababaihan dahil sa pagkakaroon ng mas mababang sahod kumpara sa manggagawang kalalakihan. Sa kasalukuyan, mayorya ng manggagawang kababaihan ay matatagpuan sa mga pagawaan na may relatibong mas mababang sahod tulad ng garments, manupaktura, wholesale at retail, impormal na paggawa at agrikultura.

Napakalayo ng minimum na sahod sa family living wage na ₱1,207 kada araw. Hindi ito sumasapat sa kabila ng walang ampat na krisis at pagtaas ng presyo ng mga bilihin at batayang serbisyo.

Dagdag pa sa pasanin ng mga manggagawa ang matinding epekto ng El Niño ngayon. Maraming manggagawa ang nagtitiis sa kawalan ng maayos na bentilasyon at protective equipment sa mga pagawaan. Wala ring maayos na proteksyon ang mga manggagawa na nasa impormal na sektor. Sa kabila ng matinding init, napipilitang magpatuloy ang mga manggagawa sa pagtatrabaho upang may maipakain sa kanilang pamilya.

Masaklap pa, ginagamit ng rehimeng Marcos Jr. ang matinding init ng panahon upang higit

pang itulak ang mga kontra-manggagawang polisiya sa porma ng labor flexibilization, na patuloy na babansutin ang sahod ng mga manggagawa.

Ngayong araw rin ang unang araw ng pagpapatupad ng pag-phaseout ng mga dyip na hindi pumasok sa franchise consolidation. Libo-libong drayber, operator, at kanilang mga pamilya ang apektado ng kontra-mamamayang PUV Modernization Program. Malaki ang epekto nito sa mga manggagawa at iba pang mga komyuter na patuloy na nahihirapan sa taas ng pamasahe.

Habang naghihirap ang manggagawang Pilipino, patuloy ang pagkamal at pagpapakasasa ng mga kapitalista sa sobra-sobrang tubo na nililikha ng mga manggagawa. Tuloy-tuloy rin ang pagsusulong ng rehimeng US-Marcos Jr. ng Charter Change upang bigyang prayoridad ang pagpapasok ng mga dayuhang negosyo sa ating bansa. Sa pagdami ng presensya ng tropang US sa pagdaragdag ng mga base militar ng US at paglulunsad ng Balikatan exercises sa Pilipinas, layunin nitong protektahan ang pang-ekonomiyang interes ng US sa Asya Pasipiko. Samantala, patuloy na kinakaladkad ni Marcos Jr. ang mamamayang Pilipino sa imperyalistang sigalot ng US-China na magdudulot ng matinding banta sa seguridad at soberanya ng ating bansa.

Sa ganitong kalagayan, natutulak ang mga manggagawang kumilos at ipaglaban ang kanilang mga karapatan at baguhin ang kasalukuyang kalagayang nagpapahirap sa kanila at sa sambayanang Pilipino. Patuloy na bitbit ng uring

manggagawa ang palaban at rebolusyonaryong diwa upang pamunuan ang pagpapalaya sa bayang Pilipinas mula sa saklot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Makakamit ito sa pagtatagumpay ng pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba tungo sa lubusang pagpapalaya ng mga uring pinagsasamantalahan at api.

Mabuhay ang uring manggagawa! Mabuhay ang hukbong mapagpalaya! Isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon na may sosyalistang perspektiba!

**Mamamayang Ilokano, magkaisa!
Labanan ang Balikatan 2024!
Ipaglaban ang seguridad at soberanya
ng bansa laban sa paghahanda sa gera
ng mga imperyalista!**

Mayo 2, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Sadyang walang malasakit ang mga Marcos sa sambayanang Pilipino, kabilang ang kababayan nilang mga Ilokano. Wala silang iniisip kundi sariling interes sukdulang ilagay sa panganib ang buhay ng kanilang kababayan, para lamang sundin ang ganid na interes ng kanilang imperyalistang amo.

Nitong nakaraang araw, nagpaliwanag sa publiko ang mayor ng Laoag City sa Ilocos Norte na si Michael Marcos Keon (pinsang buo ni Presidente

Ferdinand Marcos Jr) upang pakalmahin ang pangamba ng mamamayan ng Ilocos Norte hinggil sa pagdaos ng Balikatan 2024 sa probinsiya mula Mayo 6-10. Binanggit niya na walang dapat ikabahala ang mamamayan dahil “walang magaganap na gyera at paghahanda lamang ito sa pagdepensa sa pag-atake ng China sa Pilipinas.”

Depensa ito ni Keon sa mga naglabasang pahayag ng iba’t ibang makabayan at demokratikong organisasyon na kumatawan sa sentimyento ng maraming mamamayan sa iba’t ibang bayan sa Ilocos Norte, na tumututol sa pagsasagawa ng Balikatan Exercises ngayong taon. Partikular na mga lugar na pagdadausan ng nasabing ehersisyo militar sa probinsiya ay sa mga komunidad ng mangingisda sa La Paz sand dunes sa Barangay La Paz, Laoag City at sa Barangay Bobon, Burgos, sa may hedkwarter ng 4th Marine Brigade at US Marines.

Naalarma ang masa sa biglaang pagdagsa ng napakaraming mga sundalong Amerikano sa Laoag City patungo sa La Paz, sakay ng mga naglalakihang military truck. Hanggang Abril 30, nasa mahigit 2,000 sundalong Amerikano na ang dumating sa probinsiya. Nabigla ang masa sa pagdagsa ng napakaraming dayuhang sundalo, maging ang mga upisyal ng barangay La Paz at pati ng konseho ng syudad, kung kayat maging sila ay nagre-react. Ayon sa mga upisyal ng LGU, hindi nakoordina sa kanila ang idadaos na war exercises sa kanilang mga lugar kung kaya’t hindi napaghandaan ito at hindi rin nila maipaliwanag

sa kanilang mga mamamayan ang magaganap sa kanilang komunidad.

Tahasang pang-uulol sa mamamayan ng Ilocos Norte ang pagsasambit ni Mayor Keon na “walang dapat ikabahala dahil walang magaganap na gyera.” Reaksyon ng masa, “bakit ka maglulunsad ng isang ehersisyo kung wala kang pinaghahandaan? Kung magsasagawa ka ng war games, ibig sabihin ay may magaganap na gera kung saan sasabak ka. Kung naghahanda ka sa pagdepensa sa pag-atake ng China, e di makikigera ka pag umatake ang China!” Buti pa ang masa at matalas ang lohika, kaysa kay Keon na napakapurol ang lohika. O mas presiso pa, sadyang winawala ni Keon ang kaniyang lohika dahil nagbubulagbulagan sa dikta ng kanilang among imperyalistang US.

Hinding-hindi mauulol ni Keon, sampu ng kinapapalooban niyang rehimeng US-Marcos ang masa dahil batid na batid nila ang nagaganap ngayong girian ng imperyalistang US at China. Subaybay nila na araw-araw ay tumitindi ang tensyon sa pagitan ng dalawang imperyalistang ito at anumang oras ay puedeng pumutok ang gera sa pagitan nila, kagaya ng nangyari sa Ukraine at Gaza. Alam din nila na kung bakit dito sa Pilipinas idinadaos ngayon ang war games ay dahil dito planong ilunsad ng imperyalistang US ang kaniyang ikinakasang gera sa China.

Ayaw na ayaw ng masa sa Ilocos Norte na idaos sa prubinsya ang Balikatan dahil naranasan na nila ang panganib na idudulot nito sa kanila. Sa mga live fire exercises noong nakaraan ay nagutom sila

dahil binawalan silang pumalaot upang mangisda at pinabakwit ng ilang araw. Iyong mga mangingisdang di natiis na di pumalaot dahil kailangang kumita ay sumuong sa panganib na tamaan ng mga pinailanlang na mga rocket at bala. Yanig na yanig sila sa shockwave ng mga pinasabog na bomba, kahit malayo na sa mismong site. Sa Barangay Pasaleng, Pagudpud na 25 kilometro ang layo sa Barangay Bobon, Burgos na pinagpasabugan ng bomba ay ramdam pa rin ang yanig na parang linindol. Nameligro at naperwisyo din ang mga mamamayan ng Barangay San Joaquin, Sarrat, kung saan pinalahok sila sa war games sa pagbubuhat ng mga kunwari ay makakaswalti na mga Amerikanong sundalo. Hindi rin maayos na nakoordina at napagkaisahan at sapilitan lamang na payagan ng mga LGU ng Ilocos Norte ang nasabing Balikatan Exercises noong nakaraan dahil sa ito ay pinayagan ni Presidente Marcos, kung kayat hindi sila lubos na nakapaghanda.

Ngayon, mas malaking war games ang muling magaganap sa prubinsiya, kung kaya't nagtatanong ang mamamayan dito kung masasalba kaya ni Mayor Keon, at ng mga Marcos ang mamamayan ng Ilocos Norte kung magkagyera dito sa probinsiya.

Dagdag na pag-aaburido ito sa masang Ilokanong dapang-dapa na ang kabuhayan ngayon dahil sa epekto ng El Niño at tumitinding krisis sa ekonomiya. Alam kaya ng mga Marcos, na maraming mangingisda at magsasaka sa Ilocos Norte ang nakakaranas ng gutom ngayon? Na

umaabot hanggang sa 99% ang ibinagsak ng kanilang huling isda epekto ng El Niño? Na hindi makapagtanim ng palay, mais, gulay at iba pang produkto dahil sa kawalan ng tubig?

Ang pahayag ni Keon ay pagbubuntot sa tindig ni Ferdinand Marcos Jr. na nagpapaniwalang “isasalba ng imperyalistang US ang Pilipinas mula sa pandadahas ng China at pangangamkam nito sa teritoryo ng Pilipinas.” Sila ay nagogoyo, o sadyang nagpapagoyo dahil ang katotohanan ay interes lamang ng imperyalistang US na angkinin ang kayamanan ng teritoryal na katubigan ng Pilipinas, kung kaya’t binabakuran niya ito at handang digmain ang sinumang aangkin dito.

Dapat alalahanin na nagdigmaan dito sa Pilipinas noong World War II ang US at Japan dahil pinag-agawan nila ang Pilipinas at iba pang bahagi ng Asia. Sa digmaang ito, ipinangalandakan din ng US na “isasalba ang Pilipinas mula sa pananalakay ng Japan.” Pinalabas nito na siya ang nagsalba sa Pilipinas at dumurog sa Japan, ngunit ang totoo ay ang Hukbong Bayan Laban sa Hapon (HUKBALAHAP) ang dumurog sa Japan, at nang napalayas ang Japan ay tuluyan nitong inangkin ang Pilipinas sa pamamagitan ng kaniyang mga papet na rehimen.

Kung pumutok ang gyera sa pagitan ng US at China dito sa Pilipinas, mauulit lamang ang digmaang US at Japan noong World War II at hindang-hindi isasalba ng US ang Pilipinas at mga Pilipino, kundi gagamitin lamang nitong base at kalasag laban sa China, kagaya noong ginawa niya noong World War II laban sa Japan.

Tumitindi ang girian ng mga imperyalistang bansa ngayon dahil sa pagrurok ng kanilang krisis sa sobrang produksyon at sobrang ganansya, dahilan ng pag-aagawan nila ng mga teritoryong paglalagakan ng kanilang kalakal at puhunan at pagkukunan ng hilaw na materyales. Dahil sa kanilang mga krisis, ang mga imperyalistang US at China ay parehas na nagnanais na kontrolin ang pinag-aagawang teritoryo sa Pilipinas at mga kanugnog nitong mga bansa sa Asia.

Hindi talaga pumapayag ang imperyalistang US na angkinin ng ibang imperyalista ang Pilipinas, dahil sa daan-taon na niya itong neokolonya, lalo pa't pinipilit nitong panatilihin ang sarili bilang pinakahari sa mga imperyalista. Sa pamamagitan ng mga batas at kasunduan sa Pilipinas kagaya ng Visiting Forces Agreement, Mutual Defense Treaty at ng EDCA, pinananatili nito ang kaniyang militar na kontrol at base militar sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, pilit ding ipinupuesto ng imperyalistang China ang kaniyang paghahari sa Asia at sa mundo sa pamamagitan ng pagpapalakas ng kaniyang pwersang militar, gaya ng pagtatayo ng base militar sa South China Sea, kabilang ang teritoryo ng Pilipinas sa West Philippine Sea.

Ang tindig ng NDFP sa inter-imperyalistang giriang ito ay dapat na ipagtanggol ng mamamayang Pilipino ang kanilang teritoryal na integridad at soberanya laban sa anumang imperyalistang agresyon at pananakop. Dapat palayasin ang mga pwersa at base-militar ng imperyalistang US sa bansa at ibasura ang lahat

ng kasunduan at patakarang nagkakadena sa Pilipinas sa kontrol nito. Dapat itakwil ang pagpapakatuta ng rehimeng Marcos sa mga dikta ng US at panagutin ito sa pagsasapanganib sa buhay ng masang Pilipino sa pagpapagamit sa Pilipinas bilang lunsaran ng kaniyang digma sa mga karibal nitong imperyalista.

Kasabay nito ay kailangang labanan ang paghaharihan ng imperyalistang China at pagtatayo nito ng base-militar sa teritoryong pandagat ng Pilipinas. Dapat igiit ang desisyon ng International Arbitral Tribunal sa ilalim ng United Nations Convention on the Laws of the Seas (UNCLOS) hinggil sa pagmamay-ari ng Pilipinas sa West Philippine Sea na inaangkin ng China.

Sa panahon ng pag-igting ng inter-imperyalistang kontradiksyon kung saan nasasapanganib ang buhay, soberanya at kalayaan ng Pilipinas, ang mga rebolusyonaryong Ilokano ay dapat na magpursigi sa pagmumulat sa masa sa kalikasan ng imperyalistang krisis. Dapat na itaas ang antas ng kamulatan ng masang Ilokano upang mapataas ang kanilang militansya at pagkakaisa upang labanan ang imperyalismo at lahat ng mga indikasyon nito na nagpapalala sa kanilang kaapihan kagaya nitong pagdadaos ng Balikatan Exercises sa bansa. Ipakita ang pangangailangan ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyon ng bayan at ibayong pagsusulong pa ng sosyalistang rebolusyon ang tanging magpapalaya sa bansa, at lahat ng bayang inaapi sa mundo, mula sa saklot ng imperyalistang pang-aapi.

Napatunayan sa kasaysayan ng bansa na sa armado at rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan lamang makakamit nito ang tunay na kasarinlan, kagaya ng Rebolusyon ng 1896 na dumurog sa pananakop ng kolonyalistang Espanyol, ng armadong paglaban ng HUKBALAHAP na siyang tunay dumurog sa imperyalistang Japan, ang masang Pilipino ay dapat na sumalig sa sarili nitong hukbong bayan upang makamit ang kalayaan at soberanya ng bansa.

Sa panahong ramdam na ramdam ng masa ang direktang epekto ng krisis ng imperyalismo sa kanilang buhay, tungkulin nating mga rebolusyonaryo na imulat, iorganisa at pakilusin sila upang iabante ang pakikibakang masa at armadong rebolusyon upang ibagsak ang imperyalismo at ang papet nitong rehimeng Marcos.

SOPC to the fascist AFP: Stop Using Children for Your Dirty War Tactics

Mayo 2, 2024

**Coni Ledesma, Head
NDFP Special Office for the Protection of
Children**

The National Democratic Front of the Philippines' Special Office for the Protection of Children (NDFP - SOPC) strongly condemns the Armed Forces of the Philippines' (AFP) blatant lies and brazen display of two minors, Adonis Alforque, 16 and Jonidel Alforque, 17, they claimed are

members of the New People's Army (NPA) on 25 April 2024 in Sitio Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental. The two minors were paraded by the AFP's 79th Infantry Battalion (79th IB) in the area and were presented to the media as "NPA child soldiers." However, the local NPA command and the community where they live have attested that they are civilians and residents of the area.

The AFP claiming that the NPA recruits child soldiers is a tired and worn-out tale, and has long been refuted by the NPA's unsullied record of strongly adhering to the CPP's strict policy of non-recruitment of persons below 18 years of age. This policy is also in keeping with the Basic Rules of the NPA and International Humanitarian Law.

The AFP's use of children is part of their dirty war tactics meant to smear the NPA and the revolutionary movement and is in fact a violation of IHL. By mislabeling children as "child soldiers," the AFP effectively blurs the distinction between combatants and civilians under the Geneva Conventions governing the rules of war.

The case of the Alforque siblings is just one of the many incidents of children-related grave violations of human rights and IHL perpetrated by the AFP under the Duterte and Marcos Jr. regimes.

In June last year, in the guise of supposed encounters with the NPA, AFP troops murdered 17-year-old Rey Almario Belan of Masbate and massacred the Fausto children (aged 12 and 13) and their parents in Negros Occidental. In July

2022, they killed a minor who they falsely claimed as a Red fighter, and a 9-year-old child in Oriental Mindoro and Batangas, respectively.

The AFP has also engaged in kidnapping babies and keeping them hostage, including those still in the womb. In August 2022, Cherilyn Rebita, a pregnant Red fighter on medical leave was seven months pregnant when she was abducted. Rebita gave birth while in captivity, after which her newborn was also held hostage. In November 2022, two pregnant Red fighters on medical leave, Aurily Havana and Jennifer Binungkasan, were abducted in Butuan City and kept hostage in an undisclosed location.

Meanwhile, baby Marx, who was two months old in January 2021 fell victim to the AFP's terrorist black operations when they abducted him from his caregivers. Baby Marx was put under the government's custody and tight military guard to force his Red fighter parents to surrender.

The SOPC strongly denounces the AFP and the Duterte and Marcos Jr. regimes' dirty war tactics and calls on the public and the international community to condemn the AFP for their reprehensible disregard of international humanitarian law and protections afforded to children in the context of the ongoing civil war.

AFP, keep your bloody hands off Filipino children!

Pagpatay kay Barangay Kagawad Reynaldo Jacolbe sa La Castellana, Ginakondenar sang LPC-NPA

Mayo 3, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Wala kahalabtanang ang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) sa brutal nga pagtiro-patay kay Barangay Kagawad Reynaldo Jacolbe sang Barangay Puso, La Castellana, Negros Occidental sadtong Mayo 1, pasado alas 8:00 sang gab-i.

Sa inisyal nga pagpangusisa sang rebolusyonaryong kahublagaan sa lugar kaangot sa makasiligni nga hitabo, may na-istablisar na ang NPA nga mga motibo kag suspects sa sini nga krimen base sa kondukta sa pagpatay kag nga recoveries. Apang nagakinahanglan pa sang dugang kag maid-id nga imbestigasyon kag himuon ang madasig nga pagproseso sa rebolusyonaryong korte sang pumuluyo.

Kaangot sini, mabaskog gid nga ginapakamalaot sang LPC-NPA ang wala kaluoy nga pagpatay kay Barangay Kagawad Reynaldo "Jimmy" Jacolbe. Samtang ginapaabot man sang LPC-NPA ang rebolusyonaryong simpatiya sa kasubo sang mga himata kag suod nga mga abyan sang pamilya Jacolbe.

Ginpanawagan man sang LPC-NPA sa may kahimuan sa sini nga krimen nga tampad nga magsumiter na sang inyo kaugalingon sa malapit nga yunit sang CPP-NPA sa madali nga panahon agud atubangon ang inyo mga kaso. Ang NPA indi gid magduha-duha sa pagsilot sa inyo katumbas man sa kabug-aton sang kaso nga inyo nagkomiter matapos nga mapamatud-an sang korte sang pumuluyo.###

Pagpupugay sa pag-aambag ng NDFP sa armadong pakikibaka!

Mayo 4, 2024

Armando Cienfuego, Spokesperson NPA Southern Tagalog Regional Operational Command (Melito Glor Command)

Malugod na binabati ng Melito Glor Command-NPA Southern Tagalog ang National Democratic Front of the Philippines sa 51 taon nitong patuloy at ubos-kayang pagsusulong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Saludo ang MGC sa NDFP dahil sa susing papel na ginagampanan nito upang pagkaisahin ang malawak na rebolusyonayong hanay para sa rebolusyong Pilipino.

Patuloy na tinanganan ng NDFP ang tungkulin nito bilang isa sa tatlong sandata ng rebolusyong Pilipino para lumaya mula sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa nakalipas na higit limang dekada, binuklod nito ang milyun-milyong inaapi at pinagsasamantalang uri at sektor para pagsilbihin sa armadong pakikibaka at

ibagsak ang sistemang malakolonyal at malapyudal. Nabuo ang mga rebolusyonaryong organisasyong masa sa hanay ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, pambansang minorya, propesyunal at iba pa na sumusuporta at nagsusulong ng armadong pakikibaka. Binuklod sila bilang mga alyadong organisasyon ng NDFP na ang pundasyon ay ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka.

Malaki ang ginampanang papel ng NDFP para patatagin ang nagkakaisang prente at maging matibay na kalasag ng mamamayan at rebolusyon laban sa pang-aapi at pang-aatake ng estado. Kinakabig nito ang lahat ng mamamayang nakikibaka, kabilang ang panggitnang pwera para sa tunay na kalayaan, demokrasya at pangmatagalang kapayapaan habang inihihiwalay ang despotiko at sagad-sarin. Nagsusulong ang NDFP ng mga pakikibakang anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalista.

Sa pamamagitan ng NDFP, nakilala at naibandila ang rebolusyong Pilipino sa ibayong dagat hanggang sa umani ito ng pinakamalawak na suporta mula sa iba pang mga aping mamamayan ng daigdig. Gumampan din ang NDFP ng tungkulin para sa pagpapalakas ng pandaigdigang kilusang anti-imperyalista. Nakipagkaisa ito sa aping mamamayan upang ihiwalay ang imperyalismo, laluna ang imperyalismong US na numero unong kapangyarihang monopolyo kapitalista.

Ang hindi maubos na balon ng mga bagong Pulang mandirigma at rebolusyonaryo ay iniresulta ng

patuloy na pagpupundar at pagpapalawak ng mga rebolusyonaryong organisasyong kaalyado ng NDFP sa kanayunan at kalunsuran. Patuloy na naisasalin ang bagong dugo ng mga rebolusyonaryo sa hanay ng mga bagong henerasyon ng mga magsasaka, manggagawa, peti-burgesya at iba pang uri at sektor. Ibinabandila nito ang programa ng pambansa demokratikong rebolusyon saanmang bahagi ng bansa maging sa tungki ng ilong ng kaaway. Pinatatatag nito ang mga sona at larangang gerilya, hinahawan ang landas sa pagbubuo ng mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika sa bansa sa pamamagitan ng itinatayong mga binhi ng demokratikong gubyernong bayan sa kanayunan.

Tinatamasa ng CPP-NPA-NDFP ang status of belligerency o pagkilala bilang katapat na gubyerno ng GRP dahil sa umiiral na pambansang pulitikal na liderato nito sa signipikanteng bahagi ng bansa. Mayroon itong Pulang hukbo na kumikilos sa iba't ibang sona at larangang gerilya. Nagpapatupad ito ng kumprehensibong programa't patakaran sa paggugubyerno sa balangkas ng pambansa demokratikong mithiin ng bayan. Kinilala ito ng ibang mga partido o gubyerno sa ibayong dagat. Ang pagharap ng GRP sa NDFP sa negosasyong pangkapayapaan ay patunay na kinikilala rin ng reaksyunaryong gubyerno ang status of belligerency ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa gitna ng matinding saywar at paninira ng estado, mahusay na kinatawan ng NDFP ang

rebolusyonaryong kilusan sa negosasyong pangkapayapaan upang hindi mabitag sa kapitulasyon at isuko ang rebolusyon. Matatag itong naninindigan na lalahok lamang ang NDFP sa negosasyon sa pambansang antas at itinatakwil ang localized peace talks bilang tabing sa panlilinlang, kapitulasyon at kampanyang pagpapasuko sa mga rebolusyonaryong pwersa . Itinataguyod ng NDFP ang karapatan ng mamamayan na mag-armas lalo sa harap ng teroristang estado.

Pangita ang desperasyon ng estado na dungisan ang mabuting pangalan ng NDFP sa paulit-ulit na deklarasyong “terrorista” gamit ang asong-ulol na Anti-terror Council sa bisa ng Anti-terror Law. Binansagang terorista ang mga alyadong organisasyon tulad ng Pambansang Katipunan ng Magbubukid, Kabataang Makabayan, Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan at iba pa sa layuning bigyang matwid ang panunupil sa nakikibakang magsasaka, kabataan at kababaihan at iba pang uri at sektor. Nakaayon ito sa binalangkas ng US counter-insurgency guide upang bigyan ng ligal na bihis ang atosidad ng mga rehimen hindi lamang sa rebolusyonaryong pwersa kundi sa sambayanan.

Sa kabila nito, matatag na hinarap ng NDFP ang pasistang paninibasib ng estado. Pinapupulol ng NDFP ang pasistang pang-aatake ng estado gamit ang iba’t ibang anyo ng pakikibaka—ligal, malaligal at iligal—na mahalaga upang madepensahan ang rebolusyonaryong pwersa at mamamayan. Isang malaking tagumpay laban sa

tuluy-tuloy na pasismo ng estado sa Timog Katagalugan ang lumalakas na panawagan sa mga pakikibakang bayan sa mga sentrong bayan at syudad, gayundin ang pagpupunyagi ng mga larangang gerilya. Puhunan nito ang malalim na pag-ugat ng Partido at ang malawak na lambat ng ugnayang nailatag ng kilusan katuwang ang NDFP sa rehiyon.

Hindi matatawaran ang dakilang ambag ng NDFP sa lahatang panig na pagsusulong ng armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo, pagtatayo ng baseng bukid at pagbubuo ng solidong lakas ng rebolusyon sa kanayunan. Binibigkis nito ang pinakamaraming bilang ng uring magsasaka at manggagawang-bukid—ang pinakamalaking bilang ng populasyon at inaaping uri sa bansa. Pinagmumulan ito ng pinakamaraming sampa ng mga Pulang mandirigma sa NPA. Ubos-kayang isinusulong nito ang rebolusyong agraryo upang mapahina ang kapangyarihan ng panginoong maylupa sa kanayunan at lutasin ang problema sa lupa ng masang magsasaka. Ipinuputok ng NPA ang mga taktikal na opensiba upang bigwasan ang palalong kaaway at kumpiskahan ng mga armas.

Sa tulong ng NDFP, tiyak na magkakamit ng higit pang malalaking tagumpay ang NPA. Ngayong dumaranas ng sobrang pang-aapi at kahirapan ang mamamayan, tiyak na dadami ang aanib sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa at higit na lalakas ang base ng rebolusyon. Pinapanday sa pukpukang pakikipaglapan sa marahas na estado ang buong bayan. Susing

rekisito sa pagtatagumpay ng digmang bayan ang patuloy na paglakas ng NDFP.###

Sekreto nga intel asset sang AFP, ginsilutan sang ASJC-NPA

Mayo 6, 2024

**Andrea Guerrero, Spokesperson
NPA-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr. Command)**

Ginsilutan sang isa ka yunit sang Armando Sumayang Jr Command-New People's Army (ASJC-NPA) ang sekreto nga intel asset sang Armed Forces of the Philippines (AFP) nga si Donie Baculi sa Sityo Baktolon, Barangay Camindangan, Sipalay City sadtong Mayo 3, 2024 ala 7:30 sang gab-e.

Si Baculi, isa ka hepe sang tanod sa nasambit nga barangay kag sekreto nga nagapanilag sa rebolusyonaryo nga kahublagan. May angot si Baculi sa AFP kag masupog nga gintahasan nga maniktik sa pumuluyo kag sa hulag sang mga NPA sa lugar. Nangin prente sang iya paniktik ang pagpanglibod sang isda sa bilog nga lugar agud makalab-ot sa mas malapad nga erya nga mapanilagan. Miyembro man si Baculi sang Peace Maker, isa man ka kontra-rebolusyonaryo nga organisasyon nga gintukod mismo sang AFP-PNP. Lawig na nga ginpanilagan sang NPA ang kontra-rebolusyonaryo kag kontra-pumuluyo nga hulag ni Baculi.

Sa idalum sang International nga Laye sang Gyera, isa ka lehitimo nga target si Baculi sa rebolusyonaryo nga kahublagan. Ginpanawagan man namon sa tanan nga mga espiya kag asset sang reaksyonaryo nga gobyerno nga mag-halin sa sina nga trabaho kag mangin kabahin sa produktibo nga mga pwera sang sosyedad. Gina-engganyo man naton ang tanan nga mga narekrut sang AFP-PNP nga mangin local asset nga magsurender sa pinakamalapit nga yunit sang NPA.

Sa pagpatuman sang operasyon, nakumpiska sang ASJC-NPA ang isa ka .45 calibre nga pistola, mga bala, radio handset, handcuff kag mga personal nga I.D.

[20240503]

94th IB, butigon! Wala sang kamatuoran ang engkwentro sa Kabankalan City

Mayo 7, 2024

**Dionesio Magbuelas, Spokesperson
NPA-South Central Negros (Mt. Cansermon
Command)**

Indi matuod kag kabutigan ang mga balita nga ginpaguwa sang 94th IBPA nga may natabo nga duha ka beses nga engkwentro sa tunga sang yunit sang Mt. Cansermon Command-New People's Army (MCC-NPA) kag sa nasambit nga militar sa nabukid nga bahin sa Barangay Lower

Carol-an, Kabankalan City, Negros Occidental
kagahapon sang hapon petsa 6 sang Mayo, 2024.

Una, wala sang yunit sang NPA sa subong sa amo
nga nasambit nga baryo kag tanan nga yunit kag
tropa idalom sang MCC-NPA ang matawhay kag
padayon nga nagapatuman sa ila tagsa ka
hilikuton sa natalana nga lugar sa pihak sang
masingki nga operasyon militar sa mga baryo sang
Kabankalan City kag Himamaylan City, Negros
Occidental nga nagalawig na sang pila ka bulan.

Ikaduha, ginatan-aw subong sang MCC-NPA ang
lain naman nga posibleng pagpanglapas sa
tawhanon nga kinamatarung ang nakomiter sa
tropa sang 94th IB sa amo nga lugar kag
ginatabunan nalang sang ila pagbalita sang peke
nga enkwentro.

Madumduman nga kaangay sang mga nagligad
nga binulan sa kada magbalita sila sang peke nga
enkwentro kag kuno may nakuha sila nga mga
armas, may ara naman mga inosenteng
mangunguma ang ilegal nga ginadakop,
ginakastigo kag ginaimbestigar.

Sadtong bulan sang Oktubre, Nobyembre kag
Disyembre 2023, nagpagwa man sang mga balita
sang peke nga engkwentro ang Armed Forces of
the Philippines (AFP) partikular ang 94th IB
kaangay sang ila ilegal nga pagpangdakop kay Joel
Casusa, Jenny Radles kag Pokoy Ribradilla nga
ginpang-akusahan nga kuno mga katapo sang
NPA.

Kaangay sang amo nga hitabo, ginakahangawa sang MCC-NPA Ang pattern o padron sang panghitabo nga sa kada peke nga balita nga ginpaguwa sang AFP may inosenteng sibilyan ang nabiktima. Ginkundenar sang MCC-NPA ang amo nga modus sang AFP kag hugot nga ginapakamalaot ang pagtabon sang ila mga kalapasan paagi sang mga peke nga engkwentro.

Dugang dire, katuyuan man sang AFP nga dulaan sang balor ang asud-asod nga mga madinalag-on nga aksyon militar sa nagligad lang nga duha ka semana sa bilog isla. Gusto man ipagwa sang miltar sa publiko nga kuno padayon ang ila pag-angkon sang mga kadalag-an kag lubos na matuman ang ila handum nga mawasak ang NPA sa katapusan sang Hunyo ukon indi man sa katapusan sini nga tuig. Paagi sang ila pagpahamtang sang Isla sang Negros sang SIPS, nagahandum sila sang imposible nga butang kag nagahatag sang sala nga pagpati sang publiko paagi sang pagginahud sa sosyal midya. ###

62nd IB Nagapanglusob sa mga Komunidad sang Mangunguma sa Central Negros

Mayo 9, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Kapin sa 200 ka tropa sang 62nd IB ang kaangay sang mga idu-buang nga nagalambiyong kag nagapanglusob sa mga komunidad sang

mangunguma sa Central Negros gikan pa sadtong Mayo 6 sang gab-i tubtob subong nga adlaw Mayo 9, 2024. Makit-an ang mga ini sa mga barangay sang Moises Padilla sang Negros Occidental kag Guihulngan City, Negros Oriental.

Naglab-ot sa lima ka kolum sang pasistang tropa ang nahisayran sang mga pumuluyo sa Barangay Quintin Remo, Moises Padilla halin sadtong Mayo 7 sang gab-i hasta pa subong nga oras sang Mayo 9. Ginlusob sang militar ang mga sityo sang Binataan, Oway-oway, Tibubong kag Tiyos sang nasambit nga barangay. Samtang may kolum man sang militar nga makit-an sa Sityo Cuyawyaw sang Barangay Inolingan, Moises Padilla.

Sini lang nga aga, Mayo 9-may kolum man sang 62nd IB nga nagapanaka-saka sa mga kabalayan sang Sityo Tagbak, Barangay Macagahay sakop man sang Moises Padilla.

Sa Guihulngan City: sa sityo sang Punong, Barangay Trinidad-halin pa Mayo 6 tubtob karun nga adlaw Mayo 9, nagapabilin ang presensya militar sa lugar. Samtang may kolum man sang AFP nga makit-an sa Sityo Maluy-a, Barangay Sandayao, Guihulngan City.

AFP endorses recycled, planted firearms to PNP

Mayo 10, 2024

**Cecil Estrella, Spokesperson
NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle
Command)**

After ballooning “recovered NPA firearms” from series of fake encounters in Escalante City, Negros Occidental last February 2024, #DiMasaligan79IB of the Armed Forces of the Philippines (AFP) recently handed over the said firearms to the Philippine National Police-Escalante City.

While the said turnover of firearms is applauded by the uniformed personnel, questions arose from the general public as firearms presented did not coincide with the reported “recoveries.” #DiMasligan79IB endorsed only 3 Carbine rifles, 2 Garand rifles, 1 M14 rifle, 1 .38 revolver, 4 Grenades, and assorted magazines/clips and ammunitions.

It can be recalled that the AFP falsely claimed 9 encounters occurred in Barangay Pinapugasan of the said city from February 21-27, where only one legitimate encounter happened at 11 am on February 21. Afterwards, they boasted recovering a total of 16 high-powered firearms and four low-powered firearms. The said “recoveries” were reported as follows: 1 M16 rifle, 1 M653 rifle, 1 AK47, 4 M1 Garand rifles, 2 M1 Carbine rifles, 1 M14 rifles, 4 low-powered firearms, 1 anti-personnel mine, 8 rifle grenades, 1 hand grenade from February 21-22 self-proclaimed encounters; and 3 Carbine rifles, 2 Garand rifles, 1 M14 rifle, 4 rifle grenades, and assorted magazines/clips and ammunitions from February 27 fake encounter.

The Roselyn Jean Pelle Command-Northern Negros Guerrilla Front of the New People’s Army (RJPC-NPA) challenges the AFP’s professionalism

to report to the public, as well as turnover to the PNP, the remaining “recovered” firearms from AFP’s own claim of series of clashes in Escalante City.

Furthermore, we challenge the #DiMasaligan79IB to report other firearms legitimately recovered from the NPA after the February 21 encounter. Unreported recovered firearms from the NPA (commonly known as ‘savings’), especially those of high quality firearms, are a recurring practice among AFP units as corruption seeps through the mercenary elements from their higher-ups, particularly AFP’s commander-in-chief Marcos Jr.

Withholding or retaining other recoveries in AFP’s possession, whether legitimate or recycled, can be used by AFP in its deception tactics where units are deployed imitating NPA units but are mercenaries in nature or extorting business operators and landlords.

Rapist sa La Castellana, Ginsilotan sang LPC-NPA

Mayo 10, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Ang Leonardo Panaligan Command-New People’s Army (LPC-NPA) ang nagpatuman sang silot-kamatayon kay Arman Binalo-ac, 38 anyos, may asawa kag mga kabataan sang Sityo Naube,

Barangay Puso, La Castellana, Negros Occidental,
alas 7:30 sang gab-i, Mayo 9.

Bangud sensitibo kag pinamilya ang kinaiya sang kaso, tuig 2005 napending sa korte sang pumuluyo ang ginpasaka nga kaso sa akusado. Tuig 2012-2014, ginpaninguhaan pa sang NPA nga maistorya si Arman kabahin sa ginpasaka nga kaso sa iya, apang wala gid ini nag-angkon sa pihak sang mga ebidensya gikan sa mga biktima kag mga witness.

Tungod man sang mga sirkumstansya sang seguridad nga indi gid mapaiway, nagpabilin ang nasambit nga kaso korte sang pumuluyo tubtob 2023. Ginreview ang kaso paagi sa pag-recall sang mga ebidensya, importante nga mga datus subongman ang mga mitigating and aggravating circumstances kag na-establisar kriminal nga kaso sang pagpanglugos paagi sa liwat pagtukod sang people's court. Ini nga hukmanan ang ginakomposar sang nine-man-committee diin ara presiding judge, prosecution kag depensa bilang nagatindog nga mga hurado kag ginhimo ang pagbista sining 2024.

Ginpahamtang ang silot-kamatayon sang LPC-NPA kay Binalo-ac, matapos nga napamatud-an sang rebolusyonaryong korte sang pumuluyo nga siya ang responsable nga naglugos sa iya mga himata sadtong tuig 1998-1999. Si Arman ang nagapangatubang sa rebolusyonaryong kahublagan sang two counts of attempted rape kag one count of rape.

Gani ang rebolusyonaryong hustisya ang nagahulag kag ang malaba nga kamot sini paagi sa NPA ang indi man magduha-duha sa pagsilot sandig sa kabug-aton sang kaso nga inyo nakomiter.

Sa tanan nga may mga kaso nga gina-atubang sa pumuluyo kag rebolusyon, indi gid pagsundon ang malaswa nga gawi ni Arman Binalo-ac. Bukas ang malapit nga mga talatapan sang CPP-NPA sa inyo tampad nga pagbag-o.

Tupdin ang makasaysayang tungkuling pamunuan ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo!

Mayo 10, 2024

Public Information Office CPP Southern Tagalog Regional Committee

Nagpupugay ang Partido Komunista ng Pilipinas – Timog Katagalugan (PKP-TK) sa lahat ng manggagawa at iba pang mamamayan sa rehiyon at sa buong bansa na lumahok sa matagumpay na kilos-protesta para gunitain ang Ika-122

Pandaigdigang Araw ng Paggawa nitong Mayo 1. Sa TK, libong manggagawa ang nagtipon mula sa kani-kanilang pook-paggawa para ipakita ang kanilang pakikiisa at paggunita. Madaling araw pala lamang noong Mayo 1, suot ang pulang t-shirt — tanda ng militanteng paglaban, sinimulan nila ang pagkilos para ipanawagan ang mga lehitimong interes at kahilingan ng sektor paggawa. Tinuligsa din nila ang nagaganap na

Balikatan Exercises, VFA , EDCA at ang pagiging sagadsaring tuta ng rehimeng Marcos II sa imperyalistang US. Nagpahayag sila ng pagkontra sa cha-cha at sa PUV modernization, at kinundena ang pasistang pang-aatake sa kanilang sektor.

Ang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa ay pagtatambol sa mayamang kasaysayan ng kilusang paggawa. Ito ang araw na sumisimbolo ng pakikibaka at mga tagumpay ng uring manggagawa sa buong mundo — ang pakikibaka para sa 8-oras na paggawa, mataas na sahod at mahusay na kondisyon sa paggawa. Sinasaluduhan din natin ang mga martir ng kilusang paggawa na walang pag-iimbot na inialay ang kanilang nag-iisang buhay para sa kapakanan hindi lang ng kanilang uri kundi ng buong sambayanan. Muli't muling pagtibayin ang makasaysayang misyon ng uring manggagawa — ang pinakaabanteng uri ng kasalukuyang lipunan, na may natatanging misyon na pamunuan ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya at demokrasya para sa kanyang uri at sa buong bayan at itatag ang sosyalistang lipunan.

Kasama ang iba pang aping sektor at uri sa lipunan, patuloy na nananawagan ang mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod, pagwawakas ng kontraktwalisasyon, pagkamit ng iba pang mga benepisyo't kagalingan at paglaban sa patuloy na pasistang pang-aatake ng estado sa kanilang mga lehitimong mga pakikibaka. Mariin nilang kinukundena ang pagpapawalang-saysay sa mga nakamit na tagumpay ng kilusang paggawa ng mga monopolyo kapitalista, malalaking

burgesyang kumprador at ng estado mismo sa pamamagitan ng mga atakeng neoliberal sa mga manggagawa.

Matatandaang mula pa sa panahon ng diktadurang Marcos Sr. ng dekada 1970 at 1980 pinatindi ang pagpapailalim ng bansa sa dikta ng IMF-World Bank hanggang sa panahon ni Aquino I. Isinakatuparan ng mga ito ang neoliberal na atake sa kilusang paggawa na ang lokal na bersyon ay ang pagsasabatas ng 1989 Wage Rationalization Law at Herrera Law na higit na nagpalala sa kalagayan ng mga manggagawang kontraktwal. Sa pagpapatuloy na pagpataw ng mga neoliberal na polisiya lalong nabaon ang ekonomya ng Pilipinas. Dumami ang mga walang trabaho, lalong naghirap ang mga manggagawa at ang malawak na mamamayan. Pinagdurusa sila sa napakababang sahod, kawalan ng seguridad sa trabaho — laluna sa pag-iral ng kontraktwalisasyon, at kawalan o kakulangan ng mga serbisyong panlipunan.

Makatarungan ang hiling ng mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod sa gitna ng paglala ng krisis sa ekonomya, mataas na implasyon, patuloy na pagsirit ng mga presyo ng pagkain at mga serbisyo. Sa kabila ng pinakahuling kakarampot na dagdag na sahod na ibinigay ng iba't ibang Regional Tripartite Wages and Productivity Boards (RTWPB) noong nakaraang taon, mayroong 4.2 milyong manggagawa sa buong bansa na tumatanggap ng minimum na sahod ang walang disenteng pamumuhay.

Labis na naghihikahos ang mahigit 7 milyon na manggagawa sa CALABARZON na bumubuo ng 25% ng sektor sa industriya sa bansa.

Konsentrado sila sa mga industriya na kalakhan ay sa Laguna, Cavite at Batangas. Sa CALABARZON at MIMAROPA tumatanggap ang mga manggagawa ng magkakaibang pasahod kada probinsya at munisipyo na P395 - P520 na lubhang malayo sa P1,123- P1,213 na kinakailangan ng isang pamilya para mamuhay nang disente sa gitna ng patuloy na pagsirit ng implasyon. Kaya lampas kalahati o P600-800 ang kakulangan ng kanilang arawang sahod para tugunan ang kanilang batayang pangangailangan. Lalong pahirap sa kanila ang kontraktwalisasyon. Sa rehiyon pito sa 10 manggagawa ay kontraktwal. Dagdag pa, umaabot din sa 75% ang underemployment sa CALABARZON at MIMAROPA, ayon sa pag-aaral ng IBON.

Laganap din ang pag-eksport ng murang lakas paggawa na nagresulta sa pagdami ng mga migranteng manggagawang Pilipino sa ibayong dagat. Dinaranas nila ang pang-aapi at pang-aalipusta ng mga dayuhang amo o kumpanya habang tinitii ang sakit at kalungkutang mapawalay sa pamilya. Masahol pa, hinuhuthot ng estado ang pinaghirapang kita ng mga manggagawang migrante sa anyo ng mga kaltas at buwis sa mga ipinapadalang OFW remittances sa mga kaanak.

Sa kabila ng aping kalagayan ng mga manggagawa, manhid at walang-pakialam ang papet, pahirap at pasistang rehimeng US-Marcos

II sa dinaranas nila. Sa halip, nagagawa pa ng ilehitimong pangulo na linlangin ang mga manggagawa. Para pabanguhin ang sarili, nakisakay ito sa pagunita nitong Mayo 1 sa pamamagitan ng pambubuladas na sa ilalim umano ng “Bagong Pilipinas”, ang bawat manggagawa ay mamahalin, igagalang at bibigyan ng pagkakataong umunlad. Aniya, patuloy na susuportahan ng gubyrerno ang uring manggagawa at itataguyod ang prinsipyo ng pagiging patas, may dignidad at pagkakapantay-pantay sa lahat ng pook-paggawa. Inatasan din niya ang National Wages and Productivity Commission na repasuhin umano ang mga patakaran nito hinggil sa sahod. Ipinagmayabang din ni Marcos Jr. ang kanyang programa na di umano’y para sa kapakanan ng mga manggagawa tulad ng Kadiwa Centers, programa sa pabahay at ang isang taong pagpapalawig ng job order sa pag-eempleyo sa gubyrerno. Subalit malinaw sa mga manggagawa na ang lahat ng ito’y walang katuturan, bagkus ay paghahambog lamang ni Marcos Jr. dahil mas pinili nitong pagsilbihan ang amo nitong imperyalistang US at ang burgesyang kumprador kaysa sa interes ng mga manggagawa at ng sambayanang Pilipino.

Pangita na sa likod ng pagpapanggap ni Marcos Jr. na kinikilala umano niya ang ambag ng manggagawa sa pambansang pag-unlad, subalit pagmasaker naman sa kabuhayan ang nakaabang sa mga driver at jeepney operators na hindi nagpailalim sa korporado at makadayuhang PUV modernization na may kaakibat ng “franchise consolidation” dahil ituturing na silang iligal o

colorum mula noong Mayo 1. Maapektuhan nito ang 38,000 na mga driver ng jeepney at kanilang pamilya.

Dinaranas din ng mga manggagawa sa TK, mula pa sa panahon ni Duterte hanggang sa kasalukuyang rehimen ni Marcos II ang pinatinding pasistang panunupil. Di kukulangin sa 100 na manggagawa ang “binisita” ng mga ahente ng estado. Nagkaroon ng 36 na iba’t ibang kaso ng harassment at paglabag sa karapatang tao, kabilang ang pagbabanta gamit ang text messaging, pagpapaskil ng poster at tarpaulin na nag-uugnay sa mamamayan sa NPA, pagbisita ng pulis at ahente ng estado sa mga bahay ng biktima, pagsampa ng gawa-gawang kaso at iligal na pang-aaresto. At ang pinakamalala ay ang sabay-sabay na pang-aatake sa mga lider manggagawa na nagluwal sa “Bloody Sunday Massacre” na ikinasawi ni Manny Azuncion at iba pang lider-masa. Gayundin ang pagpaslang sa presidente ng unyon na si Dandy Miguel habang papauwi sa bahay sa Calamba City, Laguna. Nagpapatuloy pa rin hanggang sa kasalukuyan ang panghahas at red-tagging/ terrorist-tagging sa mga nakikibakang manggagawa.

Dapat paigtingin ng mangagawa ang pakikibaka para sa pang-ekonomiya at pampulitikang mga adhikain. Dapat patuloy na ipaglaban ang regularisasyon sa paggawa, ipabasura ang kontraktwalisasyon at ipaglaban ang mga karapatan at benepisyong dati nang ipinagwagi pero pinawalang saysay ng mga patakarang neoliberal. Dapat puspusing labanan ang labis na

pagpapakatuta ng rehimeng US-Marcos II sa imperyalismong US na sukdulang nagsasapanganib sa kalayaan at kaligtasan ng sambayanang Pilipino na naiipit sa inter-imperyalistang tunggalian ng US at China. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpapalawak at pagpapalakas ng militante at progresibong kilusang unyon na magsusulong at nagsisilbi sa sustenidong pakikibaka ng mga manggagawa.

Ang papatinding terorismo ng estado na ginagawang imposible ang paglaban para sa makatarungang kahilingan ang magtutulak sa manggagawa para tahakin ang armadong pakikibaka. Ang digmang bayan ang magluluwal ng demokratikong gubyernong bayan sa ilalim ng pamumuno ng rebolusyonaryong Partido ng uring proletaryado. Ang Pulang kapangyarihan ng mamamayan ay palalaksin at patatagin ng Pulang hukbo at mga pangmasang organisasyon ng mga uring anakpawis at iba pang makabayan at demokratikong pwersa.

Nanawagan ang PKP-TK sa mga manggagawa at sa lahat ng aping mamamayan na paigtingin ang pakikibaka laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na siyang ugat ng paghihirap ng uring manggagawa at ng malawak na mamamayang Pilipino. Dapat patuloy na hawakan ng uring manggagawa ang pamumuno sa rebolusyong Pilipino sa pamamagitan ng patuloy na pagpapalakas ng kanilang hanay at ng proletaryong pamumuno sa pangunahing pwersa ng rebolusyon — ang uring magsasaka at pagkabig sa iba pang makabayan at

demokratikong pwersa. Sa gitna ng papalubhang krisis sa ekonomya, panlipunang ligalig at mga gerang bunsod ng labis na krisis ng monoployo kapitalismo, dapat pag-ibayuhin ang rebolusyonaryong pakikibaka para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Uring manggagawa, pamunuan ang pakikibaka para sa demokratikong karapatan at kaseguruhan sa kabuhayan ng masang Palaweño!

Mayo 10, 2024

Leona Paragua, Spokesperson NDF-Palawan

Mahigpit na sinasaluduhan ng National Democratic Front of the Philippines-Palawan ang uring manggagawa sa buong daigdig at ang mga manggagawang Pilipino sa paggunita nito sa ika-122 Pandaigdigang Araw ng Paggawa nitong Mayo 1 na tanda ng mayamang pakikibaka at mga tagumpay ng uring manggagawa sa kasaysayan sa pagtupad sa istorikong misyon nitong baguhin ang mundo tungong lipunang walang pang-aapi at pagsasamantala.

Sa gitna ng matinding krisis ng imperyalismo sa buong mundo at papasidhing pang-aapi at pagsasamantala sa mga manggagawa at masang anakpawis sa daigdig at sa mga bayang malakolonyal at malapyudal tulad ng Pilipinas, tumindig, nakibaka at namuno ang uring manggagawa sa pamamagitan ng talibang partido nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas. Hinihingi

ng kasalukuyang kalagayan na puspusang pamunuan ng uring manggagawang Pilipino ang pakikibaka ng sambayanan para sa demokrasya, pambansang kalayaan at sosyalismo. Dahil sa matinding kahirapan sa kabuhayan at krisis sa pulitika ng naghaharing sistema, lalong nalantad ang bulok na sistemang malakolonyal at malapyudal, at nagpatingkad sa pangangailangang isulong ang rebolusyonaryong pagbabago na magwawakas sa kahirapan at pang-aapi sa mamamayan.

Nagdurusa ang bayan sa walang kaparis na krisis sa ekonomya bunsod ng malakolonyal at malapyudal na lipunan na kinatangian ng malawakang disempleyo, kakulangan sa trabaho, pambabarat sa sahod at krisis sa kabuhayan dulot ng walang-patid na implasyon. Ang ipinamamarali ng reaksyunaryong gubyerno na 3.0% lamang ang tantos ng walang trabaho sa Palawan at 9.5% sa Puerto Princesa ay paimbabaw lamang dahil sa katunayan ay maraming mamamayang Palaweño ang walang trabaho, mayroon man ay kontraktwal o walang kasiguruhan at hindi sapat ang kinikita o sinasahod para buhayin ang kanilang pamilya. Samantala, mas malaki ang tantos ng kulang ang trabaho o underemployed na 16.2%.

Pangunahing nakasalig sa agrikultura ang hanapbuhay ng mamamayang Palaweño kung kaya kalakhan ng tinatawag nitong “employed” o may trabaho ay mga magsasaka at manggagawang bukid. Dahil atrasado, agraryo, pre-industriyal at malapyudal ang ekonomiya, maliit ang bilang ng mga manggagawang

Palaweño na nagtatrabaho sa mga minahan at serbisyong tampok ang turismo, habang ang iba pa ay nagtatrabaho sa maliit at katamtamang laking negosyo. Dahil dito, maituturing na signipikanteng bahagi ng mga manggagawang Palaweño ay nasa sektor ng serbisyo. Ang ibang manggagawang bukid ay nakapailalim sa sahurang paggawa sa loob ng mga plantasyon, mababa rin ang pasahod na nagkakahalaga lamang ng humigit-kumulang P215 kada araw, walang benepisyo at hindi regular.

Isinasampal ng datos mismo ng reaksyunaryong gubyrerno na ang rehiyon ng MIMAROPA ay kabilang sa nangungunang sampung rehiyon sa Pilipinas na may mataas na antas ng karukhaan, kung saan 20.8% o 667,900 residente nito ang kinukunsiderang mahirap. Iniulat naman ng DSWD na 10% o 130,000 indibidwal na Palaweño ang nabubuhay sa kronikong kahirapan o mas mababa sa poverty threshold. Bagama't di hamak na malayo ito sa mas malaking bilang ng tunay na naghihirap na masang Palaweño, palatandaan ang ulat na ito ng di maitagong kahirapang dinaranas ng mayorya ng masa sa probinsya. Ayon sa IBON Foundation, kinakailangan ng P1,162 kada araw na sahod para sa isang lima-kataong pamilya sa mga lalawigan ng MIMAROPA upang mamuhay nang sapat at disente. Malayung-malayo ang P355 na arawang sahod na itinakda ng regional wage board sa rehiyon.

Hindi makaagapay ang mababang kinikita at sinasahod ng masang Palaweño sa napakataas na presyo ng mga bilihin sa probinsya. Nagtala ang

MIMAROPA ng pinakamataas na tantos ng implasyon sa buong bansa na 6.9% ayon sa datos noong Hulyo 2023. Dumaraing na ang mga Palaweño sa napakalayong presyo ng pangunahing bilihin tulad ng bigas, karne at gulay at P10 na mas mataas ang singil sa produktong petrolyo kumpara sa ibang rehiyon, dagdag pa ang abot-langit na singil ng palyadong serbisyo ng kuryente.

Ang mga ito ang dahilan kung bakit malawakan ang dislokasyon sa hanapbuhay ng mamamayang Palaweño. Dumadayo sa ibang lugar o ibang probinsya hanggang ibang bansa ang mamamayan upang mamasukan bilang construction worker, kasambahay, manininda atbpng hindi regular na hanapbuhay. Nagbubunsod ito ng malaproletaryanisasyon sa hanay nila na kabalintunaanang ibinibilang ng mga datos ng rehimen bilang “may regular na empleyo”.

Dislokasyon rin sa kabuhayan ang tiyak na kahihinatnan ng mga tsuper na mawawalan ng trabaho dahil sa ipinatupad ng rehimensing US-Marcos II na PUV Modernization Program. Labis na nanggagalaiti sa galit ang mga Palaweñong tsuper ng jeep, UV express at tricycle matapos na hindi pakinggan ng rehimen noong Abril 30 ang demanda ng mga drayber na ibasura ito. Bukod sa pagmasaker nito sa sektor ng pampublikong transportasyon sa probinsya at buong bansa, aaray din ang bulsa ng mamamayang komyuter sa idudulot nitong pagtaas ng pamasahe sa mga e-jeep. Paanong makakabili ang mga Palaweñong drayber at opereytor sa napakamahal na presyo

nito na tumatagiting na P2 milyon bawat isa! Malaking dagok din ito sa kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda na umaasa sa jeep at UV express sa pagdedeliber ng kanilang mga produkto sa pamilihan at kabayanan.

Malinaw at higit na pinatutunayan nito na sadyang walang pakialam ang rehimeng US-Marcos II sa hilahod na kalagayan ng uring manggagawa at iba pang masang anakpawis sa bansa. Ang pinapaburan lang nito ay ang mga naghaharing uring malalaking burgesyang kumprador at panginoong maylupa at mga dayuhang kapital. Dahil sa yamang likas ng Palawan, maraming iba't ibang kumpanya ang naglalaway na dambungin ito sa pamamagitan ng pamumuhunan sa probinsya. Ayon sa tala ng COA, umaabot sa P11.27 bilyon ang kabuuang asset ng probinsya ngunit pawang pinakikinabangan ito ng mga naghaharing uri na may-ari o kasosyo ng malalaking kumpanya ng mina, proyektong ekoturismo at plantasyon habang nagdarahop ang mamamayang Palaweño.

Dapat na ipaglaban ng mga manggagawa sa probinsya ang makabuluhang dagdag sahod upang mailapit ito sa pangangailangan ng isang pamilya upang mabuhay nang disente. Gayundin, dapat na ipaglaban nila ang kaseguruhan sa trabaho, pagwawakas ng kontraktwalisasyon, at tiyak na mga benepisyo para sa kanila.

Dapat patuloy na itayo, palawakin at palakasin ang mga unyon at asosasyon ng mga manggagawa sa minahan at iba pang negosyo't kumpanya at mga manggagawang bukid sa mga plantasyon at isulong ang militanteng kilusang manggagawa sa

Palawan. Hindi sila dapat magpalinlang at magpadala sa mga pakana ng mga ganid na kapitalistang gamitin sila para magsamantala sa kapwa Palaweño at manira ng kalikasan. Kailangang palakasin ng mga manggagawa ang kanilang mga unyon upang matatag na labanan ang paninibasib ng rehimen sa kanilang hanay, at upang epektibong isulong ang kagyat na kahingian ng mga manggagawa. Ang mga nagdaang tagumpay ng sama-samang pagkilos ng mga tsuper sa paglaban sa PUVMP ang dahilan upang ipagpaliban ang mga naunang itinakdang implementasyon ng rehimen. Hindi sila nagpatinag sa harap ng red-tagging at panunupil ng rehimens ng US-Marcos II sa mga militante at progresibong samahan ng mga tsuper at opereytor.

Dapat pamunuan ng uring manggagawa ang demokratikong mga pakikibaka ng mamamayan at magsilbing pinakasolidong bag-as ng kilusang masa para wakasan ang paghahari ng teribleng teroristang rehimens ng US-Marcos II. Kaakibat nito, dapat tuluy-tuloy na pahigpitin ng mga manggagawang Pilipino ang pakikipagkaisa at pakikipagkapit-bisig nila sa demokratikong mga sektor kapwa sa kalunsuran at kanayunan. Dapat nilang suportahan ang demokratikong mga kahilingan at mga anti-pyudal, anti-pasista at anti-imperyalistang pakikibaka ng magsasakang Palaweño.

Ang pagsusulong ng mga manggagawang Palaweño at Pilipino ng mga pakikibakang demokratiko at anti-imperyalista ay bahagi ng

bumubulwak na kilusang anti-imperyalista at demokratiko sa buong mundo. Palatandaan ito ng pagkabalok ng pandaigdigang sistemang monopolyo kapitalista at ang iniluluwal nitong malalim na krisis sa ekonomya, at iba pang anyo ng pang-aapi at ng neoliberal na paninibasib sa mga manggagawa at masang anakpawis.

Tungkulin ng mga rebolusyonaryong proletaryong Pilipino na dalhin ang malawakang mga kilusan sa pagsusulong hanggang sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan at ipatupad ang pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa. Tanging sa pamamagitan lamang nito maitatag ang sosyalistang lipunan na maghahatid ng kasaganaan at katarungan at magtitiyak sa demokratikong mga karapatan ng mamamayan.#

62nd IB padayon nga nagabayolar sa CARHRIHL sa Central Negros

Mayo 13, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Halos 150 ka tropa sang 62nd IB ang padayon nagapanglusob sa mga komunidad sang mangunguma sa Guihulngan City kag Canlaon sang Negros Oriental kag sa Barangay Macagahay, Moises Padilla, Negros Occidental. Nagalapas sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) kaangay sa pilit

nga pagtiner sa mga kabalayan kag pagkampo sa mga barangay hall.

Halin Mayo 11 tubtob subong Mayo 13, ginahimo kampo militar sang platoon nga tropa sang 62nd IB ang barangay hall sang Barangay Calupaan, Guihulngan City. Nagalapta sang ila mga higko kag basura sa nasambit nga barangay hall. Samtang nagadisturbo man ini sa normal nga daloy sang adlaw-adlaw nga transaksyon sang barangay sa paghatag sang serbisyo sa pumuluyo sa baryo.

Samtang gikan Mayo 12 hasta subong Mayo 13, nagtiner ang halos 60 ka tropa sang 62nd IB sa nga panimalay sang mangunguma sa sityo sang Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City kag mga sityo sang Tubod kag Tagbak tanan sang Barangay Macagahay, Moises Padilla. Pilit nga ginasaka kag ginatineran ang mga panimalay sang mangunguma sa pihak sang ila pagdumili. Nagtuga sang kahadlok sa nasambit nga mga pamilya lakip na sa magagmay nga kabataan.

Mayo 12-13, makit-an man ang duha ka kolum sang militar sa Sityo Malatanglad, Barangay Budlasan, Canlaon City. Nagapanaka-saka man sa mga panimalay.

Condemn the fascist US-Marcos II regime's crimes against children

Mayo 13, 2024

**Bayani Obrero, Spokesperson
NDF-Negros Island**

The long list of atrocious crimes perpetrated by the Armed Forces of the Philippines (AFP) in Negros Island since its illegitimate commander-in-chief Marcos Jr came to power continues to grow. Among these are vile crimes committed by reactionary state forces against children in the past two years. National Democratic Front (NDF)-Negros has recorded not less than 90 cases of human rights violations on the island under the reign of Marcos Jr that directly involved more than 1,300 minors.

The most recent case was the arrest of two minors, paraded by the 79th IB as “child warriors” in Sitio Humayan, Barangay Pinowayan, Don Salvador Benedicto, Negros Occidental last April 25. This old and overused tactic of parading “child warriors” in public has been repeatedly debunked by the New People’s Army (NPA) who, unlike the AFP, has a sterling and principled commitment to uphold and defend the interests of children in line with the Communist Party of the Philippine’s (CPP) Program for a People’s Democratic Revolution, the Basic Rules of the NPA, the Guide for Establishing the People’s Democratic Government, the Geneva Conventions and Protocols on International Humanitarian Law and Rules on Warfare, the United Nations’ Declaration of the Rights of the Child, and the Comprehensive Agreement for the Respect of Human Rights and International Humanitarian Law.

Cases of AFP atrocities against children under the current Marcos regime also include the 94th IB’s massacre of the Fausto family in Himamaylan

City, Negros Occidental last June 2023, wherein two minors (12 and 13 year old) were cruelly murdered with their parents, and the brutal killing of Everly Kee Jacolbe (16 years old), together with her pregnant mother and their relative, by 62nd IB soldiers in Guihulngan City, Negros Oriental on July 2022. Everly Kee was wounded when she pleaded to be taken to the hospital, but she was finished off by said troops.

These victims were killed with their family members who were repeatedly red-tagged and harassed by the AFP, Philippine National Police (PNP) and National Task Force (NTF)-Elcac over the years to maintain a culture of fear among the masses.

Baby Marx or Marx Cairo Salino, three year old son of Red fighters, remains a hostage of the reactionary government and the military after they took him away from his guardians in Talisay City, Negros Occidental in 2021. Baby Marx's mother, Emarie "Ka Jandy" Pastidio, and father, Ka Peeta, resisted the deceitful scheme of the reactionary government that ruthlessly used their son to force them to surrender. Ka Jandy did not have the chance to see her son until her martyrdom in an encounter in Escalante City, Negros Occidental last February 21.

The AFP's diabolical tactic of exploiting children to pressure Red fighter parents to surrender and fall prey to the corrupt Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) and amnesty program of the Marcos II regime is rampant throughout Negros Island.

Unashamed of their consistent and blatant disregard of international law, the AFP is spreading intrigue and disinformation to discredit the revolutionary movement. In truth however, US imperialism's saber-rattling against China on Philippine shores using Filipino soldiers and its imposition on the AFP to defeat the revolutionary movement by 2024 have pushed reactionary state forces to terrorize even Filipino children.

In communities where the AFP is conducting the Retooled Community Support Program (RCSPs), presence of soldiers have only promoted sex, violence, gambling and other rotten influences to the children and youth. Thus, the AFP's accusations against the NPA are better pointed at themselves for being the real terrorists to children and the entire people of Negros Island.

NDF-Negros reaffirms the NDFP's Declaration and Program of Action for the Rights, Protection and Welfare of Children. With the entire revolutionary movement in Negros, we hold Ferdinand Marcos Jr accountable for all violations of children's rights committed by the AFP/PNP/NTF-Elcac all over the island as these fascist institutions are under his command. All commanders from battalion, brigade and division level on Negros Island must also answer to their crimes as notorious violators of children's rights.

NDF-Negros calls on all children's rights and human rights advocates, in the Philippines and the international community, to conduct independent investigations into these cases, expose the truth

and seek justice for all children victimized by reactionary state forces. ###

Iresponsible kag Malisyoso nga Pahayag ni Capt. Judesses Catalogo sang NOCPPO, Ginakondenar sang LPC-NPA

Mayo 13, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Mabaskog nga ginakondenar sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) ang irresponsible kag malisyoso nga palayag ni Capt. Judesses Catalogo, Negros Occidental Provincial Police Office (NOCPPO) spokesperson. Wala huya si Catalogo nga maghambal sa media outlets nga NPA ang nagtiro-patay kay Barangay Kagawad Reynaldo "Jimmy" Jacolbe sang Barangay Puso, La Castellana sadtong Mayo 1 sang gab-i sa pihak sang opisyal nga pahayag sang LPC-NPA sa pagkondenar sa may kahimuan sang sini nga krimen. Daw baliskaron pa ni Catalogo kag ipahid sa NPA ang makasiligni nga pagpatay sa opisyal sang barangay. Gusto lang hinabunan ni Catalogo ang tuman ka law-law nga imbestigasyon sang Philippine National Police (PNP)-La Castellana kag amu man ang NOCPPO. Kaangay lang nga nagapanghugas-kamot si Catalogo kaangot sa nasambit nga krimen. Kinahanglan pa ni Catalogo ang pagbasa-basa sa "putos sang ibos" antis magtaghol bilang tagpamaba sang NOCPPO.

Ang matuod, sa inisyal nga imbestigasyon sang LPC-NPA, isa sa mga perpetrators sa pagpatay kay Barangay Kagawad Reynaldo “Jimmy” Jacolbe ang isa man sa mga PNP-Intelligence Assets sang PNP-Binalbagan. Kag sa subong, padayon pa ang paghimo sang verifications kag pagpadalum sang imbestigasyon kaangot sa motibo sang krimen.

Lubos man nga ginaabi-abi sang LPC-NPA ang separado nga imbestigasyon sang Commission on Human Rights (CHR)-Negros kaangot sa mga hitabo. Bukas gid ang teritoryo sang NPA sa Central Negros para sa fair and square nga imbestigasyon sang CHR-Negros. Ini nga lihok sang CHR-Negros, ginakabig nga isa ka “good development” para sa pamilya sang mga biktima sang extra-judicial-killings nga ginkomiter sang Armed Forces of the Philippines (AFP), PNP kag iban pa nga state forces nga nagapabilin unsolved tubtob subong. Kaangay sang mga masunod nga hinimoan sang 62nd IB:

1. Pagmasaker sa pamilya Ramirez sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental sadtong Mayo 20, 2023.
2. Pagpatay kay Jose “Jojo” Albores sang Sityo Tiyos, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla sadtong Mayo 2023.
3. Pagpatay sang kumbinado nga pwera sang 62nd IB kag 2nd NOPMFCOY-PNP kay Marlon Catacio sang Sityo Ngalan, Brgy Quintin Remo, Moises Padilla.

4. Brutal nga pagpatay sanday Bernard Torres kag Dionesio “Boy” Baloy sa Hda Gomez, Barangay Sag-ang, La Castellana, Negros Occidental.
5. Pagpatay kay Braulio Tubalado sang Sityo Karanawan, Barangay Amontay, Binalbagan, Negros Occidental sadtong Disyembre 2023.
6. Pagmasaker sa pamilya Jacolbe diin patay si Cristina Jacolbe-Day Care Worker kag 16anyos nga si Every Kee Jacolbe-estudyante nga anak ni Cristina sadtong

Ginasigahum sang LPC-NPA sa CHR-Negros nga mahatag ang nagakaigo nga hustisya sa pamilya sang mga biktima sang kalakasan sang mga pwera sang estado nga AFP, PNP kag iban pa nga makinaryas sang reaksyonaryong estado. Pasabton kag pabayaron sandig sa kabug-aton sang kaso nga ila nakomiter batok sa pumuluyong Negrosanon.###

Kundenahin ang aerial bombing ng TOG2-PAF sa Peñablanca, Cagayan!

Mayo 13, 2024

**Celia Corpuz, Spokesperson
NDF-Cagayan**

Binulabog ng malalakas na pagsabog at ingay ng fighter jets ang mga residente ng Peñablanca, Tuguegarao City, Baggao at mga kalapit na bayan matapos magpakawala ng tinatayang tatlong bomba (batay sa mga nakasaksi at panimulang

ulat) ang mga eroplano ng Tactical Operations Group (TOG)2-Philippine Air Force simula alas-2 hanggang alas-3 ng madaling araw noong Mayo 10. Binagsakan ang Lagum area na sumasaklaw sa mga barangay ng Manga, Buyun, Nabbababalayan, Lapi at Minanga.

Ayon sa mga residente, ginising sila ng kakaibang tunog dahil sobrang baba ng lipad ng mga eroplano, at pagliyab ng apoy kasabay ng pagbagsak ng mga bomba na akala nila'y malakas na kulog. Sa sobrang lakas ng aerial bombing ay nayanig ang lupa at narinig pa ito sa bayan ng Baggao.

Maging ang lokal na gobyerno ng Peñablanca ay nagulat at ipina-verify sa kapulisan kung may mga nasaktan at kung bahagi ng Balikatan Exercise ang naturang airstrike, hanggang sa nakumpirmang 5th ID at TOG2-PAF ang nasa likod nito.

Matinding takot at trauma ang iniinda ngayon ng mga residente, lalo na ng mga bata at matatanda. Reklamo pa nila, hindi man lang nag-abiso ang militar sa gagawing pambobomba sa himpapawid sa tabing ng "kontra-insurhensiyang operasyon." Ginatungan nito ang dati nang pangamba at isterya ng mamamayang Cagayano lalo sa pagsiklab ng gyera sa pagitan ng US at China. Pag-aakala pa nga ilan ay "sinasakop na ng dayuhan ang Pilipinas."

Kinukundena ng NDF-Cagayan at ng buong mamamayan ng Cagayan ang ginawang pambobomba ng AFP sa kasagsagan ng

pananalasa ng El Niño na iniinda ng mga magsasaka. Maralitang magsasaka at walang-sariling lupa ang kalakhan sa mga magsasaka ng Peñablanca kung kayat doble dagok ang aerial bombing lalo na't limos lang natatanggap nilang ayuda mula sa reaksyunaryong gobyerno. Isa lamang ito sa mga kaso ng pambobomba ng 5th ID sa kalagitnaan ng pananalanta ng El Niño. Matatandaang walang-patumangga rin nitong binomba ang mga komunidad at sakahan ng Ilocos Sur at Abra noong mga nakaraang buwan.

Panagutin ang 502nd IBde, TOG2-PAF sa pinakahuling teroristang pambobomba mula sa himpapawid

Mayo 13, 2024

Bienvenido Magalat, Spokesperson NPA-Cagayan

Dahil sa matinding batikos at pagkumderna ng mga mamamayan ng Peñablanca, Tuguegarao City at mga kalapit na bayan ng Baggao, Iguig at Amulung, naghuhugas kamay ngayon ang 5th ID upang pagtakpan ang ginagawang teroristang pambobomba mula sa himpapawid ng mga tropa ng 502nd IBde at TOG2-PAF matapos maghulog ng mga bomba at mag-istraping, alas-2 ng madaling araw noong Mayo 10.

Itinatangi ngayon ng 5th ID ang teroristang lagim dahil sa halip na makakuha ng suporta laban sa insurhensiya, umani ito ng galit at pagkamuhi mula sa taumbayan. Ikinakahiya ng 5th ID ang katotohanang kakambal ng kanilang

superyoridad sa mga kagamitang militar na ginagamit upang maghasik ng takot at teror ay ang kawalan ng pampulitikang lakas at suporta mula sa mamamayan. Batay sa naging panayam ng Radyo Pilipinas-Tuguegarao kay 5th ID Spokesperson Maj Rigor Pamittan, ibinintang nito ang sisi sa NPA sa pagsasabing “mga improvised explosive device (IED) ng NPA ang pagsabog na narinig ng mga residente.”

Ano pa man ang sabihin nito, hindi nito mababaluktot ang katotohanan, na mismong mga residente ang nakasaksi, na sa katunayan ay nakuhanan pa ng bidyo. Duda nga ng ilan, “Kung IED, bakit galing sa taas ang mga sumabog?” at “bakit sobrang lakas ng pagsabog na narinig at niyanig ang apat na bayan?” Mamamayan ang magpapatunay na ang mga fighter jet at attack helicopter ng militar ang nambomba sa Sityo Ebi, Lapi, Peñablanca, na nagresulta sa paglikas ng ilang residente ng Lagum na sumasaklaw sa limang baryo. Malakas ang loob ng AFP na bombahin ang mga komunidad dahil ito ang kanilang doktrina at pagsasanay na natanggap sa katatapos lamang na Balikatan exercises.

Pinapabulaanan ng militar na wala silang kaswalti ngunit hindi rin malayong totoong may nasawi sa kanilang hanay lalo na’t “dumb bombs” ang kanilang ipinagmamayabang na “smart bombs” na pangunahing tumatarget sa mga sibilyang komunidad at mga kabundukan, maging sa kanilang sariling mga pwersa, tulad ng nangyari sa Aridowen, Sta Teresita noong Setyembre 29, 2021.

Marapat lamang na kundenahin sa pinakamataas na antas ang walang-patumanggang pambobomba mula sa himpapawid na sumisira sa buhay at kabuhayan ng mga magsasaka sa kanayunan. Dapat ding kundenahin at ilantad na ang huwad na modernisasyon ng AFP na pangunahing ginagamit upang bumili ng bomba at kagamitang pandigma para sa terorismo ng estado. Gawang-US ang mga bomba at kanyong ginagamit ng AFP laban sa mga sibilyan, na siya ring ginagamit sa henosidyo sa Palestine.

Pagdeklarang tagumpay ng Balikatan Exercises 2024, tahasang pagpapakatuta ng AFP at rehimeng Marcos sa imperyalistang US

Mayo 14, 2024

**Rosa Guidon, Spokesperson
NDF-Ilocos**

Kinukundena ng National Democratic Front (NDF)-Ilocos ang paglulunsad ng Balikatan Exercises 2024 sa Pilipinas at pagdeklara dito ng Armed Forces of the Philippines na “tagumpay,” sa gitna ng maigting na pagtutol ng mamamayan dahil sa panganib sa kanilang buhay at pagyurak sa soberanya at kasarinlan ng bayan.

Kinukundena ng NDF-Ilocos ang pagsasagawa ng nasabing ehersisyo sa coastal area ng Laoag City, Ilocos Norte at masayang pagdedeklara ng AFP na naging “matagumpay” ito, sa kabila ng matinding takot na idinulot nito sa mga mamamayang mangingisda sa lugar, gayundin ng dislokasyon sa

kanilang kabuhayan dulot ng pagdeklara ng “No Sail Zone.”

Sa La Paz sand dunes ng Laoag City, isinagawa ang counter-landing live fire drills noong Mayo 6 at maritime strike exercise noong May 8. Dito ay nagpapatok sila ng malalakas na kanyong 105mm at 155mm howitzer at machine guns at nagpailanlang ng mga anti-tank missile upang ipraktis ang pagdepena sa nililikhang senaryo ng pag-atake ng China. Gamit ang mga malalakas na pamutok, inensayo nila ang pagpapapatok at pagpapalubog sa isang oil tanker na gawang China, ang BRP Lake Caliraya.

Nayanig, narindi at natakot ang masa, lalo na sa mga baybaying komunidad ng Laoag sa kabila ng pagsisikap ni Mayor Michael Marcos Keon at ng AFP na palisin ang pangamba nila sa pagsasabing “walang gerang magaganap.” Alam na alam ng masa na ito ay paghahanda sa gera ng dalawang imperyalistang US at China, at kung ito ay pumutok, sila ay napakabulnerableng target.

Ang pangambang ito ng masa ay tunay na tunay. Kung bakit sa coastal area ng Ilocos Norte nagdaos ng Balikatan ay dahil sa ito ay tumatanaw sa South China Sea, ang nagiging sentro ng sigalot ng imperyalistang US at China. Bago pa ang malaking ehersisyong militar ngayong taon at noong nakaraang taon, ginawa na ng US na base militar ang probinsiya, sa pagtatayo ng monitoring facility nito sa headquarters ng 4th Marine Brigade sa coastal area ng bayan ng Burgos.

Dislokasyon sa kabuhayan ng mangingisda ang idinulot ng war games na ito. Sa pagdedeclarang No Sail Zone ang coastal area ng probinsiya sa buong panahon ng ehersisyo militar, nawala sa isang mangingisda ang mahigit ₱3,000 na arawang kita. Sa ilang bayan gaya ng Pasuquin, nagtakda pa ng multa na aabot sa ₱500,000 ang lalabag sa patakaran. Dagdag pasakit ito sa mga mangingisda na salat na salat na nga ang kita sa pagtama ng El Niño at walang awat na pagtaas ng presyo ng langis.

Nanlilinlang ang AFP sa pagsasabing “minimal” ang danyos sa kalikasan ng nasabing war exercises, sa lakas ng mga ipinutok na mga missile at mga bomba. Nabulabog at lumayo ang mga isda, nasira ang mga bakawan at nadumihan ang karagatang pinagkukunan ng kabuhayan ng mangingisda.

Sa pagdedeclarang matagumpay ang idinaos na war games, tahasang nagpakabingi at nagpakabulag ang AFP at rehimeng Marcos sa naging trauma, panganib at pasakit na idinulot nito sa taumbayan. Sa pagpuri sa “tagumpay” ng Balikatan Exercises, pagsasadlak sa mamamayan sa panganib, at pagyurak sa soberanya ng bayan, lantarang ipinakita ng AFP at rehimeng Marcos kung paano sila nagpapakatuta sa imperyalistang US.

Dapat magkaisa ang mamamayang Ilokano sa pagtutol sa presensya ng mga sundalong Amerikano at pagbabase nila sa Ilocos sa pagmamanman sa China at paghahanda nila sa gera dito. Ang pagpapahayag nila ng pagtutol sa

isinagawang Balikatan Exercises sa Ilocos Norte ay positibong indikasyon ng kanilang anti-imperyalistang sentimyento. Dapat itong palawakin, bigkisin at iangat sa militanteng paglaban na nakakawing sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino sa pagkakamit ng soberanya, kalayaan at kaligtasan laban sa imperyalistang US at lahat ng mga kasabwat at kalaban nitong mga imperyalista. Dapat silang makiisa sa pagtutulak ng diplomatikong pamamaraan sa pagresolba sa mga sigalot sa pag-aagawan ng teritoryong pandagat ng Pilipinas at China. Dapat makiisa ang mamamayang Ilokano sa paggiit sa karapatan sa teritoryong pandagat ng Pilipinas laban sa pang-aagaw ng China at pakikipag-agawan at panghihimasok ng US.

Hinihimok ng NDF-Ilocos ang mamamayang Ilokano na lumahok sa pambansa-demokratikong rebolusyon. Ito lamang ang dudurog sa imperyalismo, at ng salalayan nitong burukrata kapitalismo at pyudalismo sa bayan, upang makamit ang soberanya, kasarinlan at kaligtasan ng mamamayang Pilipino.

Panagutin ang sinungaling na NOLCOM sa paglabag sa karapatan ng sibilyang si Manilyng dela Cruz

Mayo 12, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson
NDF-Southern Tagalog**

Malaking kasinungalingan ang ipinagkakalat ng 91st IB at 7th ID ng Northern Luzon Command

(NOLCOM) na isang Pulang mandirigma ang hinuli nilang buntis na sibilyan sa isinagawang reyd sa isang bahay sa Sityo Pinamaypayan, Barangay Umiray, Dingalan, Aurora noong Abril 21. Bahagi lang ito ng kanilang panlilinlang upang palabasing makatao ang AFP-PNP sa harap ng umaalingasaw na reputasyon nito bilang terorista at may mahabang listahan ng mga paglabag ng karapatang tao sa bansa.

Batay sa nakalap na ulat, ang biktimang si Manilyn dela Cruz, 19, ay isang Dumagat-Remontado na tubong Tanay, Rizal. Karaniwan sa kanilang mga Dumagat ang magpalipat-lipat ng tirahan upang maghanap ng ikabubuhay. Habang natutulog sa kanilang dampa sa Aurora, inatake ng nag-ooperasyon militar si Manilyn at kanyang pamilya nang madaling araw. Walang habas silang pinaputukan ng mga berdugo. Dahil sa takot, nagtakbuhan ang mga kapamilya ni Manilyn habang naiwan siyang sugatan.

Naglulubid ng buhangin ang NOLCOM sa inilabas na pahayag nito hinggil sa “panggagamot” sa isang “CTG” na iniwan umano ng kanyang mga kasamahan sa labanan. Ginagatasan ni Lt. General Fernyl Buca ang sinapit ni Manilyn para siraan ang rebolusyonaryong kilusan habang pinababango ang sarili, ngunit hindi ito tatanggapin ng mamamayan. Hindi makatarungan ang nananatiling paghawak nila sa buntis na si Manilyn at nakapiit sa bisa ng mga isinampang gawa-gawang kasong arson, attempted murder, direct assault with multiple murder at frustrated

murder, sa katotohanang isa siyang inosenteng sibilyan.

Ginagamit ng AFP si Manilyn sa desperadong pagtatangka na pagtakpan ang mahaba at madugong rekord ng reaksyunaryong estado sa paglapastangan sa karapatang tao ng mga sibilyan at rebolusyonaryong pwera. Sa pagprisinta kay Manilyn bilang “hors de combat”, nais maghugas-kamay ng AFP sa karumaldumal na pagpatay sa mga kasapi ng NPA at kadre ng Partido na hors de combat kagaya nina Isagani Isita, Jethro Caraig, Ermin Bellen, Jose Villahermosa, Lucio Simporoso at iba pa sa Timog Katagalugan. Sa mga nabanggit, walang awa silang pinatay sa kabila nang hindi sila armado, may kapansanan o malubhang sugatan. Upang bigyang katwiran, pinakete pa ng AFP-PNP ang mga biktima na “nanlaban”.

Ipokrito sa kaibuturan ang mga tropa ng Northern Luzon Command at buong AFP sa pagdukot sa mga lider-masa at mga aktibista. Sila ang dumukot at nagpwera kina Jhed Tamano at Jonila Castro na sumuko matapos dukutin at tortyurin noong Setyembre ng nakaraang taon. Sila rin ang itinuturong salarin sa pagdukot sa dalawang magsasakang sina Norman Ortiz at Lee Sudario sa Gabaldon, Nueva Ecija sa parehong panahon.

Sa kaso ni Manilyn, malaking pambabaluktot ang pahayag ng AFP sa mga pangyayari. Ang pang-aatake ng AFP kay Manilyn at sa kanyang pamilya ay malinaw na paglabag sa pandaigdigang makataong batas at mga patakaran sa digma. Lumang tugtugin na ang pagpiprisinta ng AFP sa

mga katulad nina Manilyn bilang Pulang mandirigma para ipakitang “nagwawagi” ang kanilang kontra-rebolusyonaryong gera. Samantala, tiyak na kukubra nang malaki ang AFP sa mga kikbak sa mga pekeng programang pagpapasuko ng NTF-ELCAC.

Magiging hudyat din ito ng matinding panggigipit sa komunidad ni Manilyn upang pigilan ang paggigiit ng masang Dumagat sa kanilang karapatan at kagalingan ni Manilyn. Duguan ang kamay at mahaba at ang rekord ng AFP sa paglapastangan sa karapatang tao lalo ng mga sibilyan. Kabi-kabilang pamamaslang, pagdukot, iligal na pang-aaresto, tortyur, panggagahasa at iba pang karumaldumal na krimen ang ginagawa nito sa mamamayan. Kabilang sa mga biktima ng estado ang dalawang Dumagat na sina Randy at Puroy dela Cruz, mga aktibistang kontra sa mapaminsalang Kaliwa Dam. Kabilang sila mga pinatay sa Bloody Sunday Massacre noong Marso 7, 2021.

Tunay na walang pakialam ang AFP sa kapakanan ng mamamayan makamit lamang ang desperadong pangarap nitong lipulin ang rebolusyonaryong kilusan at wakasan ang armadong paglaban ng mamamayang Pilipino sa buong bansa. Lansakang nilalabag nito ang mga makataong batas upang maisakatuparan ang kontra-rebolusyonaryong gera at ang hibang na target sa taong ito—ang wasakin ang mga larangang gerilya hanggang noong nagdaang Marso at ang mga panrehiyunal na pormasyong gerilya naman pagsapit ng Hunyo. Pagtupad ito sa

pangako ng rehimeng Marcos sa imperyalismong US upang maitutok ang mayor na bahagi ng AFP sa niluluto nitong gera laban sa China.

Malaon nang lantad sa mamamayang Pilipino ang tunay na mukha ng AFP bilang nangungunang terorista sa bansa. Marapat lamang na singilin at papanagutin ang reaksyunaryong rehimeng US-Marcos II at AFP-PNP sa mga krimen nito sa mamamayan. Kailangang labanan ang pang-aapi at pagsasamantala upang maipagtanggol ang karapatan ng mamamayan.

Dapat ding igiit ang kagyat na pagpapalaya kay Manilyn lalo't buntis siya. Ibasura ang mga gawagawang kaso laban sa kanya. Kailangang suportahan ang pakikibaka ng mga kaanak ni Manilyn at ng Dumagat at Remontado para sa kanilang karapatan sa lupa, kabuhayan at sariling pagpapasya.

Hangga't nagpapatuloy ang pang-aapi at pagsasamantala ng reaksyunaryong estado, magpapatuloy rin ang makatarungang pakikibaka ng rebolusyonaryong kilusan. Maaaring sumapi sa NPA ang sinumang handang tumangan ng sandata upang ipagtanggol ang kanilang sarili at ang mamamayan laban sa terorismo ng estado at isulong ang kanilang demokratikong karapatan. #

Ilantad ang paghuhugas-kamay ng 5th ID kasunod ng aerial bombing sa Peñablanca, Cagayan!

Mayo 15, 2024

Celia Corpuz, Spokesperson NDF-Cagayan

Malakas ang loob ng 502nd Infantry Brigade, 5th Infantry Division, Tactical Operations Group-2 (TOG2-PAF), at Task Force Tala na walang-patumanggang bombahin ang komunidad ng Lapi, Peñablanca ngunit bahag naman ang buntot nito na panindigan at akuin ang pananagutan sa idinulot nitong matinding takot at trauma sa mga mamamayan. Ngayong nagisa sila sa sarili nilang mantika, itinatanggi na nila ang teroristang lagim.

Sa ginagawa nitong pambabaluktot sa tunay na nangyari—na nagpakawala ang kanilang mga attack helicopter at fighter jet ng tatlo hanggang 10 bomba, na sinundan ng istraping ng .50 caliber machine gun, batay sa mga nakasaksi at panimulang ulat—lalo lamang nilang dinudungisan ang malaon nang maduming reputasyon ng AFP bilang mga tagapaglako ng saywar at disimpormasyon, at lalong namumulat ang mamamayan sa kabulukan ng AFP.

Dahil sa lawak ng saklaw ng pinsala at pagkundera mula sa mga residente, ipokritong isinisisi nito ang nangyaring pagsabog sa diumano’y mga “improvised explosive device (EID) ng BHB.” Kaugnay nito, inililinaw at pinabubulaan ng BHB-Cagayan ang gayong paratang. Ang mga testimonya, bidyo at larawan ang magpapawalang-saysay sa mga hungkag na akusasyong ito ng 5th ID.

Umaga pa lamang ng Mayo 9, namataan na ang paglipad ng dalawang attack helicopter sa bahagi

ng Peñablanca at nagtuluy-tuloy hanggang gabi, hanggang sa ginimbal ng kakaibang tunog ang mga residente ng Tuguegarao City at Peñablanca dahil sa sobrang babang paglipad ng fighter jet. Walang kung anu-ano'y sinundan ito ng magkakasunod at malalakas na pagsabog na yumanig sa mga kalapit na bayan bandang alas-2 hanggang alas-3 ng madaling araw. Narinig at naramdam ito maging sa mga bayan ng Baggao, Enrile at Amulung batay na rin sa salaysalay ng mga residente.

Bumuhos ang mga paglalahad ng takot at pangamba sa social media, na noong una nga'y inakalang bahagi ng Balikatan exercises. Alas-7 na ng umaga ng kinumpirma ng militar sa pamamagitan ng Facebook post ng Radyo Pilipinas Tuguegarao, na sila ang nasa likod ng teroristang pambobomba mula sa ere. Batay sa naman Facebook post ng lokal na pamahalaang bayan ng Peñablanca, kinumpirma mismo ng punong barangay ng Lapi "na narinig nila ang mga sasakyang panghimpapawid kasabay ng mga pagsabog at putukan sa bulubunduking bahagi ng barangay noong madaling araw na nagdulot ng pangamba sa mga residente." May mga kalakip itong larawan sa lugar ngunit agad ding tinanggal sa post. Dagdag pa, may mga residente nang lumikas at nagtungo sa mga kamag-anak at sa mga kalapit na baryo.

Dapat na singilin at panagutin ang 5th ID sa pamumununo ni MGen Audrey Pasia, BGen Eugene Mata ng 502nd IBde, Col Glenn Piquero, Group Commander ng TOG2-PAF at ang buong

Northern Luzon Command (NoCom) sa isa na namang insidente ng paglabag sa internasyunal na makataong batas (IHL). Malinaw na isinasaad sa Geneva Conventions ang pangangalaga sa kaligtasan sa mga sibilyan at sa mga hindi tuwirang kalahok sa digma, sa proseso at kondukta ng paglulunsad nito. Ang pambobomba mula sa himpapawid ay malinaw na paglabag sa panuntunang ito dahil hindi nito napag-iiba ang mga sibilyan sa mga kombatant. Labis-labis din ang paggamit ng pwersa (disproportionate use of force) laban sa sinasabing “tira-tira at walang kakayahang lumaban” ngunit sa aktwal ay pangunahing tumarget sa mga sibilyang komunidad at sakahan.

Dapat na buklurin ang pinakamalawak na nagkakaisang prente upang labanan ang mga indiscriminate bombing na inilulunsad ng pasistang AFP. Hinihimok ng buong rebolusyonaryong pwersa sa Cagayan ang mga tagapagtanggol sa karapatang-tao, taong-simbahan, makakalikasan, midya at iba pang mga indibidwal at organisasyon na maglunsad ng imbestigasyon at fact-finding mission sa mga lugar na apektado. Kasabay nito ay dapat na paalingawngawin ang pagkumdena at paglalantad sa aerial bombing ng 5th ID na nagsapanganib sa buhay at kabuhayan ng mga Cagayano. Ito na ang pangwalong kaso ng terorismo mula sa himpapawid ng 5th ID sa prubinsya lamang ng Cagayan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos Jr. Dapat na batikusin ang 5th ID sa paglulustay nito sa buwis ng mamamayan para sa mga bomba at bala, na dapat sana’y inilalaan para sa

kagalingang masa at mga serbisyong panlipunan. Habang pinapatay sa gutom at pagdarahop ang mga Cagayano dahil sa matinding epekto ng El Niño at kriminal na kapabayaang ng estado, ngayon ay literal naman silang pinapatay ng teroristang lagim ng AFP.

Labanan ang tuluy-tuloy at tumitinding militarisasyon sa Cagayan Valley!

Mayo 15, 2024

Salvador del Pueblo, Spokesperson NDF-Cagayan Valley

Pinasahol ng katatapos lang na Balikatan exercise at pambobomba mula sa ere sa Barangay Lapi, Peñablanca, Cagayan ang dati nang maigting na militarisasyon sa mga kanayunan ng Cagayan Valley. Walang pakundangan ang paghahasik ng AFP ng teroristang lagim at patuloy na binabalot sa takot at pangamba ang mga mamamayan na lubhang nakakaapekto sa kanilang mga kabuhayan.

Tuluy-tuloy na bilateral exercises

Nananatili pa rin ang mga tropa ng militar ng US sa lalawigan ng Batanes. Noong Mayo 11 ay sinimulan ang Salaknib exercise sa bayan ng Basco. Sa tabing ng “port improvement project” sinimulan na ng dalawang grupo ng US Army ang paghahakot ng bato mula sa Basco Port. Inilalakong “civilian port” ang nasabing pantalan na sa katunayan ay magsisilbing daungan ng mga

barkong pandigma ng US. Isa lamang ito sa mga imprastrukturang itinatayo ng US sa isla ng Batanes na kinabibilangan ng iba pang pasilidad sa Chadpidan, Basco at sa San Rafael, Itbayat at Mavulis Island.

Samantala, hindi naman napigilan ng mga mamamayang Ivatan na mangamba at mag-alala sa pagdagsa ng mga tropang militar ng US sa kanilang isla sa nakaraang Balikatan. Matinding takot ang idinulot sa kanila ng halos araw-araw na paglipad ng mga Black Hawk at Chinook na ginamit sa pagsasanay, at naghatid sa mga tropa ng MBLT-10 at 2nd IBde at 3rd IBde ng 25th ID US Army kasama ng kanilang mga kagamitan, lalo na't may nakakabit na bomba at masinggan sa mga sasakyang panghimpapawid na ito na kitangkita ng mga residente. Hindi na napigilan ang pagbuhos ng mga komentaryo at sentimyento ng mga Ivatan sa naturang pagsasanay, bagay na pilit na pinigilan ng lokal na pamahalaan sa pagsasabing, "walang dapat ipag-alala at itigil ang pagpopost sa Facebook ng mga bagay na may kaugnayan sa pagsasanay na magdudulot ng takot sa iba." Ngunit giit ng mga Ivatan, "Kapayapaan ang gusto namin. Ayaw naming madamay sa gyera. Lalo lamang titindi ang tensyon sa pagitan ng China kung bubuhos ang sandamakmak na sundalo ng US sa isla."

Kasabay ng Salaknib exercise ay ang pagbubukas ng Kasangga exercise sa pagitan ng Philippine Army at Australian Defense Force (ADF) na nilahukan ng 100 tropa ng 86th IB, 5th Infantry Division PA at 50 pwersa ng 1st Battalion, Royal

Australian Regiment (RAR), Australian Army noong Mayo 13 sa hedkwarters ng 5th ID sa Gamu, Isabela, na magtatagal hanggang Hunyo 21.

Hindi pa nga napapanatag ang mga Isabeleño mula sa isinagawang air assault operations ng Balikatan sa lalawigan noong Abril 30, sinundan na naman ito ng mga katulad na pagsasanay. Mas malala pa, kabilang sa mga sasanayin ang pagpapakawala ng mga mortar at drone operations na tiyak na magdudulot ng ligalig sa mga pamayanan, at “paglaban sa terorismo” na pangunahing nakatuon sa pandarahas sa mga magsasaka at aktibista.

Walang-puknat na FMO

Pinagmumukhang tanga ng 5th ID ang kanilang sariling hanay sa pangangatwirang kinailangan nila ng air support mula sa TOG2-PAF para sa kanilang kontra-insurhensiyang operasyon gayong maya’t maya ang kanilang deklarasyong “wala nang NPA sa Cagayan Valley” at “lubhang mahina at walang kakayahang lumaban ang natitirang NPA.”

Desperado ngayon ang 5th ID na takasan ang kanilang krimen kasunod sa walang-patumanggang pambobomba ng kanilang mga attack helicopter at fighter jet sa Peñablanca, Cagayan na ikinagalit ng mamamayang Cagayano. Upang pagtakpan ang terorismo at kahihiyang natanggap, isinisisi ngayon ng mga pasista ang malalakas na pagsabog—na nagdulot ng troma at nagpalikas ng mga residente—sa “improvised

explosive device” ng mga “tira-tira at walang matakbuhan mga kasapi ng NPA.” Sabagay, hindi naman na nakakagulat ang ganitong mga pakana ng AFP sa tuwing nalalantad ang kabulukan ng kanilang hanay at natatalo sa pulitika.

Samantala, militarizado pa rin ang baryo ng Lapi at mga karatig lugar na saklaw ng Lagum (Manga, Buyun, Nabbabablayan, at Minanga) kasunod ng inilulunsad na hot pursuit operation ng 5th ID at Task Force-Tala. Sa aktwal, mga mamamayan at magsasaka ang pangunahing apektado sa ganitong mga operasyon kung saan pinagbabawalan silang pumunta sa kanilang mga bukirin at sakahan, kontrolado ang kanilang malayang paggalaw sa araw-araw, nagpapatupad ng blokeyo sa pagkain, at nagtatakda ng karkopyu. Susundan na rin ito ng pagransak sa mga kabahayan at paghihimpil sa mga sibilyang pasilidad tulad ng mga eskwelahan at barangay hall.

Maging sa mga lugar na paulit-ulit na idineklarang “insurgency-free/cleared” ay hindi pa rin tinatantanan ng mga bergudong militar. Patuloy din nilang pinagkakakitaan ang mga magsasaka at dating mga kasapi ng NPA sa paulit-ulit na pagpaparada sa kanila bilang mga “surenderi.”

Militar sa kanayunan, palayasin!

Dapat na magkaisa ang malawak na masa ng mamamayan ng Cagayan Valley upang igiit at ipagtanggol ang soberanya ng bansa at labanan ang umiigting na militarisasyon sa kanayunan at pagdagsa ng mga sundalong dayuhan sa rehiyon.

Dapat na buklurin ang pinakamalapad na nagkakaisang prente upang lansagin ang mga kampo militar ng US sa ilalim ng EDCA (Lallo at Sta. Ana sa Cagayan; at Gamu, Isabela) at pigilan ang pagtatayo ng mga karagdang pasilidad sa iba't ibang bahagi at mga isla ng rehiyon. Dapat ding ilaban ang pagbabasura sa mga tagibang na kasunduang militar sa pagitan ng US at Pilipinas, pagpapalayas ang mga sundalong Amerikano, pagwawakas sa mga ehersisyong militar tulad ng Balikatan, at ipatigil ang pagpopondo ng US sa AFP na pangunahing ginagamit sa terorismo laban sa mamamayan.

Kinakailangang palakasin ang panawagan at kampanya laban sa pambobomba mula sa himpapawid. Dapat na matapang at mapangahas na maglunsad ng mga imbestigasyon sa mga insidente ng pambobomba at paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas. Hinihimok ang mga alagad ng midya, tagapagtanggol ng karapatang-tao, makakalikahan, taong-simbahan at iba pang sektor na lumahok sa mga pagsisiyasat at fact-finding mission upang mapanaig ang katotohanan at mapanagot ang mga dapat managot.

Ang Bagong Hukbong Bayan, sa kabilang banda, ay laging nagsisikap sa pagtupad nito sa kanyang tungkulin na ipagtanggol ang kapakanan at karapatan ng masang api. Walang-kapaguran ang BHB na maglilingkod sa mga mamamayan ng Cagayan Valley. Sa abot ng makakaya, maglulunsad ito ng mga aksyong militar upang parusahan ang mga pinakasagadsaring kaaway sa

uri at mga galamay ng kaaway, at maglulunsad ng taktikal na opensiba upang bigwasan ang pasistang militar sa terorismo nito laban sa mamamayan. Samakatwid, dapat na sustinidong palakasin ang BHB, ang tunay na hukbo ng bayan, na siyang pangunahing sandata ng mamamayan laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang Partido, BHB at buong pambansa-demokratikong pwersa ang tunay na nakikibaka para sa soberanya at panlipunang paglaya. Mahahawan lamang ang landas tungo sa lipunang tunay na malaya mula sa kontrol ng dayuhan sa pamamagitan ng paglulunsad at pananagumpay ng dalawang-yugtong rebolusyon.

El Niño and state fascism worsen Negros Island's economic crisis

Mayo 16, 2024

**Bayani Obrero, Spokesperson
NDF-Negros Island**

The drawn out El Niño phenomenon has put the Negrosanon masses in immensely dire straits. Roughly 16,000 farmers, farm workers and fisherfolk all over the island are affected by drought and extreme heat.

Damage caused by El Niño to agricultural products, livestock and fisheries in Negros Occidental is more than Php300 million affecting 5,864 hectares of rice lands and 178.91 hectares of corn fields; while it has reached over Php1.6

billion affecting around 4,900 hectares of agricultural lands in Negros Oriental. The monocrop sugar economy on the island has been particularly hit with more than Php200 million of damages to 4,705 hectares of sugarcane fields in Negros Occidental.

The reactionary government has already declared the entire province of Negros Oriental under state of calamity. Meanwhile two cities and one municipality in Negros Occidental, namely San Carlos City, Kabankalan City and San Enrique, are now under state of calamity.

As the drought has spanned for months, the reactionary government's efforts prove to be lackluster. The US-Marcos II regime has given more promises than actual aid to the people. The corruption inside the bureaucracy has rotten it to the core to the point that it exploits the people's demand for their economic rights and welfare to serve their interests and swell up their pockets. The reactionary bureaucracy is now more focused on preparing for next year's reactionary elections.

Meanwhile, it is utter insult to small planters, farm workers and sugar mill workers that the reactionary government, through the Sugar Regulatory Administration, is pushing to meet the 24,700 metric tons US raw sugar export quota by June to September this year and at the same time planning to import sugar in the second half of the year to respond to the impending sugar deficit as a result of the El Niño phenomenon. These farcical moves will only benefit big traders who are also the comprador bourgeoisie and big landlords.

Furthermore, the economic crisis impacted by El Niño is worsened by intensified militarization on the island. Large-scale military operations of the Armed Forces of the Philippines (AFP) continue to attack the disaster-stricken hinterlands of Negros. Recently in Himamaylan City, soldiers of the 94th IB Charlie Company based in Barangay Mahalang with elements of the Citizen Armed Force Geographical Unit (CAFGU) hindered local farmers of Sitio Kangkiling, Barangay Buenavista from cutting sugarcane in their small communal farm because it allegedly belonged to the New People's Army (NPA). The military threatened the farmers with violence if they dare to continue cutting the sugarcane.

In the midst of extreme hunger, landlessness and poverty, reactionary state forces also enforce community hamletting and curfews akin to martial law. Cases of human rights violations perpetrated by the AFP, Philippine National Police (PNP), and the National Task Force (NTF)-Elcac throughout Negros Island keep increasing. Red-tagging and filing of trumped-up charges against legitimate community organizers also continue despite the recent Supreme Court ruling on red-tagging's threat against life and liberty.

Ultimately, only the NPA along with the revolutionary mass organizations led by the Communist Party of the Philippines (CPP) has shown sincere interest in helping the Negrosanon masses during times of crises and calamities. Cooperation of the masses and Red fighters prove to help in the recovery of damages in livelihoods

and production during El Niño. Collective action of the people has reaped way more compared to false and hollow promises of the reactionary government.

The efforts of the National Democratic Front (NDF)-Negros and its allied organizations will carry on as the socioeconomic and humanitarian crisis on the island lingers. We enjoin patriotic and progressive individuals and organizations to work hand-in-hand with the peasantry to overcome the El Niño and the burden of state terrorism.

Sabat sang LPC-NPA sa mga Kabutigan sang 303rd BdePA

Mayo 16, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Daw basa nga kuring si B/Gen. Orlando Edralin sang 303rd BdePA nga nagapakitluoy sa Commission on Human Rights (CHR)-Negros Occidental agud kondenahon ang New People's Army (NPA) kaangot sa asud-asod nga kadalag-an sini gikan Abril tubtob Mayo batok sa mga espiya sang Armed Forces of the Philippines (AFP). Nahuy-an lang si Edralin nga nalutsan gihapon sila sang mga madinalag-on nga aksyon militar sang NPA sa likod sang pasulit-sulit kag istorya kuris-kuris nga kuno "dismantled" na ang mga larangan gerilya ilabi na ang Leonardo Panaligan Command (LPC-NPA) sa Central Negros.

Ang pasismo nga tatak sang AFP, Philippine National Police (PNP) kag iban pa nga mapintas nga makinaryas sang estado kag ang nagahuyango nga malakolonyal kag malapyudal nga sosyedad Pilipino bangud sang nagasingki nga krisis sa ekonomiya kag politika sa tunga sang kampo Marcos-Duterte nagtuga sang madalum nga banggi-anay sa hanay sang AFP, PNP kag iban pa nga partido pulitikal. Ang nagalala nga krisis sang ekonomiya sang sistemang kapitalismo, ang nagatulod sa pumuluyong Pilipino labi na ang Negrosanon nga usuyon ang makatarunganon nga dalan sang armadong paghimakas sa pagrebolusyon para sa tunay nga pagbag-o sosyal.

Hilway nga nagatungod ang CPP-NPA sang hilikuton masa agud pukawon, organisahon kag pahulagon ang pumuluyong Negrosanon sa pagtukod kag pagpalig-on sang baseng masa, pagpatuman sang agraryong rebolusyon kag pag-angat sa mas mataas nga halintang sang inaway banwa sa giya sang ika-tatlo nga kahublagan panadlong dira sa wala paghubas nga suporta sang masang Negrosanon. Kabaliskaran sa ginataghol ni Edralin nga “naglinapta nalang ang NPA” kag “makapalagyo ang NPA apang indi makatago.”

Tuman kalapad ang isla sang Negros, bisan pa magdupa ang tanan nga tropa militar kag mga kapulisan sa isla kag pila pa ka B/Gen. Edralin kag M/Gen. Sison ang mag-kapitbisig. Ang rebolusyon ang indi gid mapunggan sa pag-abante sandig na sa maragtason nga inagihan sang armadong paghimakas sa isla. Bangud wala malutos kag

mawasak ang rebolusyonaryong kahublagan sadtong 1990 sang “Oplan Thunderbolt” sang militar nga kusog-kumpanya lamang ang NPA sa isla, ma’s labi na gid karun nga nagapabilin ang lima ka larangan gerilya.

Ang ginatikal nga yara sa idalum sang state of Internal Peace and Security (SIPS) ang isla sang Negros isa ka pinurga nga deklarasyon kag hunahuna sang 3ID, 302nd BdePA kag 303rd BdePA. Imbes nga SIPS, nahimo nga sip-sip bangud papogi-points lamang sang AFP, PNP kag NTF-Elcac agud papatihon ang lokal nga nagahari nga sahi, dalagkong burgesya komprador, agalon may duta kag engganyuhon ang mga dumuluong nga kapitalista sa bukas nga pagnegosyo sa probinsya. Indi man kaluwas ang AFP sa presyur kag pagpanulsol sang imperyalistang Estados Unidos sa tensyon sa tunga sang China kag Pilipinas sa West Philippine Sea kag pag-eskalar sang gyera pangkalibutanon. Bisan pa nagapabilin ang problema sang internal security, mapilitan ang mersenaryong AFP nga mag-asikaso sang external security threat sa pagsabat sang kagustuhan sang Estados Unidos.

Samtang nagaluntad ang gyera sibil sa pungsod, nagaluntad man ang rebolusyonaryong gahum sang pumuluyo sa kaumahan batok sa gobyerno sang reaksyon. Samtang nagasinggit sang katarungan kag hustisya ang pigos nga Negrosanon, magapadayon man ang pag-andar kag proseso sang rebolusyonaryong hustisya sang rebolusyonaryong gobyerno sang pumuluyo sa

kaumahan batok sa manuggigos kag mahimuslanon.

Kon ang reblusyonaryonaryong kahublagan paagi sa NPA ang nagapatuman sa pagsilot sa mga espiya sang estado kag iban pa nga mga kriminal kag malain nga elemento gikan sa proseso sang reblusyonaryong korte sang pumuluyo kag gina-ako ini sa publiko, ang AFP kag PNP ang nagahimo sang lapnagon nga mga ekstrahudisyal nga pagpamatay kag wala gina-ako kag hinabunan pa sa modus sang peke nga engkwentro.

Ang LPC-NPA nagapanawagan sa tanan nga indi gid magpa-into kag magpagamit sa AFP, PNP kag NTF-Elcac sa ginalunsar nga kontra-reblusyon nga kampanya. Magpangabuhi sang insakto nga wala nagalapak sa kinamatarung sang pumuluyo kag reblusyon. Sa aktwal, ang militar ang wala naga-ako kag indi makadepensa sa mga nagtraydor sa reblusyon sa tanan nga oras. Ang NPA ang magasukot sa mga may utang nga dugo sa pumuluyo kag reblusyon matapos nga mapamatud-an sa korte sang pumuluyo. ###

62nd IB Nagapamahug sa Pumuluyo sang Central Negros

Mayo 17, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Sugod Mayo 11 tubtob karun nga adlaw Mayo 16, nagapabilin ang presensya militar sa mga

komunidad sang mangunguma sa Moises Padilla, Negros Occidental, kag sa Canlaon City kag Guihulngan City sang Negros Oriental.

Mayo 16 makit-an ang 25 ka tropa sang 62nd IB sa Sityo Kambairan, Barangay Trinidad, Guihulngan City. Ang 10 ka pasistang tropa pilit nga nagapanaka-saka sa mga kabalayan sang nasambit nga sityo. Samtang ang 15 ka tropa sang nasambit nga militar ang naglunsar sang checkpoint nga nagtuga sang pagdelatar sa normal nga hulag kag pagsinalayo sang mga pumuluyo. Nagtuga ini sang kahadlok kag kakugmat sa mga kadam-an labi na sa mga gagmay nga kabataan sa lugar. May kolum man sang militar sa mga sityo sang Tuko kag Banderahan, sa ao gihapon nga barangay.

Samtang may kolum man sang 62nd IB nga nagatiner sa simbahan kag publiko nga plasa sang Sityo Banat-e, Barangay Macagahay, Moises Padilla. Pilit man nga ginasaka ang mga kabalayan sa pihak sang pagdumili sang mga residente.

Sa Sityo sang Malatnglad sakop sang Barangay Budlasan, Canlaon City, ginapangsaka-saka man ang kabalayan sang pumuluyo. Subong man, makita man ang kolum sang pasista kag berdugong tropa sa Sityo Proper sang Brgy Bucalan tanan sang Canlaon City, Negros Oriental.

AFP, PNP and NTF-Elcac are the actual butchers

Mayo 19, 2024

**Maoche Legislador, Spokesperson
NPA Negros Island Regional Operational
Command (Apolinario Gatmaitan Command)**

The Apolinario Gatmaitan Command-New People's Army Negros Island Regional Operations Command (AGC-NPA) condemns the shameless attempt of the Armed Forces of the Philippines (AFP) and National Task Force (NTF)-Elcac to cover up their bloody crimes against the Negrosanon masses by calling military actions of the NPA against legitimate military targets, being active assets and personnel of the AFP used in fascist suppression, and its meting out of revolutionary justice on a rapist as "killing spree."

MGen. Marion Sison of the 3rd Infantry Division and his fellow criminals in the AFP, Philippine National Police (PNP) and NTF-Elcac whose hands are crimsoned with Negrosanon blood are the actual butchers much like their commander-in-chief Marcos Jr.

The NPA Negros' military actions these past few weeks challenge the reactionary state forces' push for the declaration of Negros Island under a state of Stable Internal Peace and Security (SIPS). The reactionary's "dismantled NPA" script is worn out as the revolutionary movement continues to persevere in launching mass struggles and waging armed revolution.

Frustrated with every pointless deadline for the defeat of the revolutionary movement and desperate to please their US imperialist master's wishes, the AFP, PNP and NTF-Elcac are pointing

the whole attack machinery of the reactionary state at activists and progressive organizations in the name of ending their “internal security problem.” Here in Negros, activists and civil society groups are being red-tagged, surveilled, threatened and harassed, and charged with trumped-up cases.

While the people applaud the revolutionary justice served by the NPA, they are enraged with the brazen and ruthless counterrevolutionary campaign of the fascist US-Marcos II regime that has unleashed the worst kind of human rights violations throughout Negros Island. The AFP and the reactionary state are perpetuating a culture of impunity and senseless killings. And behind this rabid attack on the Negrosanon masses are neoliberal projects like destructive mining and quarrying, mega dams, privatization of public utilities and services, commercial plantations, land reclamation and land conversion that will cause even more hardships to the people of Negros.

The NPA is the people’s weapon against the exploitative and oppressive ruling classes that sustain the rotting semicolonial and semifeudal system. With the unfathomable support of the people and the absolute leadership of the Communist Party of the Philippines, the NPA builds its strength by waging armed struggle, implementing agrarian revolution and building the mass base and organs of political power.

Negrosanons, together with the entire Filipino people, must intensify as well their anti-imperialist, anti-feudal and anti-fascist campaigns.

They must resist the imperialist neoliberal onslaught on the island and utterly condemn Marcos Jr's puppetry that puts the Filipino people in the middle of a brewing inter-imperialist conflict. They must fight land monopoly of big landlords, launch campaigns to arouse, organize and mobilize the hundreds of thousands of farm workers chained to the monocrop sugar industry, and struggle against other forms of feudal and semifeudal exploitation.

It is also consequential for the people of Negros to put an end to the de facto martial law on the island. Genuine peace-loving individuals and groups and human rights advocates must condemn the Marcos II regime for the unbridled state terrorism on Negros Island and the whole country, as well. Furthermore, the current Marcos regime and all past fascist regimes must be made accountable for all state-sponsored atrocities against the people.

From the intensified struggles of the people, in the countryside and the cities, thousands of Red fighters will emerge especially from the working class and youth which will fortify the NPA's capacity to launch tactical offensives that it can win to weaken the enemy, accumulate more weapons and, in the long run, seize political power from the big comprador-landlord class to build a society free of exploitation and oppression.

Heightening the people's war on Negros Island is highly imperative at this moment. All five guerrilla fronts under the AGC-NPA are ever determined to

embark on the arduous path towards national liberation and democracy.###

3 tropa ng AFP patay sa nangyaring engkwentro sa pagitan ng AFP at NPA-Aurora

Mayo 20, 2024

NPA-Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Mariing kinukundena ng NPA-Aurora sa ilalim ng Josepino Corpuz Command-Gitnang Luzon ang walang patumanggang pagpapaputok ng tropa ng 7th DRC sa mga sibilyang inabutan ng engkwentro sa Barangay Toytoy, Dipaculao, Aurora na nagdulot ng ilang kaswalti sa mga sibilyan sa lugar. Sa katunayan, isang kabataang estudyante sa baryo ang natamaan at namatay.

Kaninang alas-7 ng umaga ay nagkaroon ng engkwentro ang NPA-Aurora at tropa ng AFP.

Halos ilang araw pa lamang nakakabalik sa kanilang mga uma at kaingin ang mga tao sa nasabing lugar dahil mula Abril nitong taon ay pinagbawalan na silang pumunta ng malaya sa kanilang bukid, niyugan, at gulayan. Ito ang pamalagiang daing ng mga residente sa lugar.

Nais naming ipabatid sa publiko na nakakatiyak ang NPA na tanging sa armadong tropa lamang ng AFP ang direksyon ng mga balang pinakawalan ng mga kasama. Sama-samang lumaban at nag-aalalayan ang mga kasama hanggang makalayo sa pinangyarihan ng enkwentro.

Labis na pinasisinungalingan ng NPA-Aurora na may nasawi sa aming hanay. Bagkus, ang mga naglabasang mga larawan sa social media ay mga tropa ng AFP na pinalabas lamang nila na mga NPA upang maghugas ng kahihyan sa halos 'di matapos-tapos na sustinidong focused military operation (FMO) nitong nagdaang mga buwan, mula pa pagtuntong ng taong 2024.

Ang mga magastos na operasyong militar na ito ay hindi lamang lumulustay sa pondo ng bayan sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na operasyon na gumagamit ng mga sopistikadong kagamitan tulad ng mga drone at pagpapalipad ng Spyplane kundi ito rin ay nagdulot na malawakang dislokasyon sa kabuhayan ng mga masang magsasaka at magniniyog na pinagbabawalang pumunta sa kanilang mga taniman sa panahon ng mga operasyong kombat.

Patunay ito na hindi magagapi ang NPA sa Gitnang Luzon.

Nananawagan ang CPP-NPA-NDF-Aurora na magkaisa ang mamamayan na maggiit ng karapatan sa kabuhayan. Sa mga taong simbahan, mga organisasyong mapangkawanggawa at sa mga totoong public servant ay nananawagan kami na tulungan ang mga residenteng tiyak na gigipitin ng AFP na magdudulot ng kawalan ng hanapbuhay at paglabag sa kanilang mga karapatang pantao.

Sa mga mamamayan ng Aurora, kailangang manindigan at igiit ang karapatan sa kabuhayan. Huwag hayaan ang AFP na pigilan ang inyong

karapatan para sa mapayapang paghahanapbuhay.

Hustisya! Padayon nga Singgitan sang mga Pumuluyo sa Central Negros

Mayo 20, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Taas-kamao nga nagasinggitan sang hustisya ang mga pumuluyo sa kaumahan sang Central Negros subong nga adlaw, Mayo 20. Nagasimpatiya man kami sa mga pamilya sang biktima sang padayon kag lapnagon nga pagbayolar sang tawhanon nga kinamatarung sang pumuluyo sa mga kaumahan sang Central Negros kaangay sang redtagging, iligal nga pagpang-aresto paagi sa hinimu-himo nga mga kaso, pagpamahug, paagpangbomba, kag ekstrahudisyal nga pagpamatay kag pagmasaker sa mga inosenteng sibilyan nga ginkomiter sang Armed Forces of the Philippines (AFP), Philippine National Police (PNP) kag mga paramilitar sini sa idalom sang “duguon nga kamot” sang rehimen US-Marcos II.

Ang Leonardo Panaligan Command-New People’s Army (LPC-NPA) kag Communist Party of the Philippines (CPP), mga alyado kag abyan upod ang bug-os nga rebolusyonaryong masa kag mga pumuluyo, mabaskog nga nagakondenar sa brutal nga pagpamatay sa mga inosenteng mangunguma sang Moises Padilla, Negros Occidental kag Guihulgan City, Negros Oriental sang nagligad

nga Mayo 20 kag Mayo 21, 2023. Ginhatagan sang LPC-NPA sang pagpasidungog ang kabuhi sang mag-asawa nga Julieven Ramirez, 23 anyos, kag Evelyn Meren, 31 anyos, kag mangunguma nga si Ruben Obidas tanan sang Barangay Quintin Remo, Moises Padilla. Lakip nga ginapasidunggan ang mag-amay nga sanday Jurielen Babor kag Antonio Babor sa Sityo Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City nga wala kaluoy nga ginpamatay sang pasistang militar.

Nadumduman, Mayo 20, 2023 alas 5:00 sang kaagahon, natabo ang engkwentro sa tunga sang NPA kag berdugong tropa sang 62nd IB sa pagpamuno ni Col. William Pesase sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla. Samtang nagalapuyot ang linukpanay, ginpa-arakan man sang “trigger happy” nga 62nd IB ang balay sang mag-asawa nga Ramirez, diin ara man sa sulod ang nasambit nga mag-asawa. Gilayon nga ginlusob sang militar ang balay kag nakita sini nga pilason kag buhi pa ang mag-asawa. Wala-kaluoy nga ginpangtiro sang 62nd IB ang mag-asawa rason sang ila hilaw nga kamatayon. Patay man si Obidas matapos ang patarasak nga pagpaniro sang berdugong 62nd IB. Ginlakip ang mag-asawang Ramirez kag si Obidas nga mga kaswalti sa hanay sang NPA. Ang mga biktima tumandok sa amo nga lugar.

Samtang Mayo 21, 2023 pasado alas 5:00 sang kaagahon natabo naman ang separado nga engkwentro sa tunga sang NPA kag tropa sang 16th Scout Ranger Company sa Sityo Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City.

Sa patarasak man nga pagpaniro sang nasambit nga pasistang tropa, napatay ang mag-amay nga sanday Jurielen Babor, 27 anyos, kag Antonio Babor, 77 anyos, mga mga sibilyan kag tumandok nga mangunguma sa nasambit nga lugar.

Ang pumuluyo kag tanan nga yunit sang LPC-NPA sa Central Negros upod sa pamilya sang mga biktima sang mga kalakasan sang pasistang tropa militar sa idalum sang terorismo sang US-Marcos II, ang padayon nga magahimakas kag indi mag-untat sa pagpangita sang nagakaigo nga hustisya.

“Wala bisan anu ang pumuluyo kon wala sang NPA.” Padayon sini nga pangapinan ang interes sang malapad nga masang pigos kag ginahimuslan sa isla sang Negros.

Mabuhay ang mga martir sang paghimakas!
Mabuhay ang masa! ###

Pula nga Pagsaludo sa mga Baganihan nga Pulang Hangaway sang Banwa

Mayo 20, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Ang Leonardo Panaligan Command-New People’s Army (LPC-NPA) sa absoluto nga pagpamuno sang Communist Party of the Philippines (CPP), mga rebolusyonaryong masa, mga alyado kag mga abyan sang rebolusyon, ang taas-kamao nga nagabayaw sang kamot tanda sang Pula nga pagsaludo sa paghanduraw kag paghatag sang

rebolusyonaryong nga pagpasidungog sa bilidhon nga kabuhi nanday Ka Ryan (Julwar Loviano), Ka Dagger (Alvin Bayno), Ka Cris (Cristito Nelles Jr), Ka Marnie (Rolly Benero) sa isa ka tuig nga pagsukat sang ila pagkamartir kag baganihan sa rebolusyon dira sa determinado nga pagsulong sang armadong paghimakas.

Nadumduman, sang nagligad nga Mayo 20, 2023 natabo ang engkwentro sa tunga sang NPA kag tropa sang berdugong 62nd IB alas 5:00 sang kaagahon sa Sityo Napiluan, Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental nga nagresulta sang pagkamartir sang duha ka mga kaupod nga sanday Ka Ryan kag Ka Dagger.

Si Ka Dagger ang isa sa mga katapo sang squad 1 nga una nakapalupok sa kaaway nga tuyo magreyd sa ila posisyon. Nagresulta sang gilayon nga pagka-pindown sang isa ka tim nga tropa sang 62nd IB. Alas 5:00 pasado samtang lapuyot na ang inaway, nasamaran si Ka Dagger kag wala na sang ikasarang nga magbato. Gin-asolt sang militar ang ila posisyon kag pilason apang buhi pa si Ka Dagger. Hungod nga ginpatay sang 62nd IB si Ka Dagger sandig sa polisiya sang berdugong tropa nga “wala dakpon nga buhi sa NPA.” Samtang si Ka Ryan, katapo sang squad 2, ang wala duha-duha nga nagbato sa pangontra, naigo sang bala nga gintunaan sang iya pagkamartir, pasado alas 8:00 sang aga, sa tunga sang nagapadayon nga inaway, sang gin-atubang sini ang isa pa ka kolum sang kaaway samtang nagamani-obra.

Ang kapin sa duha ka oras nga engkwentro, nagresulta sang apat nga killed in action (KIA) sa

tropa sang 62nd IB samtang duha man ang kaswalti sa mga Pulang hangaway kag tatlo naman sa mga inosenteng sibilyan nga ginpasibangdan nga katapo sang NPA kag desperado nga ginpamatay sang pasistang tropa militar.

Sa pihak nga bahin, Mayo 21, 2023 alas 5:00 sang kaagahon, natabo pa ang isa ka engkwentro sa tunga sang tim nga tropa sang NPA kag platon nga tropa sang 16th Scout Ranger Company (SRC) sa Sityo Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City, Negros Oriental. Tuyo sang 16th SRC nga i-kordon ang payag nga nahamtangan sang NPA. Una nga nakamutik ang mga kaupod kag gilayon nga ginpalukpan sang NPA ang isa sa mga elemento sang nasambit nga pasistang tropa nga nagresulta sang kaswalti sa militar. Samtang may kabudlayan ang mga kaupod sa paggwa sa nasambit nga payag, ginsusteni ang masobra sa isa ka oras nga pagpakig-away batok sa nasambit nga pwersa militar. Si Ka Cris (Cristito Nelles Jr.), Ka Marnie (Rolly Benero) kag duha pa ka mga mangunguma ang brutal nga ginpamatay sang 16th SRC.

Si Ka Ryan, 18 anyos, halin sa sandigan nga mangunguma kag tumandok sang Sityo Halug, Barangay Sandayao, Guihulngan City. Samtang si Ka Dagger, 20 anyos, halin sa imol nga mamumugon sa uma kag tumandok man sang Sityo Caliban, Barangay Banog-banog, Isabela, Negros Occidental. Si Ka Cris, 27 anyos, naghalin sa sahi nga mataas nga nahanunga nga mangunguma kag tumandok sang Sityo

Amumuyong, Barangay Trinidad, Guihulngan City kag si Ka Marnie, 22 anyos, imol nga mangunguma ang sahi nga ginhalinan kag tumandok man sang Sityo Banderahan, Barangay Trinidad, Guihulngan City. Sila ang lunsay mga intelektwal nga pamatan-on sa kaumahan nga nag-alagad sa pumuluyo kag sa Bag-o nga Hangaway sang Banwa.

Ang ila determinasyon nga “wala nagbuhi sang ila mga armas tubtob sa katapusan nga pitik sang ila mga pulso” sa atubang sang pasistang kaaway, ang sulundon nga kinaiya sang tunay nga mga komunista kag hangaway sang banwa agud lubos nga alagaran ang pumuluyo para sa isa ka pagbag-o sosyal. Dalayawon kag bilidhon nga kinaiya sang matuod nga rebolusyonaryo ang paghalad sang kabuhi bilang pinakamataas nga pagsakripisyo agud hilwayon ang kadam-an nga pigos kag ginahimuslan nga pumuluyo sa kamot imperyalismo, burukrata-kapitalismo kag pyudalismo para sa pungsodnon nga kahilwayan kag demokrasya.

Ini ang internasyunalistang diwa sang komunista kag tunay nga soldado sang pumuluyong Pilipino. Kamo ang amon buhi nga handumanan kag inspirasyon sa pagpadayon sang rebolusyon. Ang inyo mga kinaalam kag inagihan ang masanag nga iwag sa tunukon nga banas sang armadong paghimakas padulong sa Sosyalismo tubtob sa lubos nga kadalag-an.

Mabuhay ang CPP-NPA-NDF! Mabuhay ang Inaway Banwa! Mabuhay ang masa! Mabuhay ang mga rebolusyonaryong martir!

Pagpangharas sang militar sa banwa sang Cauayan, Negros Occidental

Mayo 21, 2024

**Andrea Guerrero, Spokesperson
NPA-Southwest Negros (Armando Sumayang Jr. Command)**

Pagpamahug sa kabuhi kag kakugmat ang naagum sang pumuluyo sa sur nga bahin sang Negros Occidental bunga sa kapintas sang mga operasyon militar sang mga tropa sang 15th Infantry Battalion sang Armed Forces of the Philippines (AFP). Sugod 2023 pa ang militarisasyon sa Cauayan kag Sipalay City, samtang halin Marso sini nga tuig sa Candoni kag sini lang nga Mayo 1 partikular sa Barangay Pinggot sa banwa sang Ilog.

Sa tabon sang Retooled Community Support Program (RCSP), ginlubgan sang mga terorista nga tropa sang 15th IB ang mga sityo sang Bahay, Katungawan, kag Putlak nga sakop sang Barangay Caliling, Cauayan. Nagalab-ot man ang ila focused military operation sa proper sang Barangay Yao-yao kag Sityo Batakon, Barangay Masaling, sa amo nga banwa. Ginahimo nila nga kampo ang mga eskwelahan nga nagtuga sang kahadlok sa mga estudyante kag manunudlo. Ginahimo man nila nga taming ang mga pumuluyo sa ila nga pagtenir sa tunga-tunga sang mga komunidad.

Sa gab-i, pilit man nga nagapangsaka-saka ang mga soldado sa mga pamalay sang pumuluyo. Gamit ang mga peke nga mandamiento de arresto

(warrant of arrest), ginapahug sang mga pasista nga tropa ang kabuhi sang mga mangunguma agud pilit nga pasungkaon bilang mga katapo sang NPA. Ginapasibangdan man nila ang mga pumuluyo nga nagasuporta sa rebolusyonaryo nga kahublagaan.

Pasulit-sulit ini nga ginhimo sang mga berdugo nga AFP kag bangud sang grabe nga kahadlok sang mga pumuluyo, ang iban nagpalagyo kag naghalin nalang pakadto sa iban nga lugar ukon probinsya. Sablag sa pangabuhi kag seguridad sang mga pumuluyo ang militarisasyon sa kaumhan.

Indi gid matuod nga ara sa “stable internal peace and security (SIPS)” ang isla sang Negros kapin pa nga wala untat ang militarisasyon sa sur nga bahin sang isla. Tubtub subong lapnagon ang operasyon kombat sang AFP sa mga sityo sang Pula, Binukawan, kag Silingga sang Barangay Manlucahoc, kag mga sityo sang Samak, Lagundi, kag Omas sang Barangay Camindangan, tanan sakop sang Sipalay City. Samtang halin Mayo 1 tubtob subong, may mga presensya man sang AFP sa Proper sang Barangay Payauan, Candoni kag Sityo Montilo, Barangay Pinggot, Ilog.

Imbes nga bulig ang ihatag sa mga pumuluyo ilabi na sa subong nga lapnagon ang kapigaduhon tuga sang El Niño kag sa nagalala nga krisis pang-ekonomiya, militarisasyon sa gihapon ang sabat sang rehimen Marcos Jr. Padayon nga ginalapas sang AFP ang mga kasugtanan sang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law

(CARHRIHL), internasyonal nga makitawhanon nga laye kag mga laye sang gyera nga nagapangapin sa mga sibilyan. Sa mata sang terorista nga AFP, wala na sang kinatuhay ang armado kag ang mga sibilyan. Ginahimo nga hinganiban sang rehimen Marcos Jr ang reaksyonaryo nga mga laye ilabi na ang Anti-Terrorism Law kontra sa pumuluyo kag ginapahugot ang uyat sang militar sa mga ahensya sang gobyerno paagi sa National Task Force (NTF)-Elcac agud tapnaon ang bisan ano nga paghimakas sang pumuluyo para sa ila kinamatarung kag demokrasya.

Ginapanawagan sang Armando Sumayang Jr Command-New People's Army Southwest Negros Guerrilla Front ang pag-isa ang pumuluyo sa pagpa-untat sa militarisasyon sa kaumhan kag pagdemanda sa ila mga kinamatarung sibil kag sandigan nga kinamatarung nga mabuhi. Dapat pasabton si Marcos Jr sa iya pagpabaya kag pagpamintas sa pumuluyo gamit ang idu-ido kag matuod nga terorista nga AFP. ###

Peke nga Engkwentro sa Moises Padilla, Ginapakamalaot sang LPC-NPA

Mayo 22, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Wala sang engkwentro sa tunga sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army (LPC-NPA) kag tropa sang 62nd IB sa Sityo Inangaw,

Barangay Quintin Remo, Moises Padilla, Negros Occidental, kagahapon, Mayo 21 sang aga. Taliwas sang duha ka hugna nga engkwentro nga ginataghon ni Col. Jay-jay Javines, spokesperson sang 3rd Infantry Division .

Wala sang dala nga search warrant kag warrant of arrest, ginlusob sang 24 ka tropa sang 62nd IB ang balay sang pamilya Dela Peña pasado alas 5:00 sang kaagahon sa nasambit nga lugar. Patarasak nga nagpinalupok ang tropa militar nga wala man sang pangontra. Ilegal nga gin-aresto ang tagbalay, mangunguma kag 50 anyos nga si Richard Dela Peña. Ginkastigo samtang gina-interogar, gindala palayo sa ila balay kag brutal nga gintiro-patay sang nasambit nga tropa militar.

Para hinabunan ang desperasyon sang berdugo militar, gintamnan sang “recycled” nga M16 rifle, bandolier kag subersibo nga mga dokumento ang biktima. Gin-drawing kag gindramatisa ang deklarasyon nga engkwentro agud papatihon ang publiko. Ini ang pasulit-sulit nga iskema kag modus sang AFP, PNP kag paramilitar agud patalangan ang kadam-an sa pihak sang ila mga kabutigan.

Indi armado kag indi man katapo sang NPA si Richard Dela Peña. Samtang intak naman ang lohistika kag mga armas sang NPA nga ginagamit sa pagtungod kag pagpa-uswag sang mga rebolusyonaryong integradong hilikuton sa Central Negros.

Aerial bombing at istraping: Tugon ng AFP sa panibagong engkwentro sa pagitan ng 72nd DRC at NPA sa Barangay Salay, Dipaculao Aurora

Mayo 23, 2024

NPA-Aurora (Domingo Erlano Command)

Bandang alas-6 ng gabi ng Mayo 21 ay nagkaroon muli ng engkwentro sa pagitan ng tropa ng 72nd Division Reconnaissance Company at ng New People's Army (NPA) sa Baranngay Salay, Dipaculao, Aurora kung saan may dalawnag nasugatan sa panig ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at wala namang kaswalti sa panig ng NPA.

Sa labis na pagkapikon ng tropa ng AFP, sinundan ang nasabing palitan ng putok ng pagpapalipad ng dalawang attack helicopter na tuluy-tuloy na nag-istraping sa Sapang Kawayan. Nagpakawala din sila ng Bomba na tumama sa kabundukan ng Toytoyán, Dipaculao. Kasabay nito ang tuluy-tuloy na pagpapalipad ng mga drone na nanindak sa mga masa sa lugar hanggang sa mga kalapit na baranggay ng Maria Aurora, at mga barangay sa baybayin ng Dipaculao.

Dahil sa kaganapang ito, nagpatupad ng lockdown at force evacuation sa mga baranggay na apektado ng nasabing insidente.

Nais naming ilinaw na ang naturang labanan ay wala sa mga bahayan ng sibilyan. Tinitiyak namin sa inyo na ipinapauna namin ang inyong

kaligatasan una sa lahat sa anumang pagkakataon. Kaya lagi naming pinagsisikapan na makaiwas sa mga labanang posibleng may madadamay na sibilyan. Sa kabilang banda, pangkaraniwang buhay ng magsasaka na kasama ang NPA, sa baryo man o sa kanilang pook obrahan. Kung saan may masa, naroon ang NPA. Ikinatutuwa nila na ang mga NPA ay kasama nilang nagtatabas sa niyugan, nagluluto ng kopra, nagtanim man o naggagapas ng palay.

Nilalaanan ng oras ng masa ang mga pag-aaral kaugnay sa lipunan at rebolusyong Pilipino at ang pagdalo sa mga siskretong pulong para talakayin ang kanilang kalagayan at mga dapat gawin para ipagtanggol ang demokratikong karapatan sa lupa at kabuhayan. Ipinagpapasalamat nila ang libre at epektibong serbisyong medikal na ipinagkakaloob ng NPA sa masa na may tunay na pagkalinga at layuning magamot ang sakit. Boluntaryo nilang pinag-aaral ang kanilang mga anak sa mga kasama na sa maiksing panahon ay mabilis na natututunan ang pagbabasa at pagsusulat, mulat na disiplina at kabutihang asal na hindi natutunan ng mga bata sa burges na eskwelahan. Kabaligtaran naman sa gawa ng AFP at mga sahurang armadong grupo ng reaksyunaryong guberno na perwisyo at peligro ang dulot sa mamamayan.

May dapat bang ikatakot kapag may NPA sa baryo? “Mas nakakatakot pag wala kayo kadwa. Wala ng kinatatakutan ang mga abusadong army. Dumarami ang mga magnanakaw at loko-loko. Mas masangil ang mga panginoong maylupa at

sobrang pagkaganid ang mga komersyante at usurero pag wala kayo.” Ito ang nakatataba sa puso na pahayag ng isang kasapi ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa baryo ng Puangi.

Nanawagan ang CPP-NPA-NDF na suportahan ang mamamayan ng Dipaculao para sa ligtas at malayang pamumuhay. IPATIGIL ang PAMBOBOMBA at ISTRAPING sa lugar. Ipatigil din ang hamletting o pagkontrol sa sibilyang populasyon at pabalikin na sa mga lugar ng hanapbuhay ang mga tao.

Stop aerial bombings and istraping!

Stop hamletting!

Mamamayang api, walang pagod na lumaban para sa lupa at kabuhayan!

Mayo 23, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson
NDF-Southern Tagalog**

Nagpupugay ang NDFP-ST sa mamamayan ng Timog Katagalugan na magiting na nagbabangon at lumalaban upang kamtin ang kanilang karapatan sa lupa at kabuhayan. Ang kanilang puspusang pakikibaka at matibay na paninindigan ay inspirasyon sa lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan at tinik sa lalamunan ng mga naghaharing uri. Dapat paigtingin at payabungin ang mga pakikibakang bayan at

pagsilbihin ito sa pangkalahatang adhikain ng sambayanang Pilipino para sa tunay na kalayaan at demokrasya.

Tampok sa nakaraang mga buwan ang laban ng mga magsasaka para sa lupa at ng mga tsuper laban sa jeepney phaseout. Matapang na nilalaban ang hanggang ngayon ng mga magsasaka sa Hacienda Roxas, Nasugbu, Batangas at ng mga residente ng Lupang Tartaria, Silang, Cavite ang pangangamkam sa kanilang mga lupain. Sa Hacienda Roxas, kumikilos ang mamamayan upang biguin ang muling pang-aagaw ng Roxas & Company Inc. (RCI) sa lupang matagumpay na napasakamay ng mga magsasaka bunsod ng matagal nilang pakikibaka mula pa dekada 1980. Naipanalo ng mga magsasaka na ipamahagi sa kanila ang lupa at nagkamit pa sila ng CLOA bilang ligal na garantiya. Ngunit matapos ang mga maniobra sa korte at pambabaluktot sa batas ng RCI, higit 1,300 ektaryang lupain ang iniutos ng DAR na “ibalik” sa kumpanya nito lamang Disyembre 2023. Mariin itong tinutulan ng mga magsasaka at agad silang nagprotesta.

Nakikibaka rin ang mga residente ng Lupang Tartaria upang biguin ang pakana ng mga Aguinaldo at Ayala na palayasin sila sa kanilang panirikan at sakahan. Tulad ng Hacienda Roxas, matagal nang ipinaglalaban ng mga magsasaka ang Lupang Tartaria sa pangangamkam ng MBK-PML. Nitong huli, umupa ng mga maton mula Jarton Security ang mga Aguinaldo-Ayala ngunit hindi natinag ang mga taga-Tartaria at ipinagtanggol ang kanilang barikada. Ang

kasalukuyang maniobra at marahas na aksyon ng mga Aguinaldo-Ayala sa lugar laban sa residente ay bahagi ng plano nilang saklawin ito ng inaambisyon nilang itatayong commercial complex.

Kagaya ng mga magsasaka, hindi rin sumusuko ang maliliit na operator at tsuper ng jeep at mga UV Express sa harap ng garapalang pakana ng reaksyunaryong gubyrno na patayin ang kanilang kabuhayan. Lumahok ang mga tsuper at operator sa iba't ibang bahagi ng rehiyon sa pambansang welga noong huling linggo ng Abril kasabay ng pagpaso ng deadline sa franchise consolidation. Tuluy-tuloy pa rin ang kanilang laban at panawagan na ibalik ang mga prangkisa upang hindi sila mawalan ng hanapbuhay.

Makatwiran ang paglaban ng masa sa gitna ng papatinding krisis pang-ekonomya at karahasan ng estado. Malinaw ang batayan ng kanilang paggigiit para sa lupa at kabuhayan at ang tahasang pang-aapi at pagka-gahaman ng naghaharing uri kaya't umaani ang mga pakikibakang bayang ito ng suporta mula sa iba pang aping uri at sektor ng lipunan. Kailangan pang palawakin ang hanay ng mamamayang nakikisimpatya at nakikiisa sa kanilang pakikibaka upang maging dagdag na kalasag laban sa pasistang pang-aatake ng kaaway. Dapat ding samantalain at gamiting sandata sa ligal na pakikibaka laban sa puting teror ang deklarasyon ng Korte Suprema na ang red-tagging ay mapanganib at labag sa karapatang tao. Ang desisyon ng burgis na korte ay tagumpay na

nakamit sa proseso ng masikhay at matapang na ligal na pakikibaka ng mga biktima.

Ang ating mga natipong tagumpay ay higit pa sa sapat na puhunan upang ibunsod ang mas marubdob na paglaban. Ang mga ligal na pakikibaka ay dapat ikumbina sa mga malaligal at ekstraligal na paraan ng paglaban hanggang ibayong mapalakas ang pambansa demokratikong pakikibaka. Higit sa lahat, kailangang ipaunawa sa mamamayan ang ugat ng suliranin sa lupa at kabuhayan at ang kawastuhan ng armadong rebolusyon bilang ultimong solusyon sa mga saligang suliranin at kabulukan ng mala-kolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. #

Modelong kampanyang agresyon ng US sa Vietnam, bibiguin ng digmang bayan sa Pilipinas!

Mayo 23, 2024

NPA Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Tropa ng 91st at 72nd DRC ng Philippine Army, SAF at kapulisan ang nanunundo sa mga residente ng Toytoy, Diaman, Dimabuno, Sapang Kawayan, Banaoang, Cadayakan, Bayanihan, Puangi para lisanin ang kanilang mga tahanan tungo sa mga evacuation. Hanggang sa kasalukuyan ay mahigit 300 pamilya o hindi bababa sa isang libong indibidwal ang nasa Dipaculao Sports Complex, Ipil Sports Complex at Lipit Evacuation Center ang pinalikas ng AFP dahil diumano sa armadong labanan.

“Kung ganito sana kabilis ang pagresponde ng gubyrno sa El Niño at pananalasa ng bagyo ay mainam. Ito namang pagbakwit sa amin ay army ang may gawa ng kalamidad. Pasabog sila nang pasabog malapit sa baryo kahit wala naman na silang kalaban. Naghulog pa ng bomba at namaril nang namaril mula sa helicopter. tapos kasalanan pa daw ng mga tao dahil tumatanggap sila ng NPA sa baryo.” Ito ang galit na reaksyon ng mga taga-Toytoy sa ginawang pagpapaalis sa kanila sa baryo. Sa midya, pinalilitaw nila na ang mga tao mismo ang lumilikas. “Eh, sino ba ang hindi aalis, e sabi nila susuyurin nila ang buong baryo at ang aming mga niyugan at tubigan!” Dagdag pa ng isang magsasaka na nirereklamo ang pagkawala ng kanyang mga alagang hayop habang nakaistasyon ang mga army sa kanilang baryo.

Pikon at gigil na gigil ang AFP kaya ang populasyong sibilyan ang pinagbabalingan sa ilang ulit nitong pagkabigo na durugin ang NPA sa Aurora at sa buong Gitnang Luzon. Sa dalawang labanan sa Dipaculao, nagtamo ng mga kaswalti ang AFP. Tatlo ang asintadong nabaril ng NPA sa labanan noong Mayo 20 ng umaga at dalawa pang sundalo ang hindi nakailag sa ganting putok ng NPA sa engkwentro noong Mayo 21 ng gabi. Wala namang kaswalti sa panig ng NPA.

Tatlong drone ang salitan at magkapanabayang ginamit ng AFP para i-surbeylans ang presensya ng NPA sa lugar. Nilustay nila ang pondo ng bayan para manuhol ng mga lokal na aset na maniktik sa mga masang suspek nilang may ugnayan sa NPA. Gayunman, sa maraming

pagkakataon ay panis ang impormasyong nakukuha nila, habang mabilis namang nakakapagpaabot sa mga kasama ang mga masang kumakalinga at nagmamahal sa NPA.

Gaya ng ginawa ng imperyalistang US sa gerang agresyon nito sa Vietnam, ipinatutupad ng AFP ang doktrinang “alisin ang tubig para limasin ang mga isda” sa desperadong hangarin nito na durigin ang CPP-NPA. Pero kailanman ay di nila kayang tuyuin ang bukal ng pwersa at suporta sa digmang bayan. Kailanman ay hindi nila mapipigilan ang pagsambulat ng tubig, ng rumaragasang poot ng masa sa malupit, kontra-mamamayan at makadayuhang naghaharing estado. Kagaya ng ipinamalas na kagitingan ng mamamayang Vietnamese laban sa imperyalistang US at lokal na naghaharing uri sa Vietnam, bibiguin ng nagkakaisang mamamayan ang hindi makatarungang gera ng AFP na inuudyukan at sinusuportahan ng imperyalistang US.

Nananwagan kami sa mamamayan ng Dipaculao at sa buong bansa, lalo na sa masang magsasaka na alpasan ang takot sa mapanindak at mapanupil na mga iskema ng AFP! Ang magrebolusyon ay makatarungan. Digmang bayan lamang ang tutuldok sa karahasang ito. Saka lamang matatamo ang tunay na kapayapaan sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

62nd IB Patrol Base sa Vallehermoso, Ginharas sang LPC-NPA

Mayo 25, 2024

**JB Regalado, Spokesperson
NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan
Command)**

Madinalag-on nga ginharas sang New People's Army idalum sa Leonardo Panaligan Command Central Negros Guerrilla Front (LPC-NPA) ang 62nd IB Patrol Base sa Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental alas 9:00 sang gab-i Mayo 24.

Nagdinalagan ang tropa militar dala ang ila mga armas paggwa sa nasambit nga detachment sang ginpalukpan sa NPA sa sulod sang duha ka minutos. Samtang matawhay naman nga naka-atras ang yunit sang NPA.

Ini ang sabat sang NPA sa mga yamo kag reklamo sang mga pumuluyo sang Central Negros kaangot sa lapnagon nga militarisasyon sa preneteng gerilya. Ginsabat man sang NPA ang ginapangayo nga hustisya sang pamilya sang mga biktima kaangot sa lapnagon man nga pagpamatay sang AFP, PNP kag paramilitar sa mga inosenteng sibilyan sa mga kaumahan. Kaangay sa wala-kaluoy nga pagpatay damlag lang kay Richard Dela Pena sang Sityo Inangaw sadtong Mayo 21 kag Marlon Catacio sang Sityo Ngalan sadtong

Abril 4, tanan sang Barangay Quintin Remo, Moises Padilla kag iban pa nga mga biktima.

Ginapasalamatan man sang LPC-NPA ang wala paghubas nga suporta kag pagsalig sa ila matuod nga hangaway sang banwa taliwas sa ginatikal sang pasistang militar nga “dismantled” na ang mga larangan gerilya sa isla.

Ginapanawagan man ang tanan nga yunit gerilya idalum sang LPC-NPA nga maglunsar sang lapnagon kag madinalag-on nga taktikal nga opensiba agud pabayaron sang dako ang berdugong 62nd IB, PNP, paramilitar kag iban pa nga mapintas nga makinarya sang rehimeng US-Marcos II.###

Pakikiisa ng mga Masbatenyo laban sa pagtatayo ng baseng nabal sa Catanduanes

Mayo 26, 2024

**Luz del Mar, Spokesperson
NPA-Masbate (Jose Rapsing Command)**

Nakikiisa ang mamamayang Masbatenyo sa mga mamamayan ng Catanduanes at buong rehiyong Bikol sa tangkang muling pwestuhan ng baseng nabal ang Panay Island sa naturang prubinsya.

Sa halip na katiwasayan at kapayapaan, gulo at ligalig ang idudulot ng planong muling pagpapatayo ng naval base sa Catanduanes. Dahil baseng nabal, tiyak na magiging himpilan ang

naturang isla ng mga barko at kagamitang pandigma ng Amerika, bagay na lalong mag-iimbiba ng agresyon mula sa Tsina.

Malaking panganib sa kabuhayan at kaligtasan ang idudulot ng permanenteng baseng militar ng US sa Catanduanes. Maaaring matulad ang mga Catandunganon sa sinasapit ngayon ng mga Ivatan sa Batanes. Una, tiyak na mapapalayas ang mga magsasaka at mangingisdang namumuhay sa lugar na target paglagyan ng baseng nabal. Marami rin ang mawawalan ng kabuhayan kapag tiyak na ginamit ng mga sundalong Amerikano at Pilipino ang mga abakahan, sakahan, baybay at dagat para maglunsad ng mga wargames, ehersisyong militar at iba pang pagpapakitang-gilas.

Kailangang ipamalas ng mga Bikolano ang kanilang pagmamahal sa bayan at kapayapaan sa pagtutol na idamay ang Pilipinas sa imperyalistang digmaan ng US at Tsina. Dapat tayong kumilos para sa pagpapalayas ng mga tropang militar ng Amerikano, paglalansag sa kanilang mga baseng militar at pagbasura sa mga hindi pantay na kasunduang militar sa pagitan ng US na yumuyurak sa soberanya ng bansa.

Hindi kailangang magpakontrol sa Amerika para labanan ang pang-aangkin ng Tsina sa teritoryo ng Pilipinas. Maraming mapayapang paraang dapat igiit ng Pilipinas para maresolba ang sigalot nito sa Tsina mula pakikipagnegosasyon, internasyunal na diplomasya at paglikom ng pinakamalapad na suportang internasyunal sa batayan ng ating

lehitimo at kinikilalang soberanong karapatan sa West Philippine Sea.

Isa lang ang digmaang dapat na tahakin ng mamamayang Bikolano: ang armadong rebolusyonaryong digma para makamit ang tunay na kalayaan at demokrasya. Ito lamang ang paraan para makaligtas ang bansa na masangkot sa mga dayuhang gera at para maabot ang tunay na kapayapaan at kaunlaran.

80th IBPA, ang tunay na pasistang mukha sa likod ng kanilang buladas

Mayo 27, 2024

**Arman Guerrero, Spokesperson
NDF-Rizal**

Mula Enero hanggang sa buwan na ito, todong pagpupumilit ng 80th IBPA na likhain ang “makataong” imahe, sa pamamagitan ng kanilang aktibidad sa Retooled Community Support Program Operations (RCSPPO) nito. Nais nitong pagmumukhaing maamo at mapagmalasakit sa likod ng pasista at abusadong katangian nito. Sa kabila ng mga aktibidad ng diumano’y pagtulong sa mga kapamilya ng pinaghihinalaang miyembro ng NPA at sa gawa-gawang “malaking bilang ng sumuko”, pagbubuo ng mga samahan, medical mission at iba pa—lahat para ikubli ang tunay na kulay nito. Taliwas sa ipinangangalandakan nito, nakatago ang tunay na kaganapan sa kanayunan, kung saan malayo at walang akses ng komunikasyon upang ilantad ng mamamayan ang nagaganap at sinasapit nila sa kamay ng pasistang

tropa. Inililingid sa kanilang Facebook page at masmidya ang araw-araw na pangkaraniwang aktibidad ng 80th IBPA: panliligalig, pamemerwisyo at paglabag sa karapatang-tao sa Rizal.

Perwisyo ang 80th IBPA sa kabuhayan ng masa. Malisyoso nilang ipinakakalat na magnanakaw ang mga NPA sa kanilang mga papulong, samantalang sila itong inirereklamo na nagnanakaw ng mga niyog at halaman ng masa.

Wala silang kahihyan na lunukin at kainin ang mga produkto ng tagumpay ng rebolusyong agraryo. Maging ang pinagtatayuan ng kanilang kampo ay pakinabang na ninanakaw nila mula sa tagumpay ng pakikibaka ng mamamayan sa lugar.

Perwisyo na, katuwang pa ito ng DENR sa pagkakait sa mga taga-Puray na maghanapbuhay. Kasabwat ng DENR ang 80th IBPA sa pagbabawal sa mga tao na magbukas ng bagong kaingin at pag-uuling sa lugar, habang wala namang ibinibigay na tiyak na kabuhayan sa tao. Upang magmistulang nakipagkaisa ang mamamayan, pilit pinapirma ng mga ito ang mamamayan sa listahan diumano ng mga nagkakaingin, ng sa bandang huli ay gamitin ang kanilang pirma laban din sa kanilang sarili. Ang pakanang ito ang siyang lalong nagpapahirap sa maagap na tag-gutom na nararanasan ng mga tao sa baryo dulot ng El Niño.

Kulang na nga sa pagkain, lalo pang pinahihirapan ang mamamayan sa ipinapataw na pagbobokeyo sa pagkain sa lugar, sa anyo ng paglilimita sa

dami ng bigas na dapat bilhin ng mga ito. Hinaharang nila ang suplay na umaahon sa kanilang mga taniman at kubo. Matinding imbestigasyon ang ginagawa sa mga sibilyang bibili nang lampas sa itinatakda ng mga sundalo na dami ng bigas. Dahil dito, nagtiis ang mga tao na hindi bumili sa tindahan sa takot na maimbestigahan.

Dagdag pa ang intimidasyon at pananakot na ginagawa nito, maging sa matanda o bata man. Nitong Abril, isang sibilyan na nangunguha lamang ng susô sa ilog, upang ibenta, ang dinala nila sa kampo. Inimbestigahan ang sibilyan at tinanong kung siya ang nasa litrato na ipinakita ng sundalo. Sa takot ng masa ay inamin niyang siya nga ang nasa litrato, kahit hindi naman.

Ginagamit din nilang lisensya ang mapanupil na Anti-Terrorism Law sa malawakang paglabag sa mamamayan. Noong Marso, binantaan nila ang mga sibilyan na kakasuhan ng rebelyon dahil sa pagsususpetsa ng mga sundalo na bumibili sila ng suplay para sa NPA. Lansakan din nilang binantaan ang ilang sibilyan sa Barangay Puray ng Montalban at Barangay Calawis ng Antipolo na i-sasalvage o papatayin sila kapag nalaman na sumusuporta sila sa NPA .

Paulit-ulit din na isinasailalim sa interogasyon at profiling ang mga tao sa mga komunidad sa Barangay Puray sa tabing ng sensus. Pare-parehas na tanong ang itinatanong sa kanila ng mga militar sa magkakasunod na araw.

Maging ang mga batang mag-aaral , ay hindi ligtas sa isinagawang interogasyon sa baryo. Sa Sityo Kwinaw ng Barangay Puray, Rodriguez , ang mga bata na may edad na 6-12 taon ay pinagtatatanong ng mga sundalo kaugnay sa NPA at may litrato pang dala-dala na itinatanong din sa mga paslit. Kahit sa kalagitnaan ng klase ay biglang magtatanong ang mga ito sa mga bata. Hirap na ngang makapagpokus ang mga bata sa pag-aaral dahil sa sobrang init ng panahon, lalong hindi makapagpokus ang mga ito sa pag-aaral dahil sa kanilang walang patumanggang pagtatanong at presensya sa kanilang silid aralan. Ultimong ang guro ay inaabot na din ng pagka-inis sa kawalan ng respeto ng mga ito sa klase at sa mismong guro. Lubos naman na ikinababahala ng mga magulang ang pagsasailalim ng mga ito sa kanilang mga anak sa interogasyon. Dagdag pa dito, ay nangangamba sila sa nakikitang asal ng mga sundalo sa kanilang komunidad na nakikitang nagsusugal at nag- iinuman sa komunidad ng Kwinaw at Kanlusong. Nag- aalala silang sa mata ng kanilang mga paslit ay magmukhang tama ang kanilang nakikitang maling asal ng mga ito.

Sa kabila din ng ipinakakalat ng mga ito na “rapist” ang NPA, sila naman itong nanliligaw sa menor de edad . Sa San Jose ng Antipolo, isang 14 anyos na dalagita ang nililigawan ng isang sundalo.

Patuloy din nilalabag ng mga ito ang karapatan ng mamamayan sa kanilang paghimpil sa mga paaralan at sentro ng baryo sa Barangay Puray at Barangay Mascap sa Rodriguez, at Barangay San

Jose at Barangay Calawis sa Antipolo City. Ginawa na nilang garison ang Barangay San Jose ng Antipolo kung saan tinadtad na ng 16 na kampo at pwesto ng sundalo ang naturang barangay, habang ginagawa nilang trensera ang mga mamamayan. Ito ay malinaw na paglabag sa International Humanitarian Law, na nagbabawal sa mga armadong pwera na humimpil sa mga sibilyang istruktura at lalo sa bahayan ng mga sibilyan. Ginagawa din nilang barracks ang mga baryong hinihimpilan sa Barangay Puray at Barangay Mascap kung saan naglalasing, nagsusugal, nagkakagulo at nagpapaputok ng baril ang tropa. Matinding takot ang inaabot ng mga tao sa paulit ulit na eksenang nagsisimula sa pag-iinuman na laging ang ending ay magkakagulo ang mga ito o di kaya ay magbabarilan tulad ng ginawa ng mga ito noong taong 2013 sa parehong baryo. Kamakailan ay naghunungan na naman ang mga lasenggerong militar na ito na nasaksihan pati ng mga bata. Bukod dito, binababoy nila ang mga eskwelahan at baryo sa dami ng iniwang kalat at basura ng mga ito.

Tuwing may operasyon, pakiramdam ng mga tao na hindi na sila makakilos nang malaya. Hindi na sila makaalis sa kanilang mga bahay upang atupagin ang kanilang hanapbuhay. Bantay-sarado ang mga taumbaryo, minamanmanan, kinukuhanan nang litrato nang walang pahintulot, at mangyari pa'y sinusundan ang iba sa kanilang mga pinupuntahan. Sa kaso ng isang mag-uuling, inusisa pa nang husto ang laman ng kanyang sako. Pati na ang bata na nakalagay lamang ang kamay

sa kanyang likuran ay inuusisa ng militar kung ano ang hawak nito, gayong wala naman itong itinatago.

Isinasailalim din nito sa pagmamanman ang mga tao, kinukuhanan ng litrato ang mga nagpupulong na samahan sa bahagi ng Kilingan ng San Jose. Ganoondin, kinukuhanan ng litrato ang gamit na motorsiklo ng mga sibilyan sa bahagi ng Canumay ng San Ysiro ng San Jose, Antipolo.

Bantay sarado din ng mga ito ang mga tindahan upang kontrolin ang labas ng mga paninda, samantalang halos ubusin nila ang laman ng tindahan habang mag-iiwan ng maraming utang sa tindahan, na hindi naman masingil dahil sa takot na mapagbantaan ang kanilang buhay.

Batas Militar ang sinasapit ng mamamayan sa kamay ng mga sundalo. Walang idinudulot na kabutihan ang presensya ng 80th IBPA sa Rizal kundi ang magkintal ng takot sa mga tao. Sa bawat pagkakataon, ipinakikita ng 80th IBPA ang pagkakaiba ng AFP sa NPA: ang AFP bilang sundalo ng mga ganid at mapang-aping naghaharing uri na may ugaling masiba, abusado't walang disiplina; habang ang NPA bilang hukbo ng mamamayang anakpawis na magalang, mapaglingkod at disiplinado. Taglay ng bawat kasapi nito ang mga disiplina, alinsunod sa Saligang Alituntunin ng BHB, CARHRIHL at IHL.

Dahil sa disiplinang bakal na ito at sa tapat na pagsusulong ng NPA ng interes ng masang anakpawis, minamahal at tinatanggap sila ng masa sa kanilang mga tahanan at taniman sa

kabila ng hirap na ipinapataw ng pasistang reaksyon. Batid ng mamamayan na ang NPA ang siyang nagbibigay hustisya sa lahat ng kalupitan na kanilang naranasan, at siyang lumulutas sa kanilang mga suliranin sa buhay at kabuhayan tulad ng mga ipinagtagumpay ng laban ng mamamayan sa kanilang sakahan na hanggang ngayon ay siyento por siyentong tinatamasa ng mamamayan ang tagumpay. Sa kabilang banda, ipinapataw naman ng AFP ang kanilang awtoridad sa mga komunidad, tumutuloy, tumitigil, at nag-aastang mga hari sa mga tahanan ng masa, at lumalabag sa batayang karapatan ng mamamayan. Abala at perwisyo sa buhay at hanapbuhay ang dala ng mga ito sa tuwing darating sa mga baryo.

Hindi malilinlang ang mga Rizaleño sa pagpapakitang-tao ng 80th IBPA. Batid ng mamamayan na hindi nito lulutasin ang mga pangunahing suliranin at tunay na interes ng mamamayan tulad ng problema sa lupa, El Niño, pagkain at hanapbuhay dahil panlilinlang lamang ang nasa kaibuturan ng kanilang mga aktibidad sa RCSPO.

Lingid sa kaalaman ng mga ito na sa bawat paglabag na ginagawa nila sa mamamayan, alinsunod sa CARHRIHL, 1977 Protocol I at II, at 1949 Geneva Convention, ay lalong pinapatalas nito ang linya ng Demokratikong Rebolusyong Bayan, upang tahakin ng mamamayan.

Nananawagan ang NDF-Rizal sa lahat ng mamamayan ng Rizal na sama-samang ilantad at labanan ang ginagawa ng 80th IBPA sa buhay ng

mga sibilyan at buong tapang na ilantad ang mga pandarahas sa kanila.

Dapat palayasin ng mamamayan ang 80th IBPA mula sa mga barangay sa Rizal. Sa haba ng listahan ng krimen at paglabag ng nasabing yunit ng AFP sa karapatang-tao, nasa mga Rizaleño ang lahat ng makatwirang dahilan at karapatan para magreklamo, mag-petisyon, at manawagan laban sa kanila. Kung ninanais ng mga Rizaleño na pangalagaan ang kanilang kapakanan, dapat pangibabawan ang anumang takot na itinanim ng pasistang tropa sa kanilang isip, at pangahasan na lumaban.

Digmang bayan para sa tunay na kapayapaan!

Mayo 27, 2024

NPA-Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Kami, ang mga Pulang Kumander at mandirigma ng NPA sa Gitnang Luzon ay malugod na tinatanggap ang panawagan para sa kapayapaan ng Lokal na Pamahalaan ng Aurora at ng mga institusyong nagtataguyod ng makatarungan at matagalang kapayapaan. Sa katunayan, ang paghahangad sa kapayapaang ito ang nasa ubod ng pagsusulong namin ng digmang bayan.

Digmang bayan ang tutuldok sa walang kapararakang pagsasamantala at pang-aapi sa masang anakpawis ng estadong panginoong maylupa-malaking burgesya kumprador na siyang

pinag-uugatan ng kaguluhan at karahasan sa lipunang Pilipino.

Sa kabilang banda, nakikiisa kami sa iba pang anyo at daluyan ng pakikibaka para matamo ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. Matagal nang nakahapag sa mesa ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang malinaw at detalyadong salalayan para sa pangmatagalang kapayapaan na isinasaad sa Comprehensive Agreement on Socio-Economic Reforms (CASER). Pinaka-atay ng kasunduang ito ang pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Gayunman, ilang ulit ng isinasantabi ito ng mga nagdaang rehimen at ng kasalukuyang militaristang rehimeng US-Marcos Jr.

Gayunman, para ipahayag ang aming seryosong intensyon para sa kapayapaan, hinahapag namin sa Pamahalaang Panlalawigan, Pambayan at sa mga institusyong humihiling ng kapayapaan sa Lalawigan ng Aurora ang sumusunod na usapin ng mamamayan:

- Itigil ang Martial Law sa Probinsya ng Aurora! Alisin ang mga army at pulis sa mga baryo ng Dipaculao, Maria Aurora, San Luis at Dingalan. Sa desperadong hangarin ng gubyernong Marcos Jr, ginagawa nitong war zone ang mga baryo sa Aurora at inaatake ang mismong kabuhayan at kaligtasan ng mga sibilyan. Idinagdag sa 91st IB, 84th IB ang 71st IB at SAF sa mga naghahasik ng terorismo sa mga baryo.

- Ipatupad ang tunay na reporma sa lupa! Hanggang sa kasalukuyan ay sumisigaw ng kawalan ng hustisya ang mga magsasaka at mangingisdang napalayas sa kinatatayuan ngayon ng APECO. Ilang libong ISF at CLOA holder ang nagantso ng Maria Aurora Food Basket Project kung saan tinamnan ng mga pangkomersyong pananim na hindi na nga napakinabangan ng magsasaka ay hindi pa nila magamit ang lupa ayon sa kanilang pangangailangan. Hanggang sa ngayon, higit sa nakararaming magsasaka ay walang pinanghahawakang titulo sa lupa. Kabalintunaan sa pangako ng reaksyunaryong guberno ay nawalan pa nga sila ng lupa dahil sa mga programang National Greening Program (NGP), eko-turismo at mga kalsadang nanagasa sa kanilang mga niyogan at tubigan. Irehabilitayt ang mga sakahan at niyogang nasalanta ng kalamidad noon pang 2004. Bigyan ng makatarungang kabayaran ang mga magsasaka.

- Ipagtanggol ang soberanya ng bansa. Ihinto ang planong ikumbert ang APECO bilang defense hub o military eco-zone sa Silangan na magbibigay serbisyo sa mapang-gyera na imperyalistang US. Sa halip, ibalik ang lupang APECO sa mamamayan ng Casiguran.

Ang mga nabanggit sa itaas ay ilan lamang sa mga kagyat at kongkretong isyu ng mamamayan ng Aurora. Ito ang mga kongkretong isyu na humihiling ng kongkretong solusyon para sa tunay na kapayapaan.

Sa panig ng CPP-NPA, matama kaming tumatalima sa pandaigdigang batas sa kondukta

ng gyera. Sa kabila ng walang habas na paglabag ng pwersa ng GRP sa karapatang tao, matapat naming ipinatutupad ang nilalaman ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL).

Kaugnay nito, umaapila kami sa mga patriyotikong lingkod ng mamamayan na nasa lokal na pamahalaan ng Aurora na ipauna ang kapakanan ng mga sibilyan sa lahat ng pagkakataon. Huwag pasindak sa NTF-ELCAC o sa bantang gipitin ang pondo ng inyong probinsya/bayan/baryo kapag hindi kayo sumunod sa mando ng malupit, korap at maka-dayuhan ng rehimeng US-Marcos Jr. Sumalig sa masa. Tumindig kayo sa panig ng masa at aanihin ninyo ang walang maliw nilang suporta.

Panghuli, ang gerang ito ay hindi lamang sa pagitan NPA at Army. Gera ito ng mamamayan laban sa estadong mapang-api at mapagsamantala. Ito ang digmang bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Sa ganon na ang NPA, na siyang tunay na Hukbo ng masang lumalaban ay hindi kailanman maigugupo.

End the aggressive privatization of public utilities in Bacolod City!

Mayo 27, 2024

**Bayani Obrero, Spokesperson
NDF-Negros Island**

Over the recent years since the fraudulent Marcos Jr regime came to power, Bacolod City, Negros Occidental has transformed into a neoliberal hotspot. Several projects are being implemented to privatize and commercialize utilities and services to the detriment of the masses living in the city. Mayor Albee Benitez, a staunch Marcos ally, has allowed and encouraged the railroading of these projects for private profit that benefit the big comprador bourgeoisie in cahoots with bureaucrat capitalists.

These projects include the anti-poor jeepney modernization program which disenfranchises traditional jeeps and small operators, and even modern jeepneys will supersede tricycle drivers routes, displacing even more jobs in the process; the demolition of urban poor houses particularly in Barangay 12 to give way to the construction of private businesses that results to the displacement of urban poor communities; and the take-over of the Central Negros Electric Cooperative(CENECO) by the Razon-owned MorePower which has already announced a Php3/kwh increase in electricity bills this month.

These forceful privatization schemes also include the takeover of formerly cooperative-owned Bacolod City Water District (BACIWA) by the Villar-owned Prime Water.

While presented as “progress,” history has repeatedly shown that parasitic big businesses take over public utilities to suck superprofit at the expense of the people. These neoliberal schemes inevitably cause the skyrocketing of prices of

public utilities that will only exacerbate the current socioeconomic crisis.

Privatization is part of neoliberal globalization, a scheme implemented in the Philippines during the 1980s, which aims to “fix” the longstanding problem of monopoly capitalism’s dwindling profits due to the crisis of overproduction.

Imperialist countries such as the US, ventured to export capital to even further squeeze surplus value from low cost raw materials and cheap labor of neocolonies like the Philippines.

However, it has only worsened the problem with the ruling class of big landlords and compradors even relinquishing the reactionary state’s public character for the sake of profit. On top of that is bureaucratic corruption for kickbacks and under-the-table deals to benefit themselves and their cohorts.

Due to the inherent problems of capitalism accentuated by neoliberalism, the people of Bacolod City and the entire Filipino people are being exposed to the failure of the status quo. As social services and public utilities are effectively denied to them, each neoliberal project will only further disillusion all democratic sectors.

Different sectors of society flock to the streets to demand an end to privatization and other anti-poor policies but instead of hearing them out, the reactionary government uses the Armed Forces of the Philippines (AFP) and the Philippine National Police (PNP) to suppress those who want to oppose them. Members of people’s organizations

and activists experienced violations like red-tagging, surveillance and threats, while some suffered the worst fate—extrajudicial killings and enforced disappearances.

The National Democratic Front (NDF)-Negros stands with the jeepney drivers, consumers, the urban poor, workers, semi-proletariats, and other exploited and oppressed masses in their fight against privatization in line with neoliberal policies. Efforts to arouse, organize and mobilize the broad masses must be intensified to free them from the bondage of exploitation and oppression of the ruling class of big comprador-landlords.

By and by, the policies implemented by imperialism, feudalism, and bureaucrat capitalism are the reasons for the people to tread the path of defeating these problems through armed revolution.

The privatization of Bacolod City's services and utilities, and also other neoliberal projects all over the island, only serves to underscore the root cause of the problems of the people. Thus, it is imperative that the democratic sectors throughout the island unite to oppose and demand an end to the shifting of social services and public utilities to private profit. The genuine power lies in the united front of the people eager to establish a society based on genuine democracy and lasting peace. ###

Mangunguma ginpatay sang #DiMasaligan79IB, gipagwa nga NPA

Mayo 27, 2024

Cecil Estrella, Spokesperson NPA-Northern Negros (Roselyn Pelle Command)

Isa naman ka peke nga engkwentro ang ginpagwa sa Armed Forces of the Philippines (AFP) kag #DiMasaligan79IB sadtong Mayo 22, 2024 sa Sityo Manaysay, Barangay Cambayobo sa banwa sang Calatrava kung diin ginpatay sang mga unipormado nga pasista ang isa naman ka mangunguma.

Si Jeje Redobles ang pinakaulahing biktima sa kabangis sa AFP kag # DiMasaligan79IB sa norte nga bahin sang Negros diin tuyo si Redobles nga ginpatay apang ginpagwa nga napatay sa engkwentro bilang isa ka NPA. Peke kag planted man ang narekober nga M16, granada kag iban pa.

Madugay na nga ginainitan si Redobles sa mga ahente sang AFP. Umpisa tuig 2022, pila na ka beses nga ginpatawag siya sa AFP para himuon nga isa ka asset sang paniktik sa ila nga lugar kag manilag sa hulag sa mga NPA apang pila man ka beses siya nga nibalibad bangud gusto niya nga magapangabuhi sang husto kag para wala hulga ang iya kabuhi.

Naila si Redobles sa ila nga lugar nga manug kopras kag mangunguma sang kamote kag saging.

Maski ang mga opisyal sa barangay ang nanindugan nga ordinaryo nga mangunguma si Redobles.

Ang Roselyn Jean Pelle Command-Prenteng Gerilya sa norte nga bahin sang Negros sang New People's Army (RJPC-NPA) nagpaklaro nga wala sang engkwentro nga natabo sa nasambit nga petsa kag lugar. Wala man sang yunit sang RJPC-NPA ang naghulag sadto nga tiron sa amo nga lugar. Dili man katapo si Redobles sa NPA.

Dugang pa, ginakundena sa RJPC-NPA ang pagpatay sa isa ka mangunguma paagi sa peke nga engkwentro kag malisyosong pag-angot kay Redobles sa NPA. Ginpaabot man sang RJPC-NPA ang pasagmuyo sa nabilin nga asawa, mga bata, pamilya kag higala ni Redobles.

Dili na bag-o ang pagpatay paagi sa peke nga engkwentro sang AFP sa bilog isla sang Negros. Diri sa norte nga bahin sang Negros, si Redobles ang ikaduha nga nangin biktima sini nga tuig 2024. Madumduman nga gipatay man nila si Jose Caramihan sadtong Pebrero 21 sa Sityo Mansulao, Barangay Pinapugasan, Escalante City paagi man sa peke nga engkwentro kag gideklarar siya nga katapo sang NPA.

Ang mga planted kag gin-recycle nga mga rekoberi nga mga kagamitan panggyera ang madugay na nga kagawian sang mga pasistang tropa. Madumduman nga pila lang ka bilog nga mga armas ang ginturn-over sa #DiMasaligan79IB ngadto sa PNP-Escalante City. Ang mga armas nga wala nila ginturn-over sadto sa PNP-Escalante

City ang posibleng gingamit nila kag gitanum kay Redobles.

Sa tunga sa grabeng krisis sa ekonomiya nga giatubang sa bilog pumuluyo tuga sa El Niño, sira galing, taas nga presyo, kag ubos nga suhulan, terrorismo sa estado ang nangin sabat sa mga nagharing sahi ngadto sa giatubang sa mga anak balhas. Ginagutom na, ginapatay pa.

Tinalawan kag nagpakita lang sa ila ka desperado ang AFP kag #DiMasaligan79IB sa pagpatay sang sibilyan kag pagpagwa sang mga peke nga engkwentro hilabi na nga nagkalapit na ang ila deadline sa paglagas sa ila ginsiling nga 'nabilin' nga Pulang hangaway apang nabudlayan sila sa paglagas kag pagpangita sa nahimutangan sa gerilyang pwersa sang NPA.

Dili angay magkalipat ang AFP kag #DiMasaligan79IB sa leksyon nga gintudlo sa kasaysayan sa norte nga bahin sang Negros kag sa bilog Pilipinas nga sa matag kapintas sa estado ngadto sa mga ordinaryo nga pumuluyo, may dugang nga dugo ang muasdang sa rebolusyon para walaun ang pagpangyatak sa mga kinamatarung kag maangkong nga matuod nga kahilwayan.

Magapadayon ang armadong pagsukol sa pumuluyo para pangapinan ang mga mangunguma kag hatagan hustisya ang mga dinaugdaug, sama ni Redobles. Magapadayon ang rebolusyon!

Kampo ng 4th IB sa Oriental Mindoro, pinatamaan ng BHB

Mayo 28, 2024

Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)

Pulang saludo ang ipinaaabot ng Lucio de Guzman Command-NPA Mindoro (LDGC-NPA-Mindoro) sa mga Pulang kumander at mandirigma nito na naglunsad ng matagumpay na taktikal na opensiba sa kampo ng 4th Infantry Batallion (IB) sa Sityo Sigao, Barangay Lisap, Bongabong, Oriental Mindoro noong Mayo 20, 2024. Matagumpay na pinatamaan ng putok ng isang yunit ng LDGC-NPA-Mindoro ang nakakampong militar bandang 9:15 nang umaga. Tiyak ang kaswalti sa kaaway habang ligtas namang nakaatras ang mga Pulang mandirigma. Tugon ito sa matagal nang panawagan ng mga mamamayan laluna ng mga katutubong Buhid na parusahan at bigyang hustisya ang mga biktima ng paglabag sa karapatang pantao at paghahasik ng teror ng mga pasistang sundalo.

Kinampuhan ng 4th IB ang Sityo Sigao, Barangay Lisap simula 2022. Sa loob ng dalawang taon, apektado ang mamamayan ng Sityo Sigao at karatig na mga lugar sa Bongabong ng walang patid na pagsasagawa nito ng krimen sa mamamayan. Naitala ang mga kaso ng sapilitan at pekeng pagpapasuko, pang-aabuso at panggagahasa sa mga kababaihan, pagkakampo sa gitna ng mga pamayanan at paulit ulit na pandarahas sa mga katutubong Buhid. Matingkad

na insidenteng kinaharap ng mga mamamayan dito ang pambobomba ng FA50, pagkanyon at aerial straffing noong 26 at 27 Pebrero 2022.

Matatandaan na mula pa 2019 nang ideklarang pambansang prayoridad ang Barangay Lisap at Hagan sa bayan ng Bongabong, Oriental Mindoro ng NTF-ELCAC, di na mabilang ang iba't ibang kaso ng kalupitan ang pinakawalan ng reaksyunaryong gobyerno sa mga mamamayan ng mga barangay na ito. Kinampuhan na ng RCSP yunit ang Sityo Rimas, isang sityo na kalapit din lamang ng Sityo Sigao noong Agosto 2020 hanggang buong taon ng 2021. Kaya ang pagkakampong muli sa barangay na ito ay patunay lamang na ang pasistang kampanyang supresyon ay siya mismong nagtutulak sa mamamayan para lumaban. Paulit-ulit na binibigo ng mga mamamayan ang malupit na programang ELCAC ng reaksyunaryog gobyenro dahil sa di-masikmurang pagtratong dinaranas nila at upang isigaw na hindi ito makatarungan para sa kanila.

Panawagan at hamon ang opensibang ito sa lahat ng yunit sa ilalim ng LDGC-NPA-Mindoro na ilunsad ang mga taktikal na opensiba laban sa 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA, ang haligi ng pasismo ng reaksyunaryong estado sa Mindoro. Paduguin ang halimaw sa maraming bahagi ng katawan nito at panapanahong bigwasan sa ulo saanman at kailanman kakayanin. Sa harap ng tumitinding maduming kontra-insurhensyang digma ng rehimeng US-Marcos II at armadong pwersa nito, makatarungan lamang ang lumaban at isulong ang armadong pakikibaka. Sa tulong ng

determinadong mamamayan, patuloy na nagpapakahusay at nagwawasto sa mga kahinaan ang mga Pulang kumander at mandirigma ng LDGC-NPA-Mindoro upang ipagtanggol ang interes at karapatan ng mga Mindoreño.

Panagutin ang mga war criminals na sina Marcos, Duterte at ang imperyalismong US

Mayo 28, 2024

Patnubay de Guia, Spokesperson NDF-Southern Tagalog

Ikinagagalak ng NDFP-ST at mamamayan ng Timog Katagalugan ang hatol ng International Peoples' Tribunal (IPT) na maysala (guilty verdict) sina Ferdinand Marcos Jr., Rodrigo Duterte, Government of the Republic of the Philippines (GRP) at US sa mga krimen nito sa mamamayang Pilipino at mga paglabag sa International Humanitarian Law (IHL). Makatarungan ang hatol na ito sa gitna ng laganap na paglabag sa karapatang tao at lumalalang klima ng impyunidad sa bansa.

Ang IPT ay isang pandaigdigang hukuman na itinatag noong 1979. Binubuo ito ng mga ekspertong ligal na nag-iimbestiga sa mga paglabag sa karapatang tao at internasyunal na makataong batas sa iba't ibang bansa. Kabilang sa mga dininig dito ang mga kaso at krimen sa digma sa Pilipinas.

Ang hatol ng IPT ay patunay na nagkaroon ng lansakang paglabag sa karapatang tao ng mamamayan sa bansa at ng kabulukan ng sistemang hudisyal sa bansa at pagiging inutil sa paglutas sa lumalalang impyunidad at laganap na karahasan ng estado. Dahil ang estado ng GRP ang pangunahing tagalabag sa karapatang tao, naghahanap ang mamamayang Pilipino ng katarungan sa iba pang mga institusyon kabilang ang IPT. Nagpupugay ang NDFP-ST sa katapangan at determinasyon ng mga biktima, kanilang mga kaanak at tagasuporta, mga progresibong organisasyon, grupong makatao at makabayang abugado na naghapag sa IPT ng mga kaso ng paglabag sa karapatang tao at iginiit ang hustisya.

Inapirma ng IPT ang papel ng AFP-PNP at NTF-ELCAC bilang pangunahing makinarya ng GRP at imperyalismong US sa pang-aatake sa karapatang-tao ng bayan. Ipinatutupad nito ang kontra-rebolusyonaryong kampanya na nakabalangkas sa counter-insurgency guide ng imperyalismong US upang supilin ang lehitimong paglaban ng mamamayan. Kinasangkapan din nito ang Anti-terror Law sa pangyuyurak ng karapatang tao.

Dahil dito, tigmak sa dugo ng mamamayang Pilipino at rebolusyonaryong pwersa ang kamay ng estado. Kabilang sa mga tampok na kaso ang pamamaslang, red-tagging, terrorist-tagging, paniniktik, pagdukot, iligal na pang-aaresto at pagdedetine, pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso, sapilitang pagkawala, panghahas, pananakot at intimidasyon sa mga sibilyan laluna

ng mga aktibista at kritiko; at walang patumanggang pambobomba, sapilitang pagpapalayas, pang-ekonomikong blokeyo at hamletting sa mga komunidad. Kabilang sa mga naitalang karumaldumal na krimen ng AFP-PNP ang Bloody Sunday massacre sa rehiyon. Tinalakay din ang red-tagging/terrorist-tagging at pagsasampa ng mga gawa-gawang kaso sa mga aktibistang sina Hailey Pecayo, Kenneth Rementilla at Jasmin Rubia at taong-simbahan na si Rev. Glofie Baluntong.

Gayundin, dininig sa IPT ang mga paglabag ng AFP-PNP sa karapatang tao ng mga pwersang nakikidigma (belligerent forces) kagaya ng mga hors de combat na NPA, kadre ng CPP at NDFP consultant. Pinapapanagot din ang AFP-PNP at GRP sa mga karumaldumal na pamamaslang at paglapastangan sa mga labi ng mga rebolusyonaryong pwersa. Ilan sa mga tampok na kaso sa rehiyon ang pagpatay sa mga hors de combat na NPA na sina Ermin “Ka Moses” Bellen at dalawang kasamahan (Disyembre 2019), Mario “Ka Jethro” Caraig (Agosto 2020), Isagani “Ka Ringo” Isita (Hulyo 2023), Jethro Isaac “Ka Pascual” Ferrer at Peter “Ka Rochie” Rivera (Nobyembre 2023); pagpatay sa mga retiradong kadre ng Partido na sina Agaton “Ka Boy” Topacio at Eugenia “Ka Fiel” Magpantay (Disyembre 2020); at paglapastangan sa mga labi ni Noel “Ka Bai” Levanta (Marso 2020) at Malalay 7 (Disyembre 2023). Daan-daang NDFP consultant din ang iligal na inaresto at ipiniit ng estado. Ito ay tahasang paglabag sa IHL at rules of war na kinilala at nilagdaan mismo ng GRP.

Lahat nang krimeng ito ay naisakatuparan dahil sa dikta at buu-buong suporta ng imperyalismong US sa ipinatutupad na whole-of-nation approach sa ilalim ng kontra-rebolusyonaryong kampanya ng rehimeng Duterte at Marcos II. Kinundina ng IPT ang napakalaking pondo at ayudang militar na inilalaan ng US taun-taon sa Pilipinas mula 2015. Sa katunayan, ang GRP ang naging pinakamalaking taga-tanggap ng tulong militar ng US sa buong Asia Pacific. Nakaistasyon din sa bansa ang siyam na base militar ng US sa bisa ng Enhanced Defense Cooperation Agreement, labas pa sa lihim nitong mga base. Sa pamamagitan nito, ang mga pwersang Amerikano ay maluwag na nagdidirihe at lumalahok sa mga brutal na gera ng GRP laban sa mamamayan. Ginagamit din ito ng US para sa nilulutong inter-imperyalistang gera laban sa China.

Malaking tagumpay sa pulitika at hakbang sa pagkakamit ng hustiya ang paghatol ng IPT kina Duterte at Marcos, GRP at imperyalismong US. Gawin itong matibay na sandata para palakasin at higit pang palawakin ang pagpapanagot sa mga salarin at ng anti-pasistang laban at kampanya. Patuloy na ilantad sina Marcos, Duterte, GRP at US bilang mga nangungunang terorista at tagalabag sa karapatang tao hanggang lubusang maihiwalay sa malawak na mamamayan ng bansa at ng buong daigdig. Patatagin ang nagkakaisang hanay ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan laban sa pang-aatake ng estado.

Makatarungan na igiit ang pagbubuwag sa teroristang NTF-ELCAC at pagbabasura sa Anti-terror Law. Ipanawagan din ang paglilipat ng pondong militar ng AFP-PNP, mga huwad na programang pangkaunlaran at pekeng programang pagpapasuko ng NTF-ELCAC tungo sa serbisyong panlipunan.

Higit na palakasin ang mga anti-pyudal at anti-imperyalistang pakikibaka upang papurulin ang atake ng AFP-PNP at imperyalismong US. Patuloy na sumulong sa gitna ng pang-aatake ng estado at inspirasyon ng matatagumpay na anti-pasistang pakikibaka kagaya ng deklarasyon ng Korte Suprema na mapanganib at labag sa karapatang tao ang red-tagging.

Hangga't nananatiling tutang estado ang GRP ng imperyalismong US, patuloy itong maghahasik ng terorismo upang panatilihin ang kontrol sa Pilipinas at ang hegemonya sa Asia Pacific. Kailangang isulong ang pambansa demokratikong pakikibaka ng bayan para ipaglaban ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Hindi dapat matakot na ipaglaban ang demokratikong karapatan. Makatarungan ang pagtahak sa landas ng armadong rebolusyon upang makaalpas sa pagkubabaw ng imperyalismong US at ibagsak ang teroristang estadong malakolonyal at malapyudal. Ang paghawak ng sandata ng inaapi at pinagsasamantalang mamamayan ay makatarungan at lehitimong karapatan nila upang ipagtanggol ang sarili at isulong ang kanilang pambansa-demokratikong mithiin.

62nd IB Patrol Base sa Guihulngan City, Ginharas sang NPA

Mayo 29, 2024

JB Regalado, Spokesperson NPA-Central Negros (Leonardo Panaligan Command)

Kadalag-an naman sa yunit sang Leonardo Panaligan Command-New People's Army LPC-NPA) ang pagtigayon sang operasyon-haras sa 62nd IB Patrol Base nga nahamtang sa Barangay Hinakpan siyudad sang Guihulngan, Negros Oriental alas 6:30 kagab-i, Mayo 27.

Suno sa mga residente, may mga kaswalti sa hanay sang pasistang militar resulta sang kapin sa singko minutos nga baylohanay sang lupok. Apang hungod naman nga gintago sang militar sa publiko ang ila mga kaswalidad. Samtang matawhay naman ang NPA nga naka-atras.

Ini ang ikaduha na nga operasyon-haras sang New People's Army batok sa 62nd IB sa sulod lamang sang apat ka adlaw (Mayo 24-27). Madumduman, Mayo 24 alas 9:00 sang gab-i, madinalag-on man nga ginharas sang LPC-NPA ang 62nd IB Patrol Base sa Barangay Malangsa, Vallehermoso, Negros Oriental.

Nangin madinalag-on ang asud-asod nga mga aksyon militar sang LPC-NPA sa Central Negros bangud sang wala kahubasan nga suporta sang pumuluyo sa armadong paghimakas kag ila matuod nga hangaway sang banwa. Kabaliskaran

sa pasulit-sulit nga ginatikal ni B/Gen. Orlando Edralin sang 303rd Bde PA kag M/ Gen. Marion Sison sang 3ID PA upod sa ila mga tagtaghol nga “dismantled” na ang mga prenteng gerilya sa isla.

Gikan sa solido nga kusog sang masa kag Bag-ong Hangaway sang Banwa paagi sa absoluto nga pagpamuno sang Communist Party of the Philippines ang pag-angkon sang tunay nga hustisya!

Aktibong depensa: tugon ng NPA sa nagpapatuloy na FMO ng AFP sa Aurora

Mayo 29, 2024

NPA-Aurora (Domingo Erlano Command)

Matagumpay na nakapag-aktibong depensa ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng Domingo Erlano Command sa naganap na labanan noong gabi ng Mayo 28 sa Baranggay Bazal sa bayan ng Maria Aurora kung saan apat ang siguradong kaswalting natamo ng mga nag-operasyong tropa ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa lugar. Nagtagal nang ilang minuto ang palitan ng putok. Pagkatapos nito ay walang habas ng nagpapatulok ang tropa ng AFP habang ligtas at organisadong nakaatras ang mga kasama.

Ang nasabing labanan ay resulta ng nagpapatuloy na operasyong militar ng kaaway bago pa man ang unang engkwentro noong Mayo 20 ng umaga.

Sa ganitong sitwasyon hindi kapayapaan ang tunay na hangad ng AFP kundi karahasan sa hanay ng mamamayan ng Aurora. Sa halip na ituon ang pondo ng bayan sa pagbibigay ng de kalidad na serbisyong publiko, naglulustay ang AFP ng milyon-milyong pondo sa tuluy-tuloy na mga combat operation. Tuluy-tuloy ang pagpapalipad ng mga drone at mga helicopter sa lugar, pinagbabawalan ang mga sibilyang populasyon sa ligtas na paghahanapbuhay sa baryo at kabundukan.

Nananawagan kami sa mamamayan na suportahan natin ang tunay na hukbo ng mamamayan ang NPA.

Civilian tip nga ba ang dahilan ng mga engkwentro?

Mayo 29, 2024

NPA-Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Sabi ng AFP, “civilian tips” raw ang dahilan kung bakit tatlong magkakasunod na labanan ang nangyari sa pagitan ng NPA at kanilang tropa. Gargas na propaganda o paliwanag ito ng mga sundalo tuwing nagkakaroon ng mga engkwentro.

Ang totoo, bago pa man ang May 21 na unang labanan, matagal nang naglulunsad ng Focus Military Operation (FMO) ang mga sundalo sa iba’t ibang bayan ng Aurora. Lagi’t laging naglulunsad ng malalaking operasyon ang mga

kaaway. At sa mga operasyong ito, laging inaabuso at apektado ang mga sibilyan.

Ngunit, may NPA man o wala sa inyong baryo, hindi naman tumitigil ang pandarahas ng mga militar. Naghahasik sila ng takot sa mga taong-baryo, sinasamantala ang kabuhayan ng simpleng residente, pilit na pinapasurrender ang mga sibilyan kahit pa nga inosente, iniipit sa programa nilang E-CLIP.

Lahat ng iyan ay para sa kanilang layunin na sugpuin ang rebolusyonaryong kilusan, at sa kabilang banda, para kumita at magbulsa mula sa limpak-limpak na perang ibinubuhos ng gobyerno para sa kontra-insurhensya nitong programa!

Iyan ang tunay na layunin ng AFP. Kailanman ay pansariling interes at interes ng naghaharing uri ang kanilang itataguyod. Hindi sila tunay na nagsisilbi sa mga mahihirap na magsasakang inaagawan ng lupa.

Ang totoo, kaya nakakairal ang NPA sa mga baryo sa kanayunan ay dahil itinataguyod sila ng malawak na masang anakpawis. Ang NPA ang tunay na sundalo ng mahihirap, ito ang tunay na nagtatanggol sa lupa, kabuhayan, kagalingan, at karapatan ng mamamayan!

PAALALA SA PUBLIKO: mula sa NPA-Gitnang Luzon (Josepino Corpuz Command)

Mayo 29, 2024

NPA-Central Luzon Regional Operational Command (Josepino Corpuz Command)

Kagabi, May 28, 2024, ay may naganap muli na engkwentro sa pagitan ng mga sundalo at NPA sa Barangay Bazal, Maria Aurora, Aurora. Apat na pwersa ng AFP ang namatay sa unang bugso palang ng putukan.

Maraming mga residente ang nakarinig ng malalakas na putok at pasabog, lalo na ang walang patumanggang pag-volume fire ng pwersa ng AFP, naglulustay ng kanilang mga bala at bomba kahit matapos ang labanan.

Dahil dito, batid namin na umiiral ang takot sa inyong baryo, kasabay pa ng pinahigpit na restriksyon ng AFP at ang mga kumakalat na fake news upang higit na lumikha ng takot at pangamba sa inyong isipan.

Nais naming ipaabot sa mga mamamayan ng Maria Aurora na sa kabila ng sunud-sunod na engkwentrong relatibong malapit sa inyong mga pook-obrahan at komunidad, tinitiyak ng NPA na pinapatiuna namin ang inyong kaligtasan, higit sa anupaman.

Hangga't kaya naming maiwasan ang labanang may madadamay sa sibilyan ay pinipilit naming iwasan. Hangga't maari, kahit pa sa pinaka-gipit na sitwasyon, mas inuuna namin na ligtas ang mga sibilyan kahit pa may risgo ito sa aming bahagi.

Hipokrito ang AFP sa pabatid nila sa publiko na maaaring madamay at maging "Human Shield" ng NPA ang mga sibilyan.

Sa kasaysayan ng digmang bayan sa Pilipinas, ang mga pwersa ng militar ang naglalapastangan sa buhay at karapatan ng simpleng residente sa baryo. Ang AFP ang may mersenaryong tradisyon na kahit bata, buntis, matanda, o sinupamang mapag-abutan nila, ay walang-pusong inaabuso at pinapatay. Maski nga sarili nilang tropa ay palalabasin nilang NPA ang pumatay kahit pa nga sila mismo ang may kagagawan nito.

Ang AFP ang tunay na naghahasik ng terror sa mga komunidad, hindi ang NPA na tunay na sundalo ng mahihirap!

Pulang saludo kay Ka Hunter at Ka Mamay, mga bayani at martir ng rebolusyon!

Mayo 30, 2024

Madaay Gasic, Spokesperson NPA-Mindoro (Lucio De Guzman Command)

Ngayong araw, muli nating pinagpupugayan ang mga mahal nating kasama na sina Arc John “Ka Hunter” Baron at Nancy “Ka Mamay” Looy Yaw-an na namartir sa depensibang labanan noong Mayo 30, 2023 sa Brgy. Malisbong, Sablayan, Occidental Mindoro. Isang taon mula nang sila’y paslangin ng mga berdugong sundalo ng 68th IBPA, nananatiling buhay ang kanilang diwa at alaala sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Si Ka Hunter ay namulat sa tunay na kalagayan ng mapang-aping lipunang mala-pyudal at mala-kolonyal habang nag-aaral ng kolehiyo sa burges

na paaralan. Kumilos at nag-organisa siya sa loob ng kanyang pamantasan upang ipanawagan ang kahilingan ng mga estudyante para sa libre at dekalidad na edukasyon. Lumabas din siya sa pamantasan para sumama sa pagkilos ng mga manggagawa, maralitang lungsod at iba pang uring api sa kalunsuran na nakikibaka para sa nakabubuhay na sahod, disenteng trabaho, libreng pabahay, serbisyo at iba pang mga demokratikong kahilingan. Sa pakikiisa sa masang anakpawis ng kalunsuran, higit niyang napalalim ang kanyang pag-unawa sa rebolusyon. Ito ang nagbukas sa kanya ng landas patungong kanayunan upang makipamuhay sa mga magsasaka at sa tunay na hukbo ng mamamayan.

Isa si Ka Hunter sa mga kabataang estudyante na pumasok sa isang sonang gerilya sa Mindoro noong noong 2019. Nahamon siya sa panawagang sumampa sa Bagong Hukbong Bayan (BHB). Kaya naman, makalipas ang ilang linggo pagkatapos bumalik sa lunsod, nag-resign sya sa trabaho at nagpasyang mag-tour of duty (TOD) sa Hukbo.

Kagaya ng marami, hinarap niya ang kontradiksyon sa pagitan ng pananatili o paglisan sa Hukbo. Agad siyang napasabak sa isang mahirap na sitwasyon: kakapusan sa pagkain at mahahabang maniobra at lakaran dahil sa operasyong militar. Subalit dahil sa init ng pagtataguyod ng masa kahit pa may kaaway at sa matiyagang pag-alalay ng mga kasama, napangibabawan ni Ka Hunter ang mga ito.

Pinagsikapan niyang pag-aralan ang pag-angkop sa buhay kanayunan. Naging matiyaga siyang

mag-aaral ng masa at mga kasama; pati pangangahoy at pag-akyat sa puno ng niyog ay natutunan niya. Lalong lumalim ang kaalaman niya sa lipunan at rebolusyong Pilipino, sa kalagayan ng mga masang kanyang pinaglilingkuran at sa armadong pakikibaka.

Naging daan ng mabilis na pagpasya ni Ka Hunter na mag-pultaym sa Hukbo ang paglahok sa ambus sa mga RPSB sa Cabalwa, Mansalay noong September 28, 2020. Nang masaksihan niya ang mga nagtakbuhang berdugong pulis matapos paputukan ng BHB, nabigyan siya ng kumpyansa na kayang labanan ng mga yunit ng NPA ang kaaway na ilang ulit na malakas at durugin ang mga ito sa wastong aplikasyon ng prinsipyo ng pakikidigma ng Hukbo na tumatamasa ng suportang masa. Sa ganitong paraan niya higit na nakita ang kanyang papel sa Hukbo.

Matalino si Ka Hunter at maraming mahuhusay na ideya subalit hindi arogante. Malapit sya sa mga kasama subalit hindi liberal. Pursigido siyang iabante ang mga plano at programa ng yunit kahit na ano pa ang balakid. Lagi din natin siyang maaalala sa dami ng mga likhang kultura na naglalaman ng kanyang mga karanasan sa pakikibaka.

Si Ka Mamay naman ay nag-pultaym sa BHB noong 2014. Mula noon ay tuloy-tuloy na siyang kumilos hanggang sa siya ay mamartir. Siya at ang kanyang buong pamilya ay mga benepisyaryo ng rebolusyong agraryo. Mulat si Ka Mamay na kung hindi lalahok sa rebolusyon ang mga katutubo ay wala silang lupa; na kung hindi

isinulong ang programa ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB) sa lupa noong mga nakaraang dekada, maglilipana pa rin ang baka ng mga panginoong maylupa sa kanilang lupa habang silang mga katutubo ay nagtitiyaga sa mga kataasan at mababatong kabundukan.

Ang pampulitikang kamulatan ni Ka Mamay ang nagtulak sa kanyang sumapi sa Hukbo. Alam niyang laging may panganib ng muling pag-agaw sa kanilang lupain. Nariyan ang pagbabalik-pastuhan, programa ng guberno sa reforestation, Tamaraw Reservation Expansion Project (TREP), mga Renewable Energy Project at mga mapangwasak na operasyon ng pagmimina.

Lumaki si Ka Mamay na laging kapiling ng Hukbo. Sumali siya sa organisasyong masa, naging aktibista hanggang sa maging kasapi ng sangay ng Partido sa lokalidad (SPL). Ang walang patid na pagkamulat at pagkilos ni Ka Mamay sa loob ng mga ipinunlang organisasyong masa at sangay ng Partido ang nagpaunawa sa kanya ng ugnayan ng pakikibaka ng mga katutubong Buhid para sa kanilang lupa sa suliranin ng iba pang katutubong Mangyan at mga magsasaka.

Tipikal na kababaihang Buhid si Ka Mamay noong sumampa. Siya ay tahimik at mahiyain; maaring isipin ng iba na mahina siya at ni hindi kayang sumugat ng kaaway. Subalit determinado, mapangahas, at matapang si Ka Mamay hindi lamang sa labanan kundi maging sa gawaing masa. Kasama sya sa nag-reaktiba sa baseng masa sa ilang mga bayan sa Occidental Mindoro. Hindi iilang beses silang napasuong sa mga labanan at

nakaranas ng mga mahihirap na sitwasyon, ng matinding pagod at gutom, ng pangungulila sa pamilya sa matagal na panahon subalit matatag niya itong hinarap. Kapag may sitwasyong militar, kalmado lang siya subalit laging alerto at ayaw ding magpauna sa kaaway.

Matiyaga si Ka Mamay na umaalalay sa lahat ng mga kasama nang walang pagtatangi.

Kapalagayang loob siya ng lahat kaya madalas siyang lapitan ng mga kasamang may krisis na pinagdadaan. Matiyaga niyang pinakikinggan at pinapaliwanagan ang sinumang nagbubukas sa kanya. Masipag, may pagkukusa at wala siyang pinipiling gawain-ito man ay gawaing militar at mga maseselang gawain. Hanggang sa kanyang huling hininga, ipinakita ni Ka Mamay ang pagmamalasakit sa kasama at tapang sa pagharap sa kaaway nang hindi siya nag-alinlangang balikan ang naiwang armas at alalayan si Ka Hunter sa pagkalas sa gitna ng labanan.

Damang-dama natin ang malaking kawalan nina Ka Hunter at Ka Mamay bilang mahuhusay na opisyal militar, giyang pampulitika, opisyal sa lohistika, propagandista at organisador ng masa. Tunay na ang kamatayan ng isang rebolusyonaryo ay singbigat ng bundok Halcon habang singgaan ng balahibo ang kamatayan ng mga sundalong mersenaryo at pasista. Nagluluksa tayo hanggang ngayon sa pagkawala nila sapagkat alam nating marami pa silang iaalay sa rebolusyon at sa masa kung hindi kinitil ng mga pasista ang kanilang buhay.

Kung inakala ng mga kaaway na mapipigilan ng kanilang pagkasawi ang pagkilos ng masa, nagkakamali sila.

Higit na pinag-alab ng pagkamartir ni Ka Hunter ang diwa ng mga kabataan sa kalunsuran at kanayunan na pumaloob sa mga larangang gerilya at maglingkod sa masa bilang mga Pulang mandirigma. Noong ilunsad ang pulong parangal kay Ka Hunter sa isang gymnasium sa kalunsuran, nasaksihan ng kanyang pamilya, mga kaibigan, kababaryo, mga dating kolektibo, mga masa't kasama ang kanyang kabayanihan. Lalo itong naging inspirasyon sa mga kabataan na sundan ang mga yapak ni Ka Hunter. Nagmulat din itong higit sa kanyang mga kapamilya at mga kaibigan para maunawaan ang buhay na kanyang pinili.

Sa gitna ng pinatinding saywar sa mga katutubong Buhid, hindi naging katatakutan ang pagkamatay ni Ka Mamay upang tumigil sila sa pagkilos. Hindi sila huminto sa gitna ng tuloy-tuloy na operasyong militar, pananakot at pagbabanta sa kanilang buhay. Sa iba't ibang kaparaanan ay isinusulong nila ang DRB. Ang ilan sa kanila ay sumasampa sa BHB sapagkat batid nilang tanging ang pagtahak sa armadong paglaban ang lulutas sa kahirapan at pagsasamantalang nararanasan nila bilang mga katutubo.

Bibigyang hustisya natin ang pagkamartir ni Ka Hunter at Ka Mamay sa ibayong pagpupursigeng ipagwagi ang digmang bayan. Higit tayong magpapakatatag anuman ang kahirapan at sakripisyong kakaharapin. Mapagpasya nating

pulutin ang nabitawang sandata at tanganan ang naiwanang gawain nila Ka Hunter, Ka Mamay at ng lahat ng martir ng rebolusyon.

Ka Hunter at Ka Mamay, hindi namin kayo malilimutan. Mananatiling buhay ang inyong diwa at alaala. Ang inyong buhay at pakikibaka ay inspirasyon namin sa araw-araw na pakikihamok sa kaaway at pagharap sa kahirapan, sakripisyo at kamatayan.

Mabuhay ang buhay at pakikibaka Ka Hunter at Ka Mamay! Mabuhay ang lahat ng martir ng rebolusyon! Isulong ang digmang bayan hanggang sa tagumpay! Makibaka, huwag matakot!

Ibasura ang VFA at mga imposisyon ng US! Palayasin ang tropang militar ng US sa Pilipinas!

Mayo 31, 2024

**Patnubay de Guia, Spokesperson
NDF-Southern Tagalog**

Sa pagsapit ng ika-25 taon mula nang iratipika ng Senado ng GRP ang Visiting Forces Agreement (VFA), nakikiisa ang NDFP ST sa paggigiit ng mamamayan na ibasura ang tagibang na tratadong ito at lahat ng imposisyon ng imperyalismong US sa Pilipinas. Dapat ding palayasin ang mga tropang Amerikano at alisin ang kanilang mga kagamitan at sasakyang pandigma na tinipon sa bansa. Dapat padagundungin ang mga panawagang ito lalo

ngayong nang-uupat ang US ng gera laban sa China sa mismong bakuran ng Pilipinas.

Nilagdaan ng Senado ang VFA noong Mayo 27, 1999 sa ilalim ng rehimeng Estrada. Itinuturing itong isang tratado sa Pilipinas pero sa US ay isa lamang ehekutibong kasunduan. Instrumento ang VFA ng higit pang pagyurak ng US sa soberanong karapatan ng mga Pilipino sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa pagpasok sa bansa ng mga tropang Amerikano kasama na ang kanilang mga kagamitan at sasakyang pandigma. Hindi nito ginagalang ang integridad ng teritoryo ng Pilipinas bilang isang hiwalay na bansang kapantay (co-equal) ng US. Sa patuloy na pag-iral ng VFA, pinatutunayang ang Pilipinas ay neokolonya ng US sapul noong 1946 hanggang ngayon at kinukubabawan ng US sa aspetong ekonomya, pulitika, kultura at militar.

Sa ilalim ng VFA, naging regular ang pagdayo ng libu-libong sundalong Amerikano sa tabing ng mga pagsasanay, na nitong huling Balikatan ay umabot sa higit 11,000 ang bilang. Pinawalang-saysay nito ang pakikibakang bayan at matagumpay na pagpapatalsik sa mga base militar ng US sa bansa noong 1991. Dahil sa VFA, muling malayang nakakagala ang mga tropang ito at maraming ulat na nakikita ang mga itong kasama ng mga tropa ng AFP na nag-ooperasyon sa mga kabundukan at liblib na komunidad. Pangahas din ang mga pwersang US na pagbawalan ang mga Pilipino na pumasok sa mga kontrolado nilang lugar tulad ng ginawa nila sa pasilidad militar sa Oyster Bay, Puerto Princesa City, Palawan. Mula nang

angkinin ng US ay hindi na nakapangisda o makalapit man lang ang mga lokal na mamamalakaya sa Oyster Bay.

Ang paghahari-harian ng mga pwersang militar ng US sa bansa ay kasama sa mga probisyon ng VFA. Inilalabas ng VFA ang mga tropang Amerikano sa saklaw ng mga batas ng GRP kaya hindi maaaring parusahan ng reaksyunaryong guberno ng Pilipinas ang mga pwersang US na nagkakasala, kahit pa sa mga kriminal na kaso tulad ng panggagahasa at pagpatay. Ito ang nangyari sa kaso nina “Nicole” at Jennifer Laude na parehong biktima ng mga tropang Amerikano. Pinauwi sa US ang mga salarin sa kaso ng dalawa imbes na mahatulan at ikulong sa Pilipinas. Napakasakit nito para sa mga biktima, kanilang pamilya at pati sa buong sambayanan. Sa kabilang banda, katawa-tawa at lampa ang GRP na walang magawa upang gawaran ng parusa ang mga kriminal na may “proteksyon” ng VFA.

Sadyang binuo ang VFA upang bigyang luwag ang mga tropang Amerikano sa estratehikong tanaw ng US na gamitin ang Pilipinas bilang isang forward military base nito sa Asia Pacific. Sinundan ang VFA ng Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA) na naging batayan ng pagtatayo ng siyam na base militar ng US sa bansa kung saan apat ang kamakailan lang inaprubahan sa ilalim ng rehimeng US-Marcos II. Tatauhan ang mga baseng ito ng mga tropang Amerikano na swabeng dinadala sa bansa sa bisa ng VFA. Ang nakapangangamba, hindi inilalantad ng GRP at US ang tunay na bilang ng mga tropang

Amerikanong naka-istasyon na sa bansa. Pinoproyekto rin ng pwersang militar ng US ang pagpaparami ng mga pasilidad para sa pagkukumpuni at pagpapahinga ng mga sasakyan nito. Isang senyales nito ang pagpasok ng isang kumpanyang Amerikano sa shipyard sa Subic Bay. Ang pagkukumahog na magdagdag ng base at pagpi-preposition ng mga unipormadong tauhan at kagamitan sa Pilipinas ay bahagi ng plano ng US na magpapatok ng armadong sigalot sa Asia Pacific.

Ngayon pa lamang, habang wala pang aktwal na labanan, ay ramdam na ng mamamayang Pilipino ang mga disbentahe ng pagdami ng tropang US sa bansa. Napeperwisyo ang kabuhayan ng mga magsasaka at mangingisda dahil ipinagbabawal ang paglapit ng mga sibilyan sa mga sayt ng pagsasanay at mga lugar na may presensya ng tropang Amerikano. Halimbawa nito ang pagharang sa pangingisda sa mga baybayin ng Zambales, Palawan at Cagayan na pawang ginamit sa mga ehersisyong militar. Katambal nito ang pangwawasak sa kalikasan ng mga pinagsamahang aktibidad militar ng pwersang US at AFP. Sa Puerto Princesa City, Palawan, tampok naman ang paglaganap ng mga anti-sosyal na aktibidad at pagdami ng mga beerhouse sa paligid ng Oyster Bay dahil sa mga tropang Amerikano. Pinakamasahol, naghahasik ng takot sa mamamayan ang mga modernong kagamitang pandigma na tine-testing at pinagyayabang ng mga pwersang militar ng US gaya ng mga missile launchers, drones at mga fighter jet.

Makaisang panig na pinakikinabangan ng US ang VFA habang pinagdudusahan ng mamamayang Pilipino ang delubyo at pangyuyurak sa soberanya at karapatan na hatid nito. Ito ang dahilan kung bakit sa 25 taong pag-iral nito'y paulit-ulit na inirerehistro ng taumbayan ang pagtutol at pagpapabasura rito. Sa harap ng kasalukuyang banta ng inter-imperyalistang gera, dapat palakasin ang pananawagan na ibasura ang VFA at iba pang tagibang na kasunduang militar sa US. Kailangan ding ilinaw sa mamamayan na huwad ang postura ng US na dedepensahan nito ang Pilipinas mula sa pang-aatake ng China. Dapat manguna ang mga rebolusyonaryong pwersa sa paglalantad sa hegemonikong interes ng US na pang-uupat ng gera sa West Philippine Sea (WPS). Sa halip na magpalinlang sa propaganda ng US at GRP, itulak ang alternatibong mga hakbang upang mapayapang resolbahin ang usapin sa WPS gaya ng pakikipagnegosasyon sa China at pakikipag-alyansa sa mga kalapit na bansang katunggali rin ng China. Likhain natin ang isang masiglang kilusang makabayang anti-imperyalistang makikipaggitgitan upang ipagtanggol ang pambansang soberanya ng Pilipinas sa panghihimasok ng US at pati ng China.

Buuin natin ang malawakang pagkukundena sa pagiging mapandigma ng imperyalismong US at pagsasangkalan nito sa Pilipinas sa inter-imperyalistang digma laban sa China. Iugnay ang mga pakikibakang masa para sa karapatan, lupa, sahod, trabaho at kabuhayan sa paglaban sa pagkubabaw ng imperyalismong US sa malakolonyal at malapyudal ng lipunang Pilipino.

Kailangang palahukin ang buong bayan sa anti-imperyalistang pakikibaka at sama-samang isigaw sa mga lansangan, pagawaan, eskwelahan at kanayunan: Ibasura ang VFA! Palayasin ang tropang US!#